PEAC
PRIVATE EDUCATION ASSISTANCE COMMITTEE
Trustee of the Fund for Assistance to Private Education

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

2018

LEARNING MODULE

Araling Panlipunan G10 | Q3

Mga Isyu at Hamon sa Kasarian

PEAC National Secretariat
Units 2505-2507, 25th Floor Philippine AXA Life Centre
1286 Sen. Gil Puyat Avenue corner Tindalo St., Makati City
Tel No.: (02) 8-570-7322
Fax No.: (02) 8-511-7695

NOTICE TO THE SCHOOLS

This learning module (LM) was developed by the Private Education Assistance Committee under the GASTPE Program of the Department of Education. The learning modules were written by the PEAC Junior High School (JHS) Trainers and were used as exemplars either as a sample for presentation or for workshop purposes in the JHS In-Service Training (INSET) program for teachers in private schools.

The LM is designed for online learning and can also be used for blended learning and remote learning modalities. The year indicated on the cover of this LM refers to the year when the LM was used as an exemplar in the JHS INSET and the year it was written or revised. For instance, 2017 means the LM was written in SY 2016-2017 and was used in the 2017 Summer JHS INSET. The quarter indicated on the cover refers to the quarter of the current curriculum guide at the time the LM was written. The most recently revised LMs were in 2018 and 2019.

The LM is also designed such that it encourages independent and self-regulated learning among the students and develops their 21st century skills. It is written in such a way that the teacher is communicating directly to the learner. Participants in the JHS INSET are trained how to unpack the standards and competencies from the K-12 curriculum guides to identify desired results and design standards-based assessment and instruction. Hence, the teachers are trained how to write their own standards-based learning plan.

The parts or stages of this LM include Explore, Firm Up, Deepen and Transfer. It is possible that some links or online resources in some parts of this LM may no longer be available, thus, teachers are urged to provide alternative learning resources or reading materials they deem fit for their students which are aligned with the standards and competencies. Teachers are encouraged to write their own standards-based learning plan or learning module with respect to attainment of their school's vision and mission.

The learning modules developed by PEAC are aligned with the K to 12 Basic Education Curriculum of the Department of Education. Public school teachers may also download and use the learning modules.

Schools, teachers and students may reproduce the LM so long as such reproduction is limited to (i) non-commercial, non-profit educational purposes; and to (ii) personal use or a limited audience under the doctrine of fair use (Section 185, IP Code). They may also share copies of the LM and customize the learning activities as they see fit so long as these are done for non-commercial, non-profit educational purposes and limited to personal use or to a limited audience and fall within the limits of fair use. This document is password-protected to prevent unauthorized processing such as copying and pasting.

ARALING PANLIPUNAN 10

Module 3: Mga Isyu At Hamon Sa Kasarian

Lesson 1: Konsepto ng Kasarian at Seks

☑ INTRODUKSYON AT MGA POKUS NA TANONG:

Napapansin mo ba na mayroong mga bagay na para lamang sa kalalakihan at mayroong para lang din sa kababaihan? Gaya na lamang ng paglalaro ng manika para sa mga batang babae at baril naman para sa mga batang lalaki. Kapag nasasaktan ang lalaki, hindi siya maaring umiyak dahil tinuturing itong kabawasan sa kanyang pagkalalaki. Sa ating lipunan, medyo hindi maganda tingnan na kung ang babae ang siyang manligaw. Hindi

Sa modyul na ito, malalaman mo ang kahalagahan ng pagkakaroon ng kamalayan sa mga isyu, hamon at batas sa kasarian at lipunan upang maitaguyod ang isang pamayanan na may respeto at paggalang sa kapwa tungo sa pagkapantay pantay. Malalaman mo rin ang kaibahan ng seks at kasarian, at ang mga pagbabago sa gender roles hindi lamang dito sa Pilipinas, pati na rin sa buong mundo. Higit sa lahat, malalaman mo ang kasagutan sa tanong na ito:
EQ: Paano maitataguyod ang isang pamayanang may paggalang at respeto sa kapwa tungo sa pagkakapantay-pantay? Tandaan mo lamang na ang bawat gawain sa modyul na ito ay ginawa upang matulungan kang masagot ang katanungang ito.

☑ SAKLAW NG ARALIN:

Sa modyul na ito, masusuri mo ang katanungan gamit ang aralin na ito:

Sa aralin na ito, matutunan mo ang mga sumusunod:

1. Naipapaliwanang ang konsepto ng kasarian at seks (K)
2. Natatalakay ang pagbabago ng gender roles sa Pilipinas sa iba't-ibang panahon (K)
3. Nasusuri ang gender roles sa iba't-ibang panig ng daigdig(P)

MAPA NG MODYUL:
Ito ang simpleng concept map ng mga araling tatalakayin sa modyul na ito.



MGA INAASAHANG KAKAYAHAN:
Upang maging bihasa sa modyul na ito, kailangan mong gawin ang mga sumusunod:

1. Nakapagsasaliksik at nakakapagsusuri ng mga artikulo at mga datos.
2. Napapahalagahan ang pagkakaroon ng respeto at paggalang sa bawat miyembro ng lipunan.
3. Nakagagawa ng mga grapikong pantulong sa pag-unawa.
4. Nakakapagsusuri sa mga gender roles mula noon hanggang ngayon.
4. Nakapagpapaliwanag ng mga datos.
5. Nakagagawa ng paglalarawan ng mga dahilan at epekto ng gender isyu
6. Nakagagamit ng mga materyales mula sa teknolohiya.
7. Nakabubuo ng konseptong mapa.
9. Nakikilahok sa pangkatang talakayan.
10. Nakagagawa ng adbokasiya upang maitaguyod ang kapakanan ng bawat isa.

PANIMULANG PAGTATAYA

Ating tuklasin kung gaano kalalim ang iyong nalalaman tungkol sa modyul na ito. I-click ang letra ng iyong kasagutan na siyang inaakala mong pinakatamang sagot sa tanong. Sagutan lahat ng aytem. Pagkatapos gawin ang maikling pagsusulit na ito, ay makikita kung ilan ang iyong nakuha. Tignang mabuti ang mga aytem na hindi mo nasagot ng tama at matatagpuan mo ang kasagutan habang pinag-aaralan ang modyul na ito.

A 1. Ang kahulugan sa acronym na LGBTQ
   a. Legally Gay, Blonde, Totally Queer
   b. Lesbian, Gay, Bi-sexual, Transgender, Queer
   c. Literate, Gaiety, Beauty, Tattle, Queen
   d. Love, Grace, Beauty, Trust, Quaint

A 2. Ang ***Gender Expression*** ay isang termino na may kahulugang:
   a. Pamamaraang nagpapakita ng kataglayang masculinity o femininity.
   b. Pamamaraang gusto ng sarili kung paano maintindihan ng iba.
   c. Pamamaraang pag-istilo ng buhok, pagpili ng kasuotan at katayuan.
   d. Ang lahat ng mga pamamaraang nabanggit sa itaas.

A 3. Suriin ang larawan at sagutan ang tanong:

Paano kaya magkaroon ng malayang kalooban ang bawat tao na LGBTQ?
   a. kung ang local na pamayanan ay nagpapakita ng pag-unawa at pagtanggap sa mga LGBTQ*
   b. kung ang bawat miyembro ng pamilya ay nakakatunggali sa isang LGBTQ na kasapi
   c. kung ang LGBTQ ay palaging pinakikitaan ng kasamaang-loob sa LGBTQ sa mga kasiyahan.
   d. kung ang local na pamahalaan ay nagpapatupad ng mga ordinansang nagbabawal sa LGBTQ sa mga kasiyahan.

M 4. Basahin at suriin ang mga sumunod na sitwasyon. Sagutan ang tanong sa ibaba.

SITWASYON#1
Mameta Endo ay nagpasimuno sa Japan ng isang kilusan para sa "International Day Against Homophobia and Transphobia (IDAHOT), na idinaraos sa 17 sa buwan ng Mayo. Siya ngayon ay director sa naturang IDAHOT-net Japan (simula 2007).

SITWASYON #2
Ang Office of the United Nations High Commissioner for Human Rights (OHCHR) ay nagtalaga ng isang bago at mapilit na two-minute video/public

service announcement (PSA) na nagbibigay pokus sa impak ng homophobic and transphobic violence at discriminasyon sa buong daigdig. Ang PSA na "The Riddle", ay kumakatawan sa mga boses ng mga taong may iba't ibang kasarian at gender orientation. Layunin nito na mapaigting ang mga damdamin at mapalalim ang kaisipan ng publiko.

SITWASYON# 3
Ang Agusan del Norte ay nagpasa na ng ordinansang "anti-discrimination ordinance (ADO)" na nagbigay proteksyon sa lahat ng mga tao kahit ano man ang sexual orientation at gender identity at expression (SOGIE) nila. Ito ay ang Provincial Ordinance No. 358-2014 noong Julyo 21, 2014. Ang ordinansa ay nagbabawal sa diskriminasyon batay sa edad, kapansanan, ethnicity, kalusugan, physical na anyo, politikal affiliation, relihiyon, at social status.

Batay sa tatlong nabasang sitwasyon, paano maitataguyod ang isang pamayanang may paggalang at respeto sa kapwa tungo sa pagkakapantay-pantay?

a. Kapag nagpapatuloy sa mga pakikibaka laban sa mga organisadong LGBTQ.
b. Kapag makagawa ng mga ordinansang pangkalusugan at pang-kapayapaan.
c. Kapag lahat ng tao ay nakapagpakita na ng mataas na kamalayan sa pagkakaiba-iba ng uri, kasarian, sexual orientation, gender identity at expression, at kaya nitong mamumuhay na mapayapa, magka-isa, at magtulungan.
d. Kapag napasali na ang mga agenda ng LGBTQ sa SONA ng pangulo.

T 5. Ang Philippine Information Agency (PIA) ay nagpapasimuno ng isang programang pangradyo na pinamagatang "Maki-alam Tayo". Kung ikaw ay isang may pakanang mamamayan ano ang isusulong mo upang mapaigting ang kaalaman at partisipasyon ng nakararami?

a. Ang pagkakaroon ng mas mabuting kalagayang pang-ekonomiya para sa mga manggagawang LGBTQ.
b. Ang mapadami ang pangangalakal ng mga artistang LGBTQ.
c. Ang pagbabawas ng buwis sa mga mamamayang LGBTQ.
d. Ang pagsulong at pagsuporta sa isang ordinansa na nagbabawal sa diskriminasyon batay sa edad, kapansanan, ethnicity, kalusugan, physical na anyo, politikal affiliation, relihiyon, at social status.

A 6. Alin sa mga sumusunod na pangungusap ang tumutukoy sa konsepto ng kasarian?

a. biolohikal na pagkakaiba ng babae at lalaki
b. pagkakaiba-iba ng pananaw ng babae at lalaki

c. mga inaasahang gampanin ng babae at lalaki batay sa kultural at panglipunang alintuntunin
d. wala itong kaibahan sa konsepto ng seks

A 7. Ang sumusunod ay mga dahilan kung bakit nagkakaroon ng pagbabago sa gender roles sa kasalukuyang panahon, maliban sa
a. pagkakaroon ng mataas na antas ng edukasyon
b. pag iigting ng mga batas para sa gender equality
c. pagprepreserba ng kultura at tradisyon
d. pagbibigay tugon sa mga pangkabuhayang panganagailangan

P8. Basahin ang artikulo na pinamagatang, Gender Roles Change at Work and Home (http://workingmoms.about.com/od/workingmomsresearch/a/GenderRoles.htm)
Batay sa artikulo, ano ang naging reaksyon ng mga kalalakihan sa pagbabago ng gender roles?
a. Hindi tanggap sa kanila ang gawin ang mga tradisyonal na gawain ng kababaihan
b. Masama ang kanilang loob sa pagbabago ng gender roles sa kasalukuyan
c. Kunti lamang sa mga kalalakihan ang tanggap ito
d. Unti-unti nilang tinatanggap ang pagbabago ng gender roles

M9. Suriin ang mga sumusunod na sanggunian:
Education Gender Equity and Building a Harmonious Society of Gender (http://www.anpaper.com/education/education-gender-equity-and-building-a-harmonious-society-of-gender.html)
Gender Equality
https://www.youtube.com/watch?v=j85fGU3PeeY

Alin sa mga sumusunod ang mabisang paraan upang maitaguyod ang pamayanang may paggalang at respeto sa kapwa tungo sa pagkapantay-pantay?
a. pagtanggap sa mga tradisyunal na gender roles
b. pagkakaroon ng kamalayan sa mga isyu, hamon at batas sa kasarian at lipunan
c. paghadlang sa mga lipunang pagbabago patungkol sa kasarian
d. pagbigay parusa sa mga hindi sumusunod sa gender roles

M10. Bakit nagkakaroon ng mga diskriminasyong pangkasarian sa kasalukuyang panahon?

a. Hindi matangap ng mga kalalakihan na mas mahusay ang mga kababaihan
b. Naniniwala pa rin ang karamihan na ang lugar ng kababaihan sa lipunan ay sa bahay lamang
c. May mga lipunan na kulang ang kanilang kamalayan sa mga isyu, hamon at batas na may kaugnayan sa kasarian
d. Mababa pa rin ang tingin sa kababaihan dahil sa pagiging mahina

T 11. Ayon sa ulat ng NCSB, kapansin pansin na sa loob ng mga nagdaang taon, tumataas ang bahagi ng kababaihan sa tinatawag na labor force. Subalit, nanatiling malaki pa rin ang agwat sa pagitan ng kalalakihan at kababaihan kung "*labor force participation rate*" ang pag-uusapan.
Paano maitataguyod ang pagkapantay-pantay sa lipunan at maiwasan ang malaking agwat ng kalalakihan at kababaihan?

a. pag aralan ang mga isyu tungkol sa gender
b. gumawa ng adbokasiya na nagsusulong ng pagkapanatay pantay
c. sundin ang gender roles na inaasahan ng lipunan
d. hayaan na lamang na ganitong sitwasyon

A 12. Dahil sa dumaraming bilang ng mga kabataan, kababaihan, at mg LGBT na nakararanas ng karahasan at diskriminasyon, ang mga kinatawan ng mga grupong nagsusulong sa karapatang pantao ay nagtipon-tipon noong Nobyembre 6-9, 2006 sa Indonesia upang pagtibayin ang isang pandaigdigang pakikibaka para sa isyu ng "sexual orientation" at "gender identity". Ano ang nagging bunga ng pagtitipon na ito?
Pagkakabuo ng Gender Development Plan Framework

a. Pagkakabuo ng Yogyakarta Principles
b. Pagkakabuo ng Komisyon ng Karapatang Pantao
c. Pagkakabuo ng Asosasyon ng LGBTQ

A 13. Pag-aralan ang dayagram sa ibaba, anong pahayag ang nagpapakita ng ideya na nakapaloob sa dayagram?
(http://www.washingtonpost.com/posteverything/wp/2014/06/10/the-best-way-to-end-violence-against-women-stop-taking-lovers-and-get-married/)



Figure 5–10. Incidence of Endangerment Standard Abuse by Family Structure and Living Arrangement.

a. Mas maraming mga batang nakikitira sa kanilang mga magulang ang inaabuso
b. Mas maraming mga bata na inaabuso ay mula sa mga pamilya ng naghiwalay na mga magulang
c. Mas maraming batang naabuso ay mula sa tahanan kung saan wala ang legal na ama ng tahanan at ang ina ay may bagong asawa o kinakasama
d. Mas maraming bata ang inaabuso ng kanilang sariling mga ina at ama

A 14. Suriin ang dayagram sa ibaba at piliin sa mga pahayag ang heneralisasyong HINDI angkop para dito



Ang lahat ng mga babae ay maaaring makaranas ng karahasan at diskriminasyon saan man sa mundo
a. Mas maraming mga magagandang babae na walang asawa ang nakararanas ng karahasan at diskriminasyon
b. Mas maraming mga may-asawang babae ang hindi nakararanas ng karahasan at diskriminasyon
c. Mas maraming babaeng iniwan o hiwalay na sa asawa ang nakararanas ng karahasan at diskriminasyon

M 15. Suriin ang mga pahayag sa ibaba. Anong mahalagang katotohanan tungkol sa mga kababaihan ang ipinapahiwatig ng mga ito?
i. Today girls like you have more opportunity and choices than ever before – just remember all choices come with tradeoffs.
   - Excerpt from Dear Daughter
ii. Certainly the “wage gap” — the idea that differences between men and women’s average earnings is evidence that women are routinely discriminated against — is a pervasive and pernicious myth

- Dir. Carrie Lukas of IWF

iii. Women of all cultures, races, occupations, income levels, and ages are battered - by husbands, boyfriends, lovers and partners.
- Surgeon General Antonia Novello, Cambridge, MA

a. Ang karahasan at diskriminasyon sa mga kababaihan ay isang sakit ng lipunan sa buong mundo na nangangailangan ng agarang tugon
b. Ang lumalalang karahasan at diskriminasyon sa mga kababaihan sa buong mundo ay dulot ng kultura, kawalan ng batas ukol dito, at mababang antas ng edukasyon
c. Ang mga kababaihan ay unti-unti nang nagigising upang ipaglaban ang kanilang mga karapatan
d. Ang isyu ng mga kababaihan sa buong mundo ay patuloy na pinapalala ng mga pandaigdigang di pagkakaunawaan

M 16. Pagnilayan ang mga sumusunod na news headline at bumuo ng isang heneralisasyon kung paano makakamit ang isang pamayanang may paggalang at respeto tungo sa pagkakapantay-pantay?

I. SC declares Anti-Violence Against Women Law constitutional - See more at: http://asianjournal.com/news/sc-declares-anti-violence-against-women-law-constitutional/#sthash.F4XIfZCt.dpuf

II. On the Constitutionality of the Anti-Violence Against Women and their Children Act of 2004

III. By Carlo Enrico C. Alojado:
Amidst the more controversial and politically charged news of the day, there has been a steady increase of media coverage on cases involving celebrities involved in a special category of cases, more commonly known as "Anti-VAWC" cases or cases of violence against women and children. Anti-VAWC cases are governed by Republic Act No. 9262 ("RA 9262").
http://www.accralaw.com/publications/constitutionality-anti-violence-against- women-and-their-children-act-2004

IV. School Violence
How Prevalent is it?
As teachers, parents and students prepare and begin this new school year, hopefully fears of school violence such as the Columbine shootings will not be their major concern. What is sad is that school violence needs to be a concern at all. The fact is, violence of one sort or another is part of many schools today. Fortunately, this usually involves a small group of people fighting amongst themselves. In a recently completed study of the Class of 2000 , CBS News found that 96% of students said they felt safe in school.

http://712educators.about.com/cs/schoolviolence/a/schoolviolence.htm?utm_term=article%20on%20violence&utm_content=p1-main-1-title&utm_medium=sem&utm_source=google&utm_campaign=adid-f1a0d626-9ab6-4cdf-8c7b-d6b91899d55d-0-ab_gsb_ocode-12484&ad=semD&an=google_s&am=broad&q=article%20on%20violence&dqi=&o=12484&l=sem&qsrc=999&askid=f1a0d626-9ab6-4cdf-8c7b-d6b91899d55d-0-ab_gsb

a. Ang pagkamit ng pamayanang may pagkakapantay-pantay ay responsibilidad ng lahat at hindi ng iilan *
b. Ang paglalagay ng tuldok sa circulo ng karahasan ay responsibilidad ng mga abogado at ng Korte Suprema
c. Ang pagkamit ng pantay pantay na pamayanan ay dapat itinuturo sa bahay at paaralan
d. Ang pagkakaroon ng pamayanang may pagkakapantay-pantay ay ninanais ng lahat ng pamilyang Pilipino

M 17. Basahin ang artikulo na nasa url link.
http://www.aasas.ca/index.php/main/page/myths-realities-societys-misconceptions-2010-11-02-12-11-02
Bilang isang mag-aaral ng Grade 10 at isang responsableng mamamayanan ng iyong pamayanan, paano kaya masosolusyunan ang lumalalang antas ng karahasan at diskriminasyon sa mga kababaihan, kabataan, at LGBTQ?

a. Ang mga kababaihan ay dapat bumuo ng mga organisasyong magsusulong sa pagkakaroon ng mga batas upang sila ay maprotektahan
b. Ang Pamahalaan ay dapat bumuo ng mas malakas na batas upang masugpo ang mga karahasan at diskriminasyon sa mga kababaihan, kabataan, at LGBTQ
c. Ang kaalaman, pakikilahok at pakikialam ng lahat ng mga sektor ng lipunan at mga mamamayan tungkol sa isyu ng kasarian at diskriminasyon ay kailangang upang masugpo ang karahasan at diskriminasyon sa lipunan
d. Ang karahasan at diskriminasyon ay dapat gawing isang paksa sa lahat ng mga asignatura sa elementarya at hayskul upang mapalawak ang kanilang kaalaman

M 18. Paano nakakatulong ang iba't-ibang kampanya ukol sa karahasan at diskriminasyon ng mga kababaihan upang makamit ang isang pamayanan na may paggalang at respeto?

a. Ang mga kampanya ukol sa karahasan at diskriminasyon ay nagsisilbing daan upang palawakin ang kaalaman ng publiko ukol sa paksa at sa mga responsibilidad na mayroon sila upang matigil na ang karahasan.

b. Ang mga kampanya ukol sa karahasan at diskriminasyon ay isang daan upang maipakilala ang iba't-ibang mga tao na nasa likod ng mga nabanggit na kampanya
c. Ang mga kampanya ukol sa karahasan at diskriminasyon ay instrumento upang maipaalala sa gobyerno ang kanilang tungkulin na pangalagaan ang mga mamamayan nito laban sa karahasan at diskriminasyon
d. Ang mga kampanya ukol sa karahasan at diskriminasyon ay daan upang ang mga tao sa iba't-ibang mundo ay magising sa katotohanang sila ay may pakialam

T 19. Napag-alamang sa inyong bayan ay maraming mga bata at kababaihan ang inaabuso ng mg miyembro ng kanilang sariling pamilya. Hindi nga lamang ito naipapaabot sa polisya o sa kinauukulan dahil sa paniniwala na walang miyembro ng pamilya ang bibitaw sa isa't-isa. Ikaw ay batang lumaki sa siyudad subalit dahil sa paglipat ng trabaho, napilitan ka at ng iyong pamilya na bumalik sa inyong bayan upang doon na ipagpatuloy ang pag-aaral. Sa eskuwelahan, ikaw ay itinalaga ng iyong Scout Master na siyang kinatawan ng paaralan para sa Chief Medal Girl Scout Award, isang patimpalak para kilalanin ang mga Girl Scout sa buong Pilipinas na may malaking kontribusyon sa pagpapabuti ng lipunang kanilang inabibilangan. Ang proyektong naisip mo na gagawin ay ang pagbabago sa paniniwala ng iyong mga ka-tribo ukol sa pagtatago sa karahasang nangyayari sa mga bata at babaeng miyembro ng kanilang pamilya. Paano mo kaya ito isasagawa?

a. Gagawa ka ng Dokumentary bidyo ukol sa karahasang nagaganap sa mga kabataan at kababaihan at ipapanood ito sa mga kaklase upang magkaroon sila ng kaalaman ukol sa mga pangyayaring ito
b. Bubuo ka ng isang grupo na gagawa ng isang Case Analysis na magpapatunay sa pagkakaroon ng karahasan sa inyong lugar at ipi-prisenta ito sa mga guro, at kinauukulan para sa nararapat na aksiyon gaya ng kampanya para sa kaalaman at responsibilidad ng mga mamamayan
c. Magsasagawa ng isang Forum kung saan tatalakayin ang mga epekto ng karahasan sa mga bata at mga kababaihan lalo na sa kanilang pisikal, emosyonal, at sikolohikal na aspeto
d. Maglalathala ng isang artikulo sa mga pahayagang nakaaabot sa iyong bayan na tumutuligsa sa karahasang nagaganap sa mga bata at kababaihan dito

T 20. Sa darating na 2016 Election, may posibilidad na magbabago ang mga miyembro ng gabinete ng pangulo. Ang lahat ay binigyan ng oportunidad na makasali sa mga pagpipilian para sa iba't-ibang mga posisyon. Ikaw ay matagal ng kinatawan ng sektor ng mga Kabataan, Kababaihan, at LGBTQ na isa sa mga nabigyan ng pagkakataong magpasa ng isang reporma sa larangan ng Edukasyon para mapalawak ang kaalaman ng publiko ukol sa

adhikain ng sektor na iyong kinabibilangan. Anong reporma ang iyong isusulong?

a. Pagdagdag ng sahod ng mga kawani ng Departamento ng Edukasyon at lahat ng guro sa pampublikong paaralan kapalit ng aktibong pakikilahok ng mga ito sa mga kampanya tungo sa pagkilala sa mga karapatan ng mga kabataan, kababaihan, at LGBTQ
b. Pag-pasa ng isang batas na kikilala sa mmga karapatan ng LGBTQ lalo na sa kanilang pananamit, pananalita, paniniwala at iba pa
c. Pagsusulong na gawing isang asignatura ang pag-aaral sa mga isyu tungkol sa Mga Hamon sa Kasarian at Seks sa Elementarya at Sekundaryang Antas upang mapaigting ang kaalaman ng publiko ukol sa mga isyu at responsibilidad mayroon sila tungkol dito
d. Gawing sapilitan ang pagtanggap sa mga kababaihan at LGBTQ sa mga gawain at trabaho na dati ay para sa mga lalaki lamang at ito ay dapat na mayroong kompensasyon na kagaya rin ng sa mga kalalakihan

PAGTUKLAS

Ano ang iyong kasarian? Mayroon bang pagkakataon na naisip mo na sana iba na lang ang iyong kasarian? Bakit?

Marahil marami kang maibabahagi tungkol sa usaping ito, umpisahan natin ang modyul na ito sa pamamagitan ng pagsagot sa susunod na gawain.

GAWAIN 1 Katangian ng Babae at Lalaki

Panuto: Ilarawan ang iyong mga kaisipan o pagkaunawa, damdamin at katangian bilang babae o lalaki. Kapanayamin ang isang kaibigan tungkol sa kanyang kaisipan o pagkaunawa, damdamin at katangian niya bilang babae o lalaki. Isulat ang sagot sa loob ng kahon.

Kahon 1

Kung ikaw ay babae, sagutin ang kahon na ito.

Ang aking kaisipan o pagkaunawa, damdamin at katangian bilang babae ay ang mga sumusunod:	Ang kaisipan o pagkaunawa, damdamin at katangian ni _____	Ang kaisipan o pagkaunawa, damdamin at katangian ni _____

a) _____ b) _____ c) _____	bilang babae ay ang mga sumusunod: a) _____ b) _____ c) _____	bilang lalaki ay ang mga sumusunod: a) _____ b) _____ c) _____

Kahon 2

Kung ikaw ay lalaki, sagutin ang kahon na ito.

Ang aking kaisipan o pagkaunawa, damdamin at katangian bilang lalaki ay ang mga sumusunod: a) _____ b) _____ c) _____	Ang kaisipan o pagkaunawa, damdamin at katangian ni _____ bilang lalaki ay ang mga sumusunod: a) _____ b) _____ c) _____	Ang kaisipan o pagkaunawa, damdamin at katangian ni _____ bilang babae ay ang mga sumusunod: a) _____ b) _____ c) _____

Pamprosesong Tanong:

1. Ano ang iyong natuklasan mula sa gawaing ito?
2. Anu-ano ang pagkakatulad at pagkakaiba ng lalaki at babae batay sa iyong mga isinulat sa kahon?
3. Bakit magkaiba ang lalaki at babae?

Mula sa unang gawain, napag alaman mo na mayroong pagkakatulad at pagkakaiba ang mga babae at lalaki. Nataya mo rin ang iyong sarili pagdating sa iyong sariling pananaw at kaalaman tungkol sa paksa. Gawin ang susunod na aktibity upang mailahad mo ang iyong inisyal na pang unawa patungkol sa pagtataguyod ng pamayanang may pag galang at respeto sa kapwa sa gitna ng pagkakaiba ng kasarian at seks.

GAWAIN 2 Map of Conceptual Change

Panuto: Punan ang Initial na Bahagi ng IRF Sheet sa ibaba. Isulat ang iyong sagot sa tanong.

Initial	***Paano maitataguyod ang isang pamayanang may paggalang at respeto sa kapwa tungo sa pagkakapantay-pantay?***
Revised	
Final	

Naibigay mo na ang iyong inisyal na kaalaman sa pamamagitan ng pagsagot sa IRF worksheet. Ngayon ay ating alamin at paghambingin ang iyong kasagutan sa inyong mga kaklase. Habang ikaw ay nahahambing ay napagtanto mo kung ang iyong kaalaman ay may kaugnayan sa pamantayan. Mapag-aaralan mo ang ibang konsepto na makakatulong upang magawa mo ang pangwakas na proyekto ng unit na ito. Ang proyekto ay ang paggawa ng adbokasiya. Umpisan nating linangin ang iyong kaalaman sa pamamagitan ng mga susunod na gawain.

PAGLINANG/ PAGPAPATIBAY

Sa bahaging ito ng aralin ay unti-unti mong aalamin kung paano maitataguyod ang isang pamayanang may paggalang at respeto sa kapwa tungo sa pagkakapantay-pantay. Ang layunin mo sa bahaging ito ng aralin ay maunawaan ang konsepto ng seks at kasarian. Mauunawaan mo rin ang gender roles sa Pilipinas at sa iba't-ibang panig sa mundo, at kung paano ito nagbago mula noon hanggang ngayon. Upang iyong malaman ang mga paraan, ipagpatuloy mo ang modyul.

Sa nakaraang gawain, naipamahagi mo ang iyong inisyal na pagkakaunawa maitataguyod ang isang pamayanang may paggalang at respeto sa kapwa tungo sa pagkakapantay-pantay. Upang mapatohanan ito, gawin mo ang susunod na aktibity.

GAWAIN 3 Pagsusuri ng mga Artikulo

Panuto: I-click ang mga sumusunod na URL. Basahin ang mga artikulo at sagutan ang Frayer's Model.

Artikulo 1: What do we mean by "sex" and "gender"?
http://www.who.int/gender/whatisgender/en/

Artikulo 2: Sex and gender: what is the difference?
http://jap.physiology.org/content/99/3/785

Batay sa mga artikulo na binasa, punan ang Frayer's Model

Kahulugan ng Kasarian at Seks:	Kaibahan ng Kasarian at Seks:
KONSEPTO NG KASARIAN AT SEKS	
Mga Halimbawa	Mga Halimbawa:

Pamprosesong Tanong:

1. Anu-ano ang kaibahan ng kasarian at seks?
2. Bakit mahalaga na malaman ang kaibahan ng dalawang konsepto?
3. Paano maitataguyod ang isang pamayanang may paggalang at respeto sa kapwa sa gitna ng pagkakaiba ng kasarian at seks?

Napag alaman mo mula sa mga artikulong nabasa ang mga pangunahing konsepto patungkol sa kasarian at seks. Upang lubos na maunawaan ito, gawin mo ang mga kasunod na gawain.

GAWAIN 4 **Kasarian o Seks**

Panuto: Suriin ang mga sumusunod na sitwasyon, lagyan ng K kung ito ay nagpapahayag ng katangian ng kasarian, S naman kung seks. Ipaliwanag ang iyong sagot.

Sitwasyon	Sagot	Paliwanag
1. Maalaga ang mga babae.		
2. Mas maraming politikong lalaki		
3. Mahilig ang babae magbasa, paglalaro ng soccer naman ang hilig ng mga lalaki		
4. Nag iiba ang boses ng lalaki pagnagbibinata		
5. Mas maaga ang puberty ng babae kaysa lalaki		

Pamprosesong Tanong:

1. Ano ang iyong naging basehan sa iyong mga sagot?
2. Kailan masasabi na ang isang katangian ay tumutukoy sa kasarian o sa seks?
3. Ano ang pagkakaiba at pagkakatulad ng kasarian at seks?
4. Bakit mahalaga na maunawaan ang konseptong ito?
5. Paano maitataguyod ang isang pamayanang may paggalang at respeto sa kapwa tungo sa pagkakapantay-pantay?

Nagkaroon ka ng mas malalim na kaalaman patungkol sa konsepto ng kasarian at seks. Dahil sa kaibahan ng katangian ng kasarian at seks, ang bawat lipunan ay may itinakdang gender roles para sa lalaki at babae. Aalamin mo ito sa susunod na gawain.

GAWAIN 5 Panayam kay Nanay at Tatay

Panuto: Kapanayamin sina nanay at tatay patungkol sa gender roles. Kumpletuhin ang tsart sa ibaba.

Ano ang mga inaasahang papel ng kababaihan sa bahay o sa lipunan?	Ano ang mga inaasahang papel ng kalalakihan sa bahay o sa lipunan?	Paano ito nabago sa paglipas ng panahon?

Pamprosesong Tanong:

1. Mula sa iyong panayam, ano ang ibig sabihin ng gender roles?
2. Anu-ano ang posibleng epekto ng pagkakaroon ng gender roles?
3. Baki mayroong mga gender roles ang lalaki at babae?
4. Bakit nagkaroon ng pagbabago sa gender roles sa paglipas ng panahon?
5. Paano maitataguyod ang isang pamayanang may paggalang at respeto sa kapwa tungo sa pagkakapantay-pantay?

Nalaman mo na ang babae at lalaki ay mayroong gender roles. Tingnan natin sa susunod na gawain kung paano nagsimula ang pagkakaroon ng gender roles. Gawin mo ang susunod na aktibity.

GAWAIN 6 Pagbubuod ng Research Paper

Panuto: Gamit ang Interactive Outline Tool, gumawa ka ng buod para sa isang research paper na pinamagatang, Gender Role of Filipino Working Wives in Metro Manila (http://www.google.com.ph/?gfe_rd=cr&ei=oAOFVOv5L8KL8QfQroGQCw#q=Gender+Role+of+Filipino+Working+Wives+in+Metro+Manila)

Pamprosesong Tanong:

1. Batay sa research paper na iyong binasa, ano ang pagbabago sa gender roles sa Metro Manila?
2. Paano mo mailalarawan ang gender roles sa Pilipinas?

3. Nakakabuti ba ang mga pagbabago sa gender roles sa ating lipunan? Ipaliwanag.
4. Paano maitataguyod ang isang pamayanang may paggalang at respeto sa kapwa tungo sa pagkakapantay-pantay?

Natuklasan mo sa nakaraang gawain kung paano nabago ang gender roles sa Pilipinas at kung paano ito nakakaapekto lalo na sa mga mag asawa. Sa susunod na gawain, ilalahad mo ang iyong damdamin o pananaw patungkol sa paksa.

GAWAIN 7 Paggawa ng Collage

Panuto: I click ang url: http://picasa.google.com/
Gamit ang Picasa, gumawa ng collage kung saan ipapakita ang pagbabago ng gender roles sa Pilipinas. Isumite ang iyong collage sa pamagitan ng pagbahagi ng link nito.

Pamprosesong Tanong:

1. Anu-ano ang mga pangunahing pagbabago sa gender roles sa Pilipinas?
2. Paano ito nakakaapekto sa pamilya at lipunan?
3. Paano maitataguyod ang isang pamayanang may paggalang at respeto sa kapwa tungo sa pagkakapantay-pantay?

Nasuri mo na ang gender roles sa Pilipinas at kung paano ito nagbago sa pagdaan ng panahon. Sa susunod na gawain, titingnan natin ang iba't-ibang sitwasyon kung saan nangingibabaw ang mga tradisyonal na gender roles. Susuriin natin kung ito ay nangyayari pa rin sa modernong panahon.

GAWAIN 8 Situational Analysis

Panuto: Basahin ang mga sumusuod na sitwasyon at isulat ang sagot sa tsart.

Sitwasyon	Sagot
1. Sina James at Rica ay magkarelasyon sa loob ng isang taon. Si James and ang nagdedesisyon kung saan sila pupunta at kung ano ang kanilang gagawin. Palaging si James ang nagbabayad sa lahat ng gastos nila. Dahil pareho na silang nagtratrabaho, nais ni Rika na umambag sa mga gastusin. Hindi pumapayag si James dahil para sa	1.

kanya ang lalaki ang dapat nagdedesisyon at may kontrol sa pinansyal na aspeto. Tanong: Tama ba si James sa kanyang paniniwala? Ipaliwanag.	
2. Sa isang isang basketball tournament kung saan ang bawat team ay may miyembro na babae at lalaki, inunsyo ng referee na kapag makapuntos ang babae dapat katumbas nito ay tatlong puntos. Para sa referee tama lang ang ganitong patakaran dahil ang kababaihan ay hindi kasing galing ng mga lalaki sa ganitong laro. Tanong: Sumasang ayon ka ba sa pahayag ng referee? Bakit?	2.
3. Si Dina ay 13- anyos, at nakatira sa isang liblib na lugar sa Nepal. Sabi ng kanyang ama siya ay nakatakdang ikasal sa isang 18-anyos na lalaki pagkalipas ng dalawang buwan. Hindi niya kailanman nakilala o nakita ang kanyang mapapangasawa. Nag protesta si Dina, ngunit sabi ng kanyang ama wala na siyang makakagawa dahil ang kanyang ama ang dapat masunod. Tanong: Tama ba ang ginawa ng kanyang ama? Bakit?	3.
4. Si Kathy ay nagtratrabaho bilang guro sa Math sa loob ng sampung taon. Nagkaroon ng bakante para sa pagka pinuno ng kanilang kagawaran, at interasado siya sa posisyon. Ngunit siya ay hindi napili dahil ang pagkapinuno ay nababagay lamang sa kalalakihan.	4.

Tanong: Sumasang ayon ka ba na ang matataas na rangko ay para lamang sa kalalakihan?	

Pamprosesong Tanong:

1. Anu-ano ang mga isyu na ipinakita sa iba't-ibang sitwasyon?
2. Alin sa mga sitwasyon ang ayaw mong mangyari sa iyo? Bakit?
3. Sa iyong palagay, nakakabuti ba na panatilihin ang mga nakagawiang gender roles?
4. Paano maitataguyod ang isang pamayanang may paggalang at respeto sa kapwa tungo sa pagkakapantay-pantay?

Natalakay na natin ang mga sitwasyon kung saan ipinapakita ang gender roles ng babae at lalaki. Tingnan natin sa susunod na gawain kung paano ito nangyayari sa iba't-ibang panig ng daigdig.

GAWAIN 9 Pagsusuri ng Teksto at Artikulo

Panuto: Basahin ang mga sumusunod na artikulo at kumpletuhin ang Reciprocal Teaching Worksheet.
Gender roles in different cultures
http://www.lifepaths360.com/index.php/gender-roles-in-different-cultures-2549/

Changing lives: gender expectations and roles during and after World War One – http://www.bl.uk/world-war-one/articles/changing-lives-gender-expectations

ABC World News - 2009-05-04 - Changing Gender Roles part 1
https://www.youtube.com/watch?v=izhZB4ff8IM

RECIPROCAL TEA Mga Modelo ng Pag-unlad CHING WORKSHEET



Pamprosesong Tanong:

1. Anu-ano ang mga dahilan ng pagbabago ng gender roles sa iba't-ibang panig ng mundo?
2. Paano tinanggap ng kababaihan at kalalakihan ang mga pagbabago na ito?
3. Nakakabuti ba ang mga pagbabago na ito? Ipaliwanag.
4. Paano maitataguyod ang isang pamayanang may paggalang at respeto sa kapwa tungo sa pagkakapantay-pantay?

Napag alaman mo ang mga dahilan ng pagkakaroon ng pagbabago ng gender roles sa iba't-ibang parte ng mundo. Magkakaiba rin ang pananaw ng mga tao patungkol sa pagbabago na ito. Sa susunod na gawain, susuriin mo ang mga artikulo at teksto patungkol sa gender sa iba't-ibang dako ng mundo, at ang diskriminasyon na dinadanas ng mga kababaihan.

GAWAIN 10 POW+ Tree

Suriin ang sumusunod na mga artikulo at video. Alamin ang pagkakaiba ng antas ng gender roles sa iba't-ibang dako ng daigdig. I-click ang mga URL upang malaman ang mga ito.

Gender roles vary widely across different cultural contexts
http://www.bl.uk/world-war-one/articles/changing-lives-gender-expectations

10 Examples of Gender Inequality Around the World
http://www.discovery.com/tv-shows/curiosity/topics/9-limited-mobility/

Top 10 most gender equal countries in the world
https://forumblog.org/2013/10/top-10-most-gender-equal-countries-in-the-world/

Pagkatapos basahin ang mga artikulo at panoorin ang video, isulat gamit ang POW+Tree Worksheet ang iyong opinyon at paninindigan tungkol sa mga isyu na may kaugnayan sa gender roles.



Pamprosesong tanong:

1. Ano ang ibig ipahiwatig ng mga artikulong iyong nabasa at video na iyong pinanood?
2. Bakit marami pa rin sa mga kababaihan ang nakakaranas ng diskriminasyon?
3. Paano naitaguyod ng Pilipinas at iba pang bansa ang pagkapantay-pantay?

Sa puntong ito ng aralin, marahil marami ka nang napag alaman tungkol sa paksa. Gawin ang susunod na gawain upang mailahad mo ang iyong mga bagong kaalaman.

GAWAIN 11 Mga Nabuong Kaalaman

Isulat mo ngayon sa REVISED na kolum ang mga bagong kaalaman patungkol sa kahalagahan ng kalakalang panlabas.

Initial	
Revised	Paano maitataguyod ang isang pamayanang may paggalang at respeto sa kapwa tungo sa pagkakapantay-pantay?
Final	

Mga Pamprosesong Tanong:

1. May nabago sa iyong kasagutan kumpara sa una mong ibinigay? Ipaliwanag.
2. Ano ang nagpabago o nagpanatili ng iyong kasagutan?
3. Paano nakatulong ang mga nakalipas na gawain sa pagsagot mo sa tanong?
4. Paano maitataguyod ang isang pamayanang may paggalang at respeto sa kapwa tungo sa pagkakapantay-pantay?

GAWAIN 12 3-2-1

Bago ka magpatuloy sa pagpapalalim ng iyong kaalaman at karanasan sa konseptong natutunan isagawa muna ang pagtatasa sa iyong sarili.



Kung mayroong mga katanungan, ipaalam ang guro patungkol sa mga konseptong hindi pa lubos naunawaan sa pamamagitan ng pagpadala ng email.

Katapusang Bahagi ng Paglinang

Sa bahaging ito ay nalaman mo na kung paano nagbago ang gender roles dito sa Pilipinas at sa ibang bansa. Nabalikan mo na ang unang bahagi ng modyul na ito at napaghambing ang iyon inisyal na kaisipan sa pamamagitan ng ibat-ibang gawain. Gaano naapektuhan ang iyong inisyal na ideya mula sa mga gawaing isinagawa? Alin sa mga ideyang ito ang kakaiba at kailangan mong baguhin? Anu-ano ang mga bagong hangarin at layunin na nais mong makamit.

Ngayon ay alam mo na ang mahahalagang kaisipan at ideya ukol sa paksang ito. Kung gayon ay palalimin na natin ang mga kaalamang ito sa pamamagitan na susunod na bahagi ng modyul na ito.

PAGPAPALALIM

Ang iyong layunin para sa bahaging ito ng ating aralin ay higit na makita at maunawaan ang iba pang aspeto ng aralin ukol sa paksa kung paano maitataguyod ang isang pamayanang may paggalang at respeto sa kapwa tungo sa pagkakapantay-pantay. Ang mga susunod na gawain ay makakatulong sa iyo upang masuri at mapagyaman ang iyong mga nalaman mula sa naunang mga aralin at gawain.

GAWAIN 13 Pagkapantay-pantay, Posible ba?

Panuto: I click ang url: https://www.youtube.com/watch?v=kYPgoEK6iPo at panoorin ang video na may pamagat na "The missing piece in the gender equality puzzle" | Joselyn DiPetta | TEDxNaperville. Habang pinapanood ang video, itala ang mahahalagang impormasyon gamit ang Evernote.

Pamprosesong Tanong:

1. Ano ang pangunahing mensahe ng video?
2. Anu-ano ang epekto ng gender stereotype?
3. Bakit mahalaga ang pagkakaroon ng gender empowerment?
4. Paano maitataguyod ang isang pamayanang may paggalang at respeto sa kapwa tungo sa pagkakapantay-pantay?

Sa mga nakaraang gawain naipakita kung bakit nararanasan pa rin ng mga kababaihan ang diskriminasyon. Nagkaroon ng ganoong pananaw dahil na rin sa mga *misconception* tungkol sa kasarian. Sa mga estadistika at pagaaral napatunayan na ang ganitong pananaw ay hindi nakakatulong sa pagtaguyod ng isang lipunang may paggalang at respeto tungo sa pagkapantay-pantay.

GAWAIN 14 Student's Synthesis

Panuto: Sa nakalipas na iba't-ibang bahagi ng aralin, nasuri at naibigay ang iyong panig sa mga artikulo, video, sitwasyon at isyu n may kinalaman sa kasarian. Ngayon pagsama-samahin natin ang iyong kasagutan sa mahalagang tanong na tinanong sa iyo sa mga nakalipas na mga gawain.

	Situation 1 Gawain 8: Situational Analysis	Situation 2 Gawain 9: Pagsusuri ng Teksto at Artikulo	Situation 3 Gawain 10: POW+ Tree
Essential Question: Paano maitataguyod ang isang pamayanang may paggalang at respeto sa kapwa tungo sa pagkakapantay-pantay?	Maitataguyod ang isang pamayanang may paggalang at respeto sa kapwa tungo sa pagkakapantay-pantay….	Maitataguyod ang isang pamayanang may paggalang at respeto sa kapwa tungo sa pagkakapantay-pantay….	Maitataguyod ang isang pamayanang may paggalang at respeto sa kapwa tungo sa pagkakapantay-pantay…

Pamprosesong Tanong:

1. Suriin ang mga kasagutan sa mahalagang tanong mula sa talahanayan. Paano sila magkakatulad?

2. Iisa lang ba ang pamamaraan sa pagsulong ng isang pamayanang may paggalang at respeto tungo sa pagkapantay-pantay? Kung ang sagot ay OO, ipaliwanag. Kung ang sagot ay hindi, paano nagkakaiba ang mga ito? Ipaliwanag at magbigay ng mga halimbawa.
3. Kumpletuhin ang mga sumusunod na pahayag at suportahan ang sagot ng mga halimbawa na nasa talahanayan.
   a. Ang pagsulong ng isang pamayanang may paggalang at respeto sa kapwa tungo sa pagkakapantay-pantay ay
   b. Ang mga nagpapatibay na detalye mula sa mga sitwasyon ay

   _____
   _____
   _____
   _____

GAWAIN 15 Aking Paninindigan

Panuto: Gamit ang iyong mga nalaman tungkol sa aralin na ito punan ang STOP & DARE Planning Sheet: (cte.jhu.edu/onlinecourses/SchoolofEducation/JHUSSI/English/Sciencefiction?STOP.DARE_planningsheet.pdf.)

Punan ng mga kinakailangang impormasyon ang worksheet. Gamitin ang Premise: “Ang pagbabago sa gender roles ay nakakatulong sa pagtataguyod ng pagkapantay-pantay sa lipunan”. Pagkatapos itong maisulat, i-upload ito sa facebook group ng klase, obserbahan ang reaksiyon ng iyong mga kaklase at makipagtalakayan ukol dito.

Naibahagi mo ang iyong paninindigan at saloobin patungkol sa gender roles. Nalaman mo rin ang reaksiyon ng iyong mga kaklase. May nabago sa iyong pananaw habang ikaw ay nakikipagtalakayan sa iyong mga kaklase? Napag-usapan niyo ba ang maaring hakbang upang maitaguyod ang isang pamayanang may paggalang at pagrespeto tungo sa pagkapantay-pantay? Iyong alamin sa mga susunod na gawain ang mga posibleng pamamaraan kung paano ito maitaguyod.

GAWAIN 16 Paano Ako Tutugon?

Panuto: Malalim na ang iyong nalalaman sa paksang tinalakay, ngayon ay subukan nating kunin ang iyong pananaw kung ikaw ay bibigyan ng pagkakataong magdesisiyon. Sagutan ang sitwasyon sa ibaba.

	SITWASYON: Diskriminasyon sa Kasarian
PAANO MO ITO TUTUGUNAN KUNG IKAW AY ISANG ……	
Gender Equality Advocate	
Mambabatas	
Journalist	
Konklusyon: Paano maitataguyod ang isang pamayanang may paggalang at respeto sa kapwa tungo sa pagkakapantay-pantay?	

Pamprosesong Tanong:

1. Ano ang gagawin mo sa isyung diskriminasyon sa kasarian kung ikaw ang nasa katayuan ng mga sumusunod?
    a. Gender Equality Advocate
    b. Mambabatas

c. Journalist
2. Bakit mo ito gagawin?
3. Paano mo ito isasagawa? Ipaliwanag.
4. Paano maitataguyod ang isang pamayanang may paggalang at respeto sa kapwa tungo sa pagkakapantay-pantay?

Ngayon naman ay ating aalamin ang mga pagbabago sa iyong kaalaman tungkol sa paksa. Balikan ang IRF at sagutan ang bahaging "F" o Final.

Initial	
Revised	
Final	Paano maitataguyod ang isang pamayanang may paggalang at respeto sa kapwa tungo sa pagkakapantay-pantay?

Makibahagi sa Discussion Forum para malaman kung ano ang naging sagot ng iba pang mga mag-aaral. Makatutulong din ito upang mas maging malinaw pa ang iyong pagkakaunawa sa paksa.

Pamprosesong Tanong:
1. Anu-anong mga nagbago sa iyong pananaw tungkol sa konsepto ng kasarian at seks?
2. Bilang isang kabataan at responsableng mamamayan, paano mo pahahalagahan ang iyong mga natutunan upang maitaguyod ang pamayanang may paggalang at respeto sa kapwa tungo sa pagkakapantay-pantay

Nasukat mo na ang iyong kaalaman at kung gaano na ito kalawak. Ngayon naman ay ating alamin ang iyong kahandaan upnag maipagpatuloy ang susnod na gawain.

GAWAIN 17 Gaano ka na ka handa?

Panuto: Mula sa ibaba ay nakikita mo ang isang traffic light na naglalarawan ng iyong kahandaan sa susunod na bahagi o gawain. Piliin mo lamang ang kulay na nagpapahiwatig ng iyong kahandaan.



PULA (Hindi ko pa nauwaan ang mga konsepto sa aralin)

DILAW (May mga katanungan pa ako tungkol sa aralin)

BERDE (Naunawaan ko na!)

Kung ang pinili mo ay berde, ikaw ay maari ng magpatuloy sa susunod na gawain. Subalit kung pinili mo ang ibang kulay, magpadala ng email sa guro sa iyong mga agam-agam o katangungan tungkol sa paksa.

Katapusang Bahagi ng Pagpapalalim

Ngayon na mas marami at mas malalim na ang iyong pagkakaunawa sa paksang ito, ikaw ay handa para magpatuloy sa mga susunod na mga bahagi.

PAGLILIPAT

Ang iyong layunin para sa bahaging ito ay magamit ang mga kaalamang natutunan mo sa totoong karanasan sa buhay. Isang gawain na magpapakita ng iyong pagkakaunawa sa kabuang ideya o konseptong tinalakay natin sa modyul na ito.

Sa mga naunang modyul, gumawa ka ng pagsusuri sa dokomentaryo at case studies patungkol sa mga gender roles at nasubukang gumawa ng campaign materials. Marahil nakita mo ang kahalagahan nito sa pagkakaroon ng kamalayan sa mga isyu, hamon at batas upang maitaguyod ang isang pamayanang may paggalang at respeto sa kapwa tungo sa pagkakapantay-pantay. Sa susunod na gawain, ikaw ay inaasahang makabuo ng adbokasiya na magpapaigting sa kaalaman at partisipasyon ng mga mamamayang Pilipino sa pagtaguyod ng gender equality.

GAWAIN 18 Performance Task

Gaganapin ang isang Open Forum na may temang Gender: Getting to Equal sa Setyembre 2014 na naglalayong makagawa ng isang adbokasiya. Ito ay pinangungunahan ng World Bank at UNO. Ikaw ay napiling magbabahagi ng iyong karanasan, obserbasyon, at tugon sa mga isyu at hamon sa kasarian.
Gamit ang iyong kaalaman patungkol sa mga isyu, hamon at batas sa kasarian at lipunan, ikaw ay maaring isang:

1. Human Rights Advocate
2. Journalist
3. Peace Corps
4. Mambabatas (Party List Representatives) na gagawa ng:
   - Documentary
   - Script/ Article
   - Peace Diary
   - Bill

   at ito ay ilalahad sa harap ng mga delegado mula sa iba't-ibang sektor na nagsusulong ng pagkakapantay-pantay.
   Ang produkto ay tatayain base sa sumusunod:
   - Nilalaman
   - Kaangkupan
   - Presentasyon/Organisasyon

GAWAIN 19 REFLECTIVE JOURNAL

Gamit ang isang Reflection Journal, gawan ng paglalagom lahat ng iyong natutunan sa modyul na ito at kung papaano mo gagamitin ang iyong mga naipong kaalaman para makamit ang pambansang pagsulong at pag unlad.

Sa Modyul na ito, aking napag-alaman
na_____
_____
_____.
Aking gagamitin ang aking mga natutunan sa pagtulong na
maitaguyod ang pamayanang may paggalang at respeto sa kapwa
tungo sa pagkakapantay-
pantay_____
_____
_____
_____

Katapusang Bahagi ng Paglilipat

Paano makakatulong ang adbokasiyang pang kasarian upang maitaguyod ang pamayanang may paggalang at respeto sa kapwa tungo sa pagkakapantay-pantay?

Paano mo ilalarawan ang pangwakas na gawain? Paano nakatulong ang paggawa ng mga adbokasiya sa kasalukuyang panahon?

Kung may katanungan at paglilinaw sa paksang ito gamitin ang discussion forum ng modyul.

Binabati kita dahil natapos mo na ang araling ito.

GLOSSARY OF TERMS USED IN THIS LESSON:

Kasarian

- ay tumutukoy sa pagkakaiba sa pagitan ng mga lalaki at ng mga babae ayon sa pananaw ng lipunan o kultura

Seks

- ay tumutukoy sa biyolohikal na pagkakaiba sa pagitan ng mga lalaki at ng mga babae

REFERENCES AND WEBSITE LINKS USED IN THIS LESSON:

ABC World News - 2009-05-04 - Changing Gender Roles part 1 (https://www.youtube.com/watch?v=izhZB4ff8lM)

Changing lives: gender expectations and roles during and after World War One – http://www.bl.uk/world-war-one/articles/changing-lives-gender-expectations

Gender Equality
http://teachunicef.org/explore/topic/gender-equality

Gender equality and women's empowerment
http://www.eurasia.undp.org/content/rbec/en/home/ourwork/womenempowerment/in_depth/

Gender roles vary widely across different cultural contexts
http://www.bl.uk/world-war-one/articles/changing-lives-gender-expectations

Gender Role of Filipino Working Wives in Metro Manila
http://www.google.com.ph/?gfe_rd=cr&ei=oAOFVOv5L8KL8QfQroGQCw#q=Gender+Role+of+Filipino+Working+Wives+in+Metro+Manila

Gender roles in different cultures
http://www.lifepaths360.com/index.php/gender-roles-in-different-cultures-2549/

Promote Gender Equality and Empower Women by 2015
http://www.worldbank.org/mdgs/gender.html

Souad Slaoui, Morocco: Men Need to be Part of Effort on Women's Rights
https://www.youtube.com/watch?v=UOsBjROZ9xw&index=4&list=PLrI3Iy0dqgpQGfyEUgnBGhG2jY5vTStCT

10 Examples of Gender Inequality Around the World
http://www.discovery.com/tv-shows/curiosity/topics/9-limited-mobility/

Top 10 most gender equal countries in the world
https://forumblog.org/2013/10/top-10-most-gender-equal-countries-in-the-world/

What do we mean by "sex" and "gender"?
http://www.who.int/gender/whatisgender/en/

Bago ka magpatuloy sa susunod na aralin kailangan mong sagutan ang Post-Test.

PANGHULING PAGTATAYA

Ngayon ay tatayahin natin ang iyong mga natutunan mula sa modyul na ito. I click ang titik na nagsasaad ng tamang kasagutan. Makikita mo ang iyong iskor pagkatapos ng pasulit. Kung mahusay ang resulta, maari mo ng gawin ang susunod na modyul. Gawin ulit ang modyul na ito kapag hindi nakuha ang inaasahang antas.

A 1. Ang kahulugan sa acronym na LGBTQ
   a. Legally Gay, Blonde, Totally Queer
   b. Lesbian, Gay, Bi-sexual, Transgender, Queer
   c. Literate, Gaiety, Beauty, Tattle, Queen
   d. Love, Grace, Beauty, Trust, Quaint

A 2. Ang ***Gender Expression*** ay isang termino na may kahulugang:

a. Pamamaraang nagpapakita ng kataglayang masculinity o femininity.
b. Pamamaraang gusto ng sarili kung paano maintindihan ng iba.
c. Pamamaraang pag-istilo ng buhok, pagpili ng kasuotan at katayuan.
d. Ang lahat ng mga pamamaraang nabanggit sa itaas.

A.3. Suriin ang larawan at sagutan ang tanong:

Paano kaya magkaroon ng malayang kalooban ang bawat tao na LGBTQ?

a. kung ang local na pamayanan ay nagpapakita ng pag-unawa at pagtanggap sa mga LGBTQ
b. kung ang bawat miyembro ng pamilya ay nakakatunggali sa isang LGBTQ na kasapi
c. kung ang LGBTQ ay palaging pinakikitaan ng kasamaang-loob sa LGBTQ sa mga kasiyahan.
d. kung ang local na pamahalaan ay nagpapatupad ng mga ordinansang nagbabawal sa LGBTQ sa mga kasiyahan.

M 4. Basahin at suriin ang mga sumunod na sitwasyon. Sagutan ang tanong sa ibaba.

SITWASYON#1

Mameta Endo ay nagpasimuno sa Japan ng isang kilusan para sa “International Day Against Homophobia and Transphobia (IDAHOT), na idinaraos sa 17 sa buwan ng Mayo. Siya ngayon ay director sa naturang IDAHOT-net Japan (simula 2007).

SITWASYON #2

Ang Office of the United Nations High Commissioner for Human Rights (OHCHR) ay nagtalaga ng isang bago at mapilit na two-minute video/public service announcement (PSA) na nagbibigay pokus sa impak ng homophobic and transphobic violence at discriminasyon sa buong daigdig. Ang PSA na “The Riddle”, ay kumakatawan sa mga boses ng mga taong may iba’t ibang kasarian at gender orientation. Layunin nito na mapaigting ang mga damdamin at mapalalim ang kaisipan ng publiko.

SITWASYON# 3
Cartoon / TV Series Character	**In Reference to LGBTQ**	**Why a Hero?**
Paano naging epektibo ang media sa pagtataguyod ng isang kampanya na magbigay kaliwanagan sa mga bagay na hindi masyadong naintindihan o tanggap ng iba't ibang uri ng tao sa lipunan?		

Paano kaya mapatibay ang pagtanggap at pagbigay respeto sa iba't ibang uri ng tao sa lipunan?
Paano nagiging pantay-pantay ang iba't ibang uri ng mga tao sa lipunan?

Malayo na nga ang naabot na pakikibaka ng mga iba't ibang uri ng tao sa lipunan. Bago pa siguro makamit ang tunay na kalayaan sa pagpapahayag sa sarili at pagkakaroon ng malawak na pananaw sa tinatawag na "Preferred Gender Identity at Gender Orientation" ay magkakaroon muna ng mga malawakan at aktibong pangangampanya para sa pagtanggap at pagbigay ng mga karapatang pambabae at karapatang LGBTQ. Mahalaga din ang papel ng bawat mamamayan na magkaroon ng mataas na kamalayan sa mga katotohanang may iba't ibang uri ng tao sa lipunan at walang sinuman ang may karapatang humusga sa mga pagpapasya ng bawat isa kung paano mamumuhay sa mundong ginagalawan. Ang respeto ay kusang ibinibigay ng tao kung ito ay karapat-dapat.

Subukan mo ngayong gumawa ng sariling pagtataya sa mga nalalaman mo na sa ***Mga Isyu sa Kasarian sa Lipunan.*** Sagutan ang Value Chart. Lagyan ng ***tsek (√)*** kapag sang-ayon o ***ekis (X)*** kapag hindi sang-ayon sa mga sumusunod na mga pahayag.

Statement	Agree	Disagree
1. Ang mga kababaihan ay may sariling mundo na ginagalawan kung kaya ay dapat silang hayaan na lang.		

2. Ang mga LGBTQ ay mga taong malayang nagpahayag o nagpasya sa kanilang Gender identity/ Gender orientation.		
3. Ang mga karapatang LGBTQ ay mga karapatang pantao.		
4. Ang respeto ay inaani ng iba't ibang uri ng tao sa lipunan.		
5. Ang pakikibaka ay naaayon sa kasarian ng bawat isa.		
6. Marami ang nagagawang masama kapag ang kasama ay isang LGBTQ.		
7. Maraming LGBTQ sa Pilipinas kung ikumpara sa ibang mga bansa.		
8. Malayang nakapagpahayag ang mga LGBTQ sa ating bansa.		
9. Ang mga dalagang babae ay dapat pagbawalan na makasal kapag nabuntisan.		
10. Makasali ang sino man sa paglathala ng opinion sa ano mang medium.		

Subukan mong tanungin ang sarili sa mga napag-aralan mo na. Gamitin ang isang check para sa pagka-unawa:

Thumb it!
Tugunan mo ngayon ang pagtataya sa natutuhan sa aralin sa paggamit mo ng iyong hinlalaki.

UP	SIDEWAYS	DOWN
Full speed ahead	**Slow Down, I'm getting confused**	**Stop! I'm Lost.**

Sagutan ang tanong: "Anong pang-unawa ko na sa?"
Kapag ang hinlalaki ay…
Nakataas – "Marami akong alam".
Nakatagilid – "May kaunti akong alam at may pagkalito".
Nakababa – "Teka muna, ako ay nawawala".

Inaasahan na ang susunod na gawain ay makatulong sa pagpalalim ng iyong mga kaalaman.

Tunghayan mo ngayon ang piling website na ito upang maipahayag mo ang sariling pananaw o mga opinyon mo na matapos napag-aralan ang tungkol sa mga isyu ng iba't ibang kasarian.

GAWAIN 9. Clippings. Me

Gumawa ng sariling portfolio patungkol "**Mga Isyu sa mga Kasarian sa Lipunan"**. Gamitin ang website na nasa ibaba.
https://www.clippings.me/writing-portfolio-how-to Clippings.Me

1. I-click ang website.
2. Sundin ang mga hakbang upang makagawa ng sariling portfolio.
3. Kumuha ng mga larawan o mga video clips atbp. Upang mapaganda ang mga clippings mo.
4. I-save at isumite online (email ng guro o twitter na site) depende sa nagawang account.
5. Sa huling bahagi ipakita kung papaano nagiging pantay-pantay ang iba't ibang uri ng tao sa lipunan.

Pagtatapos ng Paglilinang

> Inaasahang sa puntong ito na nabalikan mo na ang unang bahagi ng modyul na ito at napaghambing ang iyong inisyal na kaisipan sa pamamagitan ng ibat-ibang gawain. Gaano naapektuhan ang iyong inisyal na ideya mula sa mga gawaing isinagawa? Alin sa mga ideyang ito ang kakaiba at kailangan mong baguhin? Ano-ano ang mga bagong hangarin at layunin na nais mong makamit?

GAWAIN 10. Mapa ng Pagbabago (R Part)

Balikan mo ngayon ang IRF Worksheet. Punan ng sagot ang ikalawang hanay. Isulat kung anu-ano na ang nagbago sa iyong mga pasimulang kaalaman. Gumawa ng pagkukumpara.

IRF Worksheet

Initial Thoughts:
Revised Answers:
Final Answer:

Marami na ang mga rekomendasyon kung papaano palakasin upang mapagaan at mapadali ang paglutas sa mga isyu sa seks at kasarian ng tao sa lipunan. Dito sa bansa ay nagkaroon na ng pagpapalawak ng nationwide database na makatulong sa mga LGBTQ; pagpapaunlad sa pambansang pultikal framework upang maisali ang mga kababaihan at mga LGBTQ; pagpapalago sa pulitikal na edukasyon ng mga LGBTQ at ang pagharap o kumpruntasyon sa diskriminasyon na isyu.

Sa kabilang dako naman, may mga suhestiyon para sa mga external factors (sa labas ng LGBT na pamayanan) na kailangang matugunan dahil sa ito ay nakaapekto sa buhay ng mga LGBTQ. Kasali dito ang kawalan ng pambansang polisiya na proteksyunan ang mga karapatang pantao ng mga LGBTQ; ang pagsali ng homosexuality bilang basehan upang mapawalang bisa ang isang kasal na naihanay sa drug addiction at alcohol dependence. Kaya masasabi natin na marami pa ang dapat gawin upang mapalaya na ang mga taong LGBTQ at nawa ay ang mga kababaihan din. Sa pamamagitan ng pagpursige at taos- pusong pagtanggap sa mga kaibahan ng bawat uri ng tao sa lipunan ang siyang maging susi sa pagbigay galang o respeto upang ang lahat ay mamumuhay na may dignidad at may kaligayahang taglay.
Ngayon ay alam mo na ang mahahalagang kaisipan at ideya ukol sa paksang ito. Kung gayon ay palalimin na natin ang mga kaalamang ito sa pamamagitan ng susunod na bahagi ng modyul na ito.

Mapa ng Pagbabago (R Part)

GAWAIN 11. Guided Generalization

Sa mga huling naibigay na gawain, ipinakita ang iba't-ibang sitwasyon kung paano maitataguyod ang isang pamayanang may paggalang at respeto sa kapwa tungo sa pagkakapantay-pantay. Ating pagsasama-samahin ngayon sa isang talahanayan ang mga kasagutan sa EQ.

	SITUATION 1 (Video Documentary)	SITUATION 2 (Pagbabasa ng Artikulo)	SITUATION 3 (Opinion)
ESSENTIAL QUESTION Paano maitataguyod ang isang pamayanang may paggalang at respeto sa kapwa tungo sa pagkakapantay-pantay?	**Gawain 6A: Video Documentary** https://www.youtube.com/watch?v=9yFoHBu_vEY Out and Proud (Gay Documentary) - June 22, 2014 ***Ang pagtataguyod ng isang mamamayang may paggalang at respeto sa kapwa tungo sa***	**Gawain 6B: Pagbabasa ng Artikulo** http://www.rappler.com/nation/72224-killing-jennifer-laude-police-report Killing of Jennifer Laude a 'hate crime' – police report ***Ang pagtataguyod ng isang mamamayang may paggalang at***	**Gawain 7: Opinion** http://outragemag.com/7-offensive-things-said-gay-people-yes-matter/ 7 Offensive things said to LGBT people (And yes, they matter!) ***Ang pagtataguyod ng isang mamamayang may paggalang at respeto sa kapwa tungo sa pagkakapantay-pantay ay…***

	pagkakapantay-pantay ay…	***respeto sa kapwa tungo sa pagkakapantay-pantay ay…***	

Pamprosesong Tanong:

1. Suriin ang mga sagot sa Essential Question mula sa talahanayan. Paano sila magkakatulad? Iisa lang ba ang pamamaraan kung paano maitataguyod ang isang pamayanang may paggalang at respeto sa kapwa tungo sa pagkakapantay-pantay? Kung ang sagot ay OO, ipaliwanag. Kung ang sagot ay hindi, paano nagkakaiba ang mga ito? Ipaliwanag at magbigay ng mga halimbawa.
2. Kumpletuhin ang mga sumusunod na pahayag at suportahan ang sagot ng mga halimbawa na nasa talahanayan.
   a. Ang pagtataguyod ng isang mamamayang may paggalang at respeto sa kapwa tungo sa pagkakapantay-pantay ay…
   b. Ang mga nagpapatibay na detalye mula sa mga sitwasyon ay…

Mga Sagot sa E.Q.

Paano Magkatulad?

_____
_____
_____
_____

Paano maitataguyod ang isang pamayanang may paggalang at respeto sa kapwa tungo sa pagkakapantay-pantay?

_____
_____
_____
_____

Ang pagtataguyod ng isang mamamayang may paggalang at respeto sa kapwa tungo sa pagkakapantay-pantay ay…

_____
_____
_____
_____

Ang mga nagpapatibay na detalye mula sa mga sitwasyon ay…

_____
_____
_____
_____

Self – Evaluation

Magbigay ng sariling pagtatasa na ayon sa sumusunod na kriterya.
Isulat din kung ano-ano ang mga hakbangin upang mapabuti ang pag-aaral. Ito ang magsilbing gabay mo sa pagpapatuloy ng modyul.

	1	2	3
Kriterya	High	Middle	Low
Pag-unawa Rating……..			
Pagkumpas Rating……..			
Paggawa Rating…….			

Layunin /Tunguhin
Mga tiyak na aksyon na aking gagawin:
1.)
2.)
3.)

Total Score

PAGPAPALALIM

GAWAIN 12. **Pamamaraang PNCB (Poster, Newspaper, Campaign at Banner)**

Tingnan ang mga sumusunod na larawan. Bigyang pokus ang mga tema nito at kung papaano ka mahikayat na gumawa ng hakbang / aksyon upang matugunan ang panawagan o kampanya.

Posters

Newspaper

Banner



Campaign Ad

http://www.itgetsbetter.org/

Pamprosesong Tanong:

1. Anu-ano ang mga nakakatawag-pansin sa mga bagay na ito?
2. Kailan sila ginagamit?
3. Bakit ginagamit ang mga ito?
4. Sa iyong palagay nakatutulong ba ang mga ito?
5. Paano ginamit ng mga kababaihan at LGBTQ ang mga ito sa pagsulong ng kanilang mithiin?
6. **Paano nagiging pantay-pantay ang iba't ibang uri ng tao sa lipunan?**

Punan ng mga sagot sa mga tanong.

Nakatawag Pansin:	Kailan at Bakit Ginamit:
Nakatulong Ba:	Paano Ginamit ayon sa Nakita o Nabasa:
Paano ang pagiging pantay-pantay:	

GAWAIN 13. Kampanya, Kampanya, Paano ka Ginawa?

Matapos makita ang mga halimbawa sa mga "panawagan/kampanya" basahin ngayon ang isang artikulo kung papaano gawin ang isang kampanya/campaign material upang maging epektibo o mabisa at makatawag pansin. Tunghayan ang website na nasa ibaba.
http://www.dcmarketingpro.com/blog/bid/303437/An-Advertising-Technique-for-Successful-Campaigns-Tiny-Words Campaign Ads

Pamprosesong Tanong:

1. Ano ang laman ng isang kampanya?
2. Bakit ito ginagawa?
3. Paano ang paggawa ng isang epektibo at nakatawag pansin ang isang kampanya?
4. Paano ito nakatutulong sa mga bagay na nangangailangan ng mga posibleng solusyon?

Ngayong alam mo na ang mga paraan sa paggawa ng isang campaign material susubukan mo ang iyong kaalaman at kasanayan sa pamagitan ng paglathala ng iyong posisyon ukol sa pagtataguyod ng isang pamayanang may paggalang at respeto sa kapwa tungo sa pagkakapantay-pantay.

GAWAIN 14. Sample Campaign Material

Ikaw ay gagawa ng sariling sample campaign material. Pumili ng anong uri at anyo ng medium sa kampanya o panawagan. Ang paksa mo ay ang paglalathala ng iyong posisyon sa pagtataguyod ng isang pamayanang may paggalang at respeto sa kapwa tungo sa pagkakapantay-pantay. Bibigyan ka ng isang linggo sa paggawa ng sample camapaign material. Ang sample campaign material ay

Isagawa sa website na ito: https://magic.piktochart.com/templates Piktocharts



Panuto:

1. I-click ang website
2. Gumawa ng account o pumili ng existing account sa Google + , facebook o di kaya ay email add (yahoo o gmail)
3. Sundan lahat ng mga hakbang doon at i-save at isumite online

Pamprosesong Tanong:

1. Anu-ano ang mga natuklasan mo sa pagsasanay sa paggawa ng campaign material?
2. Ito ba ay nakatutulong sa iyo sa tunay na buhay? Sa iba't ibang uri ng tao sa lipunan?
3. Paano kaya ito makatutulong sa pagtaguyod ng isang pamayanang may may paggalang at respeto sa kapwa tungo sa pagkakapantay-pantay?
4. May magagawa ba ang sarili mo sa pagsulong at pagtaguyod ng isang pamayanang may paggalang at respeto sa kapwa tungo sa pagkakapantay-pantay?

Punan ng mga sagot ang mga kahon upang makabuo sa konseptong pinag-aralan sa modyul na ito.

Concept Integration Map



GAWAIN 15. Andito Na Ako!!! Mapa ng Pagbabago (F Part)

Pagkatapos gawin ito, handa ka ng sumagot sa huling bahagi ng IRF Worksheet mo. Punan ng mga kaisipang nagbago na dahil sa mga pagpapalalim ng araling ito.

IRF WORKSHEET

Initial
Revised
Final

GAWAIN 16.

Handa ka na ngayon sa pagpapahayag sa iyong mga saloobin tungkol sa napag-aralan. Gamit ang isang Reflective Journal, isulat ang iyong mga pag-unawa sa mga aralin.

Reflective Journal

Anong Nangyari?	Mga Saloobin ko dito	Mga Aral na Napulot ko

Matapos ng pagpapalalim ng iyong kaalaman, handa ka na para sa susunod na gawain.

PAGLILIPAT

Ang layunin mo sa bahaging ito ng modyul ay isagawa at ilipat ang iyong kaalaman sa mga totoong sitwasyon ng buhay. Ikaw ay bibigyan ng praktikal na gawain kung saan maipapakita mo ang iyong mga realisasyon at pag-unawa.

GAWAIN 17. Campaign Material (GRASPS)

LEVEL 3 (SCAFFOLD)

Gaganapin ang isang pagpupulong pinangungunahan ng LGBT Youth sa pakipagtutulungan ng UNDP at USAID. Ito ay may temang “inclusivity and equality for all”. Layunin nitong makatulong sa pagsulong ng pagbabago at malalim na pagtingin at respeto ng mga LGBT sa lokal na komunidad. Gaganapin ito sa loob ng “Pride Month” ng mga LGBT. Ikaw ay napiling magbabahagi ng iyong karanasan, obserbasyon, at tugon sa mga isyu at hamon sa kasarian at maglalathala sa iyong posisyon na magtataguyod ng isang pamayanang may paggalang at respeto sa kapwa tungo sa pagkapantay-pantay. Ang iyong produkto ay tatayain base sa mga sumusunod: nilalaman, katotohanan, impak at presentasyon.

Differentiated GRASPS Table

<table>
<tr><td colspan="3">TRANSFER GOAL:
Ang mga mag-aaral sa kanilang sariling kakayahan aynakakapaglathala ng sariling posisyon na nagtataguyod ng isang pamayanang may paggalang at respeto sa kapwa tungo sa pagkakapantay-pantay.</td></tr>
<tr><td colspan="3">TRANSFER TASK SCENARIO GOAL:
Ikaw ay napiling magbabahagi ng iyong karanasan, obserbasyon, at tugon sa mga isyu at hamon sa kasarian.</td></tr>
<tr><td>ROLE 1
Movie Producer</td><td>ROLE 2
Journalist</td><td>ROLE 3
Song Writer</td></tr>
<tr><td colspan="3">AUDIENCE
Kabataang delegado ng mga kolehiyo at unibersidad at mga representante ng LGBT civil society</td></tr>
</table>

SITUATION Gaganapin ang isang pagpupulong pinangungunahan ng LGBT Youth sa pakipagtutulungan ng UNDP at USAID. Ito ay may temang “inclusivity and equality for all”. Layunin nitong makatulong sa pagsulong ng pagbabago at malalim na pagtingin at respeto ng mga LGBT sa lokal na komunidad. Gaganapin ito sa loob ng “Pride Month” ng mga LGBT.		
PRODUCT 1 Maikling Indie film Gumawa ng isang Indie film na maglalahad sa opinyon, karanasan at obserbasyon mo sa mga taong LGBT. Ang Indie film ay ipapakita sa pagpupulong na gagawin ng LGBT youth. Pagkatapos nito ay I upload sa website kung saan mararating ang nakararami upang mapaigting ang kamalayan.	PRODUCT 2 Banner Story Lumikha ng isang banner story para sa isang pahayagan na maglathala ng iyong opinyon, karanasan, at obserbasyon tungkol sa mga LGBT sa lokal na komunidad.	PRODUCT 3 LGBT Charity Song Sumulat ng kanta na maglathala sa iyong kuro-kuro tungkol sa iyong obserbasyon o mga karanasan sa mga taong LGBT. Ang kantang ito ay I upload sa YOU Tube at I Tunes upang makatulong sa paglaganap ng kamalayan tungkol sa mga LGBT at pagtangkilik nito sa pamamagitan ng donasyon upang magkaroon ng pondo bilang kawanggawa para sa mga biktima ng diskriminasyon. Maki-ugnay din sa “IT GETS BETTER” na proyekto. Gagamitin ang nalikhang kanta ng isang grupong magpalabas ng talento sa pagpupulong ng LGBT Youth.
STANDARDS Ang iyong produkto ay tatayain base sa mga sumusunod: a. Nilalaman b. Katotohanan c. Impak sa tao upang mahikayat na magsagawa ng positibong aksyon d. Presentasyon		

GAWAIN 18. Pagpapahalaga gamit ang Value Continuum

Gamit ang skala sa ibaba, ilarawan ang iyong kagustuhan na maging tagapagtaguyod ng isang pamayanang may respeto at paggalang sa kapwa tungo sa pagkapantay-pantay.

Gusto /___/___/___/___/___/ Gustong-gusto
1 2 3 4 5

Closure:
Inaasahan na ikaw ay nagkaroon ng lubos na pag-unawa sa iba't-ibang uri ng tao sa lipunan. Mahalaga ang pagbibigay respeto kung ano ang pagpapasya ng tao sa kanyang gender identity o di kaya sa kanyang gender orientation. Hindi dapat magpalagay na kung ano ang pisikal na anyo ng tao ay siya ring pagkakakilanlan nito. Iisa lang ang layunin ng lahat ng tao sa mundo at ito ay ang pagtutupad sa mithiin ng Diyos para sa ating lahat: *Isang maunlad at matiwasay na uri ng pamumuhay.*

Bago magtungo sa susunod na aralin sagutan ang mga katanungan sa Post Assessment.

Post Assessment

A 1. Alin sa mga sumusunod na mga organisasyon ang nagbibigay kaalaman/kamalayan at proteksyon sa mga tinatawag na LGBTQ?

a. UNDP , USAID, OHCHR
b. Bantay Bata
c. PIA, DAR
d. DBM, COA

A 2. Ang *TRANSGENDER* ay kadalasang nababasa at naririnig natin dahil sa maigting na balita tungkol sa isang Pinoy na si Jennifer Laude. Alin sa mga sumusunod ang Posibleng paliwanag kung ano ang isang *TRANSGENDER*?

a. Tumutukoy sa taong ang gender identity ay kakaiba sa biological sex at maaring dumanas sa isang medical treatment upang mapalitan ang biological sex nito at kadalasang naiugnay sa gender identity nito.
b. Tumutukoy sa taong nakaranas ng sekswal, romantik, pisikal at ispiritwal na atraksyon sa lahat ng mga gender identities/expressions na hindi lang sa gender binary na lalaki o babae lang.
c. Tumutukoy sa taong hindi kumikilala sa naka assign na gender ng kapanganakan o di kaya sa "binary gender" na sistema.
d. Tumutukoy sa taong may atraksyon sa opposite seks lang o "straight".



www.brownpoliticalreview.org (Basic Freedoms)
Pag-aralan ang datos na ito tungkol sa LGBTQ na mga karahasang natamo.

Batay dito sagutan ang sumusunod:

A 3. Ano-ano ang mga hinuha mo tungkol sa datos?

a. Ito ay nagpapakita ng kahandaan ng mga ibang kasarian sa pagtanggap na ang mga LGBTQ ay walang mga karapatan.
b. Ito ay patunay na ang mga LBTQ ay nakaranas ng mga paglabag sa kanilang mga karapatang pantao at pangsariling solusyon sa problema.
c. Ito ay nagpapakita ng galit para sa mga LGBTQ.
d. Ito ay dapat tugunan ng local na pamahalaan lamang upang makamit ang kapayapaan sa mundong ginagalawan ng mga LGBTQ.

"With ignorance comes fear- from fear comes bigotry. Education is the key to acceptance."
— Kathleen Patel, The Bullying Epidemic-the guide to arm you for the fight

M 4. Paano mo maipaliliwanag ang siping ito batay sa kahalagahan ng kamalayan sa mga isyu, hamon at mga batas sa kasarian at lipunan upang magkaroon ng isang pamayanang may paggalang at respeto sa kapwa tungo sa pagkakapantay-pantay?

a. Ang edukasyon at ang tunay na pagpaigting ng kamalayan tungkol sa mga isyu at hamon ng kasarian ay siyang susi sa pagkakaroon ng isang pamayanang may paggalang at respeto sa kapwa tungo sa pagkakapantay-pantay.
b. Ang local na pamahalaan ay may tungkulin sa pagsulong at pagsuporta sa mga kilusang LGBTQ.
c. Ang LGBT Civil Society ay siyang dapat maumuno at mangunguna sa kampanya laban sa diskriminasyon at pag-aabuso ng kanilang pagkatao.
d. Ang simbahang Katoliko ay masasabing may tungkulin din sa pagsulong at pagsuporta sa mga LGBTQ.

T 5. Ang "It Gets Better Project" ay isang pandaigdigang kilusan na nagbibigay-inspirasyon sa lahat ng mga tao na iba't iba ang mga kasarian (kasali na ang mga LGBTQ) sa pamagitan ng pag-sumite ng mga video na nakatutulong sa mga may problema at isyung pang-kasarian. Sa katunayan may 50,000 na mga videos ang naisumite at ito ay galing sa mga celebrities, organisasyon, aktibists, politico, at media personalities. Ikaw ay naatasang gumawa ng sariling video upang mahikayat ang mga mamamayan na maging mapakana at makisali sa mga kilusang nagtataguyod ng isang pamayanang may paggalang at respeto sa kapwa tungo sa pagkakapantay-pantay.

Ano ano ang mga nilalaman ng iyong video?

a. Ito ay magpapakita ng mga programa ng pamahalaan upang masugpo ang mga pang-aabuso.
b. Ito ay maglalaman ng pagbabatikos ng ilang mga samahang anti-LBGTQ sa bansa.
c. Ito ay maglalaman sa mga epekto sa kalusugan ng tao kung may multiple sex partners.
d. Ito ay maglalahad sa mga abusong nakikita o nararanasan at ang mga posibleng pamaraan upang maiwasan at matugunan ang mga ito.

A 6) Alin sa mga sumusunod na pangungusap ang nagpapaliwang ng kaibahan ng kasarian at seks?

a. Ang seks aytumutukoy sa biolohikal na katangian ng lalaki at babae, samantalang ang kasarian ay ang mga inaasahang gampanin ng babae at lalaki batay sa kultural at panglipunang alintuntunin

b. Ang kasarian at seks ay magkaiba depende sa pananaw ng tao
c. Ang kasarian ay biolohikal na katangian ng lalaki at babae, samantalang ang seks ay mga inaasahang gampanin ng babae at lalaki batay sa kultural at panglipunang alintuntunin
d. Magkatulad lamang ang konsepto ng kasarian at seks

A7. Basahin ang artikulona may pamagat na "Philippine Women's Role and Gender Equality" (http://theologasia.ph/philippine-womens-role-and-gender-equality/) Ayon sa artikulo, bakit nagbabago ang gender roles sa Pilipinas sa kasalukuyang panahon?

a. Umaangat ang ekonomiya ng Pilipinas
b. Nanatiling tradisyonal ang pananaw ng mga Pilipino
c. Naging malawakan ang kampanya at batas patungkol sa karapatan ng mga kababaihan
d. Nagkakaroon ng gender roles sa loob ng tahanan

A 8. Panoorin ang video na may pamagat na "Gender Roles; Marriage & Families (20th & 21st Century)". I click ang
url: https://www.youtube.com/watch?v=Aj8WQusly5A

Ano ang pagkakatulad ng gender roles sa Middle east at North America sa kasalukuyang panahon?

a. Hindi tanggap sa Middle East at North America ang same sex marriage
b. Bawal sa Middle East at North America ang pagkakaroon ng trabaho ng mga kababaihan
c. Bukas ang lipunan sa Middle East at North America sa mga pagbabago ng gender roles para sa kapakanan ng kababaihan
d. Kalunos lunos pa rin ang sitwasyon ng mga kababaihan sa Middle East at North America

M 9. Basahin ang mga sumusunod na sitwasyon:

I. Sina Sharon at Richard ay nagtatalo tngkol sa kanilang kaibigan na si Patricia. Napansin ni Sharon na mayroong maraming pasa sa kamay at balikat si Patricia, mayroon din itong black eye na gawa ng pambububog ng asawa nito. Gusto ni Sharon na magsumbong sa awtoridad, ngunit ayon kay Richard tama lang ito kay Patricia upang maipakita kung sino talaga ang "boss" sa bahay. Ngunit hindi nakinig si Sharon, ipinaglaban niya ang karapatan ni Patricia at isinumbong ang insidente.

II. Si Charlene ay nabigyan ng special grant na maging master plumber sa Dubai. Masaya niya itong ibinalita sa kanyang kasintahan na si John. Plano nila na magpakasal sa susunod na taon, ito ay isang pagkakataon upang makag ipon ng malaki. Ngunit hindi ito ikinasaya ni John, hindi niya matanggap na isang plumber ang kanyang

mapapangasawa. Si Susan ay nagmula sa isang tradisyonal na pamilya. Bata pa lang siya ay ipinagkasundo na ng kanyang mga magulang na ikakasal siya sa isa sa mga anak na lalaki ng kaibigan nila. Kahit hindi niya gustong pakasalan ang lalaki, hindi niya magagawa na suwayin ang mga magulang.

III. Ano ang pangkahalatang mensahe ng mga sitwasyon na iyong binasa?

a. Tinatanggap nang lipunan ang kakayahan at karapatan ng mga kababaihan
b. Ang kakulangan sa kamalayan tungkol sa mga batas at hamon tungkol sa kasarian ay nagdudulot ng lipunang walang respeto at hindi pagkapantay pantay
c. Ang pagtaguyod sa karapatan ng bawat isa ay responsibilidad ng mga magulang
d. Ang pamahalaan ay hindi dapat nakikialam sa mga isyung pampamilya

M 10. Paano maitataguyod ang isang pamayanang may paggalang at respeto sa kapwa tungo sa pagkakapantay-pantay?

a. Pairalin pa rin ang mga tradisyonal na gender roles upang maiwasan ang mg alitan na bunga nito
b. Galangin ang mga kultura ng bawat lipunan
c. Huwag suwayin ang mga pangrelihiyon na mga paniniwala patungkol sa kasarian
d. Paigtingin ang kampnaya para sa gender equality upang magkaroon ng kamalayan sa batas at hamon sa kasarian

M 11. Paano maitataguyod ang isang pamayanang may paggalang at respeto sa kapwa tungo sa pagkakapantay-pantay?

a. Pairalin pa rin ang mga tradisyonal na gender roles upang maiwasan ang mg alitan na bunga nito
b. Galangin ang mga kultura ng bawat lipunan
c. Huwag suwayin ang mga pangrelihiyon na mga paniniwala patungkol sa kasarian
d. Paigtingin ang kampnaya para sa gender equality upang magkaroon ng kamalayan sa batas at hamon sa kasarian

T 12. Ayon sa World Economic Forum, inaasahang sa taong 2095 pa magkakaroon ng parehas at pantay na oportunidad sa karera ang mga kalalakihan at kababaihan. Bilang isang mamamayan na nagtataguyod sa pagkakaroon ng isang pamayanang may paggalang at respeto sa kapwa tungo sa pagkakapantay-pantay, ano ang iyong magagawa?

a. Hintayin ang pagdating ng taong ito
b. Maging aktibo sa mga adbokasiya para sa pagkamit ng pagkapanatay pantay sa lipunan

c. Pag aralan ang mga gender issues
d. Paghusayan ang mga kasanayan

A 13. Bilang tugon ng bansang Pilipinas sa pandaigdigang Convention on the Elimination of Discrimination and violence Against Women (CEDAW), ang kongreso ay nagpasa ng isang batas na pumoprotekta at kumikilala sa karapatan ng mga kababaihan na mas kilala bilang Magna Carta for Women. Anong Batas Pambansa ang tumutukoy sa parehong batas?

a. Batas Pambansa Bilang 9262
b. Batas Pambansa Bilang 9710
c. Batas Pambansa Bilang 603
d. Batas Pambansa Bilang 9170

A 14. Anong ahensiya sa ilalim ng Opisina ng Presidente ang nabigyan ng kapagnyarihan na maniguro na ang mga nakasaad sa RA 9710 ay naipapatupad?

a. National Commission on the Role of Filipino Women
b. National Commission on Indigenous People
c. National Commission on Budget
d. Philippine Commission on Women

A 15. Basahin ang isa sa mga probisyon ng RA 9710 na kilala rin bilang isa sa mga karaniwang tinatanong ukol sa nasabing batas. Mula sa sipi masasabi bang malawak ang sakop ng batas ng mga Pilipino ukol sa pagbibigay ng proteksiyon sa mga mamamayan nito?

How can Filipino women living abroad benefit from this law?
Statistics show that more and more Filipino women are migrating for overseas employment. In many places, women migrant workers have limited legal protections or access to information about their rights, rendering them vulnerable to gender-specific discrimination, exploitation and abuse. Section 37 of the Magna Carta of Women mandates the designation of a gender focal point in the consular section of Philippine embassies or consulates. The said officer who shall be trained on Gender and Development shall be primarily responsible in handling gender concerns of women migrant workers, especially those in distress. Other agencies (e.g. the Department of Labor and Employment and the Department of Social Welfare and Development) are also mandated to cooperate in strengthening the Philippine foreign posts' programs for the delivery of services to women migrant workers, consistent with the one-country team approach in Foreign Service. http://census.gov.ph/content/q-magna-carta-women-republic-act-no-9710

a. Oo, sapagkat ang pagkakaroon lamang ng ahensiya ng gobyerno at ng opisyal ng gobyerno na tututok sa Gender Development na makikita at magtatrabaho sa mga bansang may maraming Pilipinong trabahador/ residente ay isang patunay na ang

pagbibigay ng proteksiyon sa mga kababaihan ay hindi lamang dito sa loob ng bansa.

b. Oo, sapagkat ang pagkilala sa karapatan ng mga kababaihan ay hindi lamang batas ng iilang bansa kundi ng lahat kaya ang karapatan nila ay dapatt protektahan kahit saan man sila
c. Oo, sapagkat ang mga batas ng Pilipinas ay kinikilala hindi lamang sa loob ng bansa kundi pati sa mga bansa kung saan may mga Pilipino
d. Oo, sapagkat ang batas ng Pilipinas ay kinikilala pati ng mga dayuhang gobyerno at mga mamamayan

A 16. Si Lina Langaw ay isang dalagang ina na sampung taon ng nagtatrabaho bilang sekretarya ni G. Mar Tello. Sa tagal ng kanilang pagsasama sa trabaho, nagkaroon sila ng relasyon at nagsama bilang mag-asawa sa loob ng apat na taon subalit dahil sa hindi magkasundo ang anak at ang kinakasama, nagdesisyon si Perla na hiwalayan na si Mar kahit labag ito sa loob nilang pareho. Dahilsa hiwalayan, naging aggresibo at bayolente si Mar hanggang sa punto sinasaktan niya ang mag-ina at pilit na tumitira sa bahay ni Perla kahit ayaw ng mag-ina. Sa ganitong sitwasyon, maaari bang gamitin ni Perla ang Batas Pambansa Blg. 9262 para maprotektahan ang seguridad niya at ng kanyang anak?

a. Hindi sapagkat labag naman sa kalooban niya na makipaghiwalay sa kanyang kinakasama dahil mahal pa rin niya ito.
b. Hindi dahil nagagawang saktan lamang ng lalaki ang mag-ina dahil sa pagmamahal niya sa mga ito
c. OO sapagkat ang pananakit at ang sapilitang pagtira ng lalaki sa bahay ng mag-ina ay nagdudulot na ng takot at ito ay maituturing na “Psychological Violence” na sakop ng RA 9262
d. OO sapagkat ang pananakit ay hindi tunay na pagpapakita ng pagmamahal at ito ay nakasaad sa RA 9262

M 17. Basahin ang sipi ng tula na pinamagatang “I Got Flowers Today”. Anong realisasyon para sa bawat mamamayan, ano man ang edad, propesyon, nasyonalidad, at paniniwala ang hindi naayon sa mensahe ng tulang ito?

I GOT FLOWERS TODAY

I GOT FLOWERS TODAY
IT WASN’T MY BIRTHDAY OR ANY OTHER DAY.
WE HAD OUR FIRST ARGUMENT LAST NIGHT
AND HE SAID A LOT OF CRUEL THINGS THAT REALLY HURT ME
I KNOW HE IS SORRY AND DIDN’T MEAN THE THINGS HE SAID
BECAUSE HE SENT ME FLOWERS TODAY.
I GOT FLOWERS TODAY
IT WASN’T OUR ANNIVERSARY OR ANY OTHER SPECIAL DAY
LAST NIGHT HE THREW ME INTO THE WALL AND STARTED TO

CHOKE ME
IT SEEMED LIKE A NIGHTMARE I COULDN'T BELIEVE IT WAS REAL
I WOKE UP THIS MORNING SORE AND BRUISED ALL OVER
I KNOW HE MUST BE SORRY…BECAUSE HE SENT ME FLOWERS TODAY.
I GOT FLOWERS TODAY
AND IT WASN'T MOTHER'S DAY OR ANY SPECIAL DAY
LAST NIGHT HE BEAT ME UP AGAIN. AND IT WAS MUCH WORSE THAN ALL THE OTHER TIMES
IF I LEAVE HIM WHAT WILL I DO? HOW WILL I TAKE CARE OF MY KIDS? WHAT ABOUT MONEY?
I'M AFRAID OF HIM AND SCARED TO LEAVE.
BUT I KNOW HE MUST BE SORRY…BECAUSE HE SENT ME FLOWERS TODAY.
I GOT FLOWERS TODAY. TODAY WAS A VERY SPECIAL DAY. LAST NIGHT, HE FINALLY KILLED ME.
HE BEAT ME TO DEATH

IF ONLY I HAVE GATHERED ENOUGH COURAGE AND STRENGTH TO LEAVE HIM.
I WOULD NOT HAVE GOTTEN FLOWERS TODAY.

a. Ang isyu ng karahasan ay problema ng lahat at hindi lamang ng iilan kung kaya dapat tayong makialam
b. Marami sa mga kababaihan ay hindi pa naklalagpas sa paniniwalang ang kanilang buhay ay nakadepende sa mga kalalakihan
c. Marami sa mga pamilya sa mundo ay may mga nanay na nagtitiis sa kalupitan ng kanilang mga asawa para mapanatiling buo ang kanilang pamilya
d. Ang katatagan ng pamilya ay nakabase sa katatagan ng nanay kung kaya nararapat lamang na siya ay magtiis anuman ang ginagawa sa kanya

M 18. Bigyang pansin ang panghuling linya ng tula, anong importanteng salik para sa pagputol sa "Cycle of Violence" ang binibigyan ng diin ng mensahe ng linyang ito?

a. Ang mga kababaihan ay dapat ng magising sa katotohanang ang pagtigil ng karahasan at diskriminasyon na kanilang nararanasan ay dapat nagsisimula sa kanilang sarili.
b. Kapag ang tao ay nalugmok na sa karahasan at diskriminasyon, nagiging parte na ito ng kanilang sistema kaya mahirap na itong tanggalin
c. Ang karahasan ay hindi mararanasan kung ang mga tao ay matututong lumaban

d. Ang mga nagmamalupit ay karaniwang nagiging mamamatay tao sapagkat ang kanilang biktima ay lagging namamatay

M 19. Narito ang mga probisyon ng VAWC (RA 9262), pag-aralan ito ng mabuti at bumuo ng ebalwasyon tungkol sa batas na ipinapairal ng bansang Pilipinas ukol sa mga kababaihan.

KINDS OF PROTECTION ORDER

1. BARANGAY PROTECTION ORDER (BPO) - issued by the Punong Barangay, or in his absence the Barangay Kagawad, ordering the perpetrator to desist from causing or threatening to cause physical harm or bodily injury against the offended party. This is effective for 15 days.
2. TEMPORARY PROTECTION ORDER (TPO) - issued by the court on the date of filing of the application or in the course of the hearing and effective for 30 days.
3. PERMANENT PROTECTION ORDER (PPO) - issued by the court after notice and hearing and effective until revoked by the court upon application of the person in whose favor the order was issued.

WHO MAY FILE PETITION FOR PROTECTION ORDER

1. offended party
2. parents or guardian
3. ascendants, descendants and other relatives
4. Social Worker
5. Police Officer
6. Punong Barangay or kagawad
7. Lawyer, counselor or therapist
8. Two (2) concerned and responsible citizens

a. Ang isyu tungkol sa pagtigil sa karahasan laban sa mga kababaihan ay istrikto at maraming mga proseso na sinusunod
b. Ang batas pambansa bilang 9262 ay naglalayong buhayin sa puso ng lahat ng mamamayan ang kanilang responsibilidad na pangalagaan ang kanilang kapwa
c. Ang batas ay naniniguro na ang makakaalam lamang ng isyu ay ang mga taong may kinalaman sa pangyayari
d. Ang batas ay mula sa barangay hanggang sa Korte Suprema na nagpapakita ng pagsunod sa isang sistematikong proseso

M 20. Anong ina ang siyang tinaguriang ilaw ng tahanan, siya din ang nagsisilbing tagapangalaga hindi lamang ngkapakanan ng iisang miyembro kundi ng lahat ng miyembro ng pamilya. Marami sa mga tao ang naniniwala na ang buhay ay masaya kung ang ina ng tahanan ay masaya. Ika nga “Happy Wife, Happy Life”. Sa bigat ng responsibilidad na nakaatang sa balikat ng isang ina, kadalasanmas inuuna na niya ang kapakanan ng kanyang mga

anak kaysa sa kanyang sarili hanggang sa punto na sila ay magtitiis sa kalupitan ng ilang mga ama para lamang hindi masira ika nga ang buhay ng kanilang mga anak. Makatwiran ba ang paniniwalang ito?

a. Hindi sapagkat ang kinabukasan ng mga anak ay hindi nakasalalay sa desisyong gagawin ng isang ina kundi sa kanilang sarili mismo
b. Hindi dahil ang mga batang lumalaki sa tahanang madalaskakitaan ng karahasan ay kalimitang lumalaki ring marahas
c. OO sapagkat ang mga anak ay wala pang muwang na intindihin ang mga pangyayaring nagaganap sa kanilang paligid
d. OO dahil kapag hindi natutong magtiis ang isang ina tuluyang masisira ang kinabukasan ng kaniyang mga anak

T 21. Dumarami na ang mga naitatalang karahasan na nagaganap sa loob mismo ng paaralan, bilang kalihim ng DepED, anong panukala ang iyong ipapalabas upang masolusyunan ang isyu tungkol sa karahasan sa paaralan?

a. Panukala upang paigtingin ang papel ng PTA, Guro, Opisyales ng Barangay, Pulis, Media, at ng iba't-ibang institusyong panlipunan para bantayan ang seguridad ng mga mag-aaral sa loob at labas ng paaralan sa pamamagitan ng iba't-ibang mga programa at kampanya
b. Panukala upang maparami ang mga Pulis na nagbabantay sa paligid ng paaralan at pagkakaroon ng "Surprise Inspection Visits" sa lahat ng mga estudyante at personalidad na nasa paaralan
c. Panukala upang mapaigting ang gagawing pagbabantay ng mga opisyales ng barangay at ang pagsali sa kanila sa lahat ng mga programa sa paarlan upang masiguro ang seguridan ng mga bata
d. Panukala upang paigtingin ang pagsali sa lahat ng asignatura ng paksa tungkol sa pagiging alerto at pagbabantay sa sariling seguridad upang maging handa ang mga bata sa anumang maaaring mangyari sa kanila

T22. Ikaw ay isang pintor na naitalaga bilang Ambassador of the Welfare and Protection of the Youth gamit ang sining, napansin mo na sa isang rehiyong CAR, malimit nasasali ang mga bata at kabataan sa bakbakan laban sa mga sundalo, small scale mining, child labor, child abuse at iba pang mga isyu. Nais mong palawigin ang iyong adbokasiya ukol sa pagtigil sa mga karahasan at isyung mga ito sa pamamagitan ng isang art exhibit ng iyong mga obra maestra. Nais mo ring gawing epektibo ang iyong gagawing exhibit kaya mag-aanyaya ka ng mga manonood at kalahok. Sinu-sino ang iyong aanyayahan na maaaring makagamit ng anilang maiipong kaalaman mula sa iyong art exhibit upang makamit ang iyong adhikain?

a. Mga Opisyal ng local na pamahalaan ng mga lugar na kasali sa rehiyong CAR kasama ng mga guro at mga propesor
b. Mga kabataang nakararanas ng nabanggit na mga karahasan at pang-aabuso katulong ang DSWD at lahat ng mga NGO na nagsusulong sa karapatan at pagpapabuti sa buhay ng mga bata at kabataan

c. Mga ina at ama na naglalagi sa mga tahanan sapagkat sila ang direktang nakakasalamuha ng mga bata kaya sila rin ang may kapangyarihan upang maisalba sila sa isyung kinakaharap nila
d. Kinatawan ng lahat ng sektor sa lipunan sapagkat ang lahat ay may magagawa upang mapalawak ang kaalaman ng mga bata at kabataan ukol sa isyung nabanggit. Ang isyu rin ay masyadong malaki para matugunan lamang ng iilan, ito ay nangangailangan ng partisipasyon ng lahat

GLOSARYO

LGBT, LGBTQ, LGBTQA, TBLG: These acronyms refer to Lesbian, Gay, Bisexual, Transgender, Queer or Questioning, and Asexual or Ally. Although all of the different identities within “LGBT” are often lumped together (and share sexism as a common root of oppression), there are specific needs and concerns related to each individual identity.

Bisexual: A person who is attracted to both people of their own gender and another gender. Also called “bi”.

Gay: A person who is attracted primarily to members of the same sex. Although it can be used for any sex (e.g. gay man, gay woman, gay person), “lesbian” is sometimes the preferred term for women who are attracted to women.

Gender expression: A term which refers to the ways in which we each manifest masculinity or femininity. It is usually an extension of our “gender identity,” our innate sense of being male, female, etc. Each of us expresses a particular gender every day – by the way we style our hair, select our clothing, or even the way we stand. Our appearance, speech, behavior, movement, and other factors signal that we feel – and wish to be understood – as masculine or feminine, or as a man or a woman.

Gender identity: The sense of “being” male, female, genderqueer, agender, etc. For some people, gender identity is in accord with physical anatomy. For transgender people, gender identity may differ from physical anatomy or expected social roles. It is important to note that gender identity, biological sex, and sexual orientation are separate and that you cannot assume how someone identifies in one category based on how they identify in another category.

Genderqueer: A term which refers to individuals or groups who “queer” or problematize the hegemonic notions of sex, gender and desire in a given society. Genderqueer people possess identities which fall outside of the widely accepted sexual binary (i.e. "men" and "women"). Genderqueer may also refer to people who identify as both transgendered AND queer, i.e. individuals who

challenge both gender and sexuality regimes and see gender identity and sexual orientation as overlapping and interconnected.

Heterosexual: A person who is only attracted to members of the opposite sex. Also called “straight."

Homosexual: A clinical term for people who are attracted to members of the same sex. Some people find this term offensive.

Lesbian: A woman who is primarily attracted to other women.

Queer: 1) An umbrella term sometimes used by LGBTQA people to refer to the entire LGBT community. 2) An alternative that some people use to "queer" the idea of the labels and categories such as lesbian, gay, bisexual, etc. Similar to the concept of genderqueer. It is important to note that the word queer is an in-group term, and a word that can be considered offensive to some people, depending on their generation, geographic location, and relationship with the word.

Sexual orientation: The type of sexual, romantic, and/or physical attraction someone feels toward others. Often labeled based on the gender identity/expression of the person and who they are attracted to. Common labels: lesbian, gay, bisexual, pansexual, etc.

Transgender: This term has many definitions. It is frequently used as an umbrella term to refer to all people who do not identify with their assigned gender at birth or the binary gender system. This includes transsexuals, cross-dressers, genderqueer, drag kings, drag queens, two-spirit people, and others. Some transgender people feel they exist not within one of the two standard gender categories, but rather somewhere between, beyond, or outside of those two genders.

SANGGUNIAN

Electronic Sources:

http://www.itgetsbetter.org/ (IT GETS BETTER PROJECT)

http://outragemag.com/7-offensive-things-said-gay-people-yes-matter/ 7 Offensive things said to LGBT people (And yes, they matter!)

http://outragemag.com/proud-gay-father/ Once there was a proud gay father

http://outragemag.com/7-offensive-things-said-gay-people-yes-matter/ 7 Offensive things said to LGBT people (And yes, they matter!)

http://outragemag.com/proud-documentary-examine-lgbtq-issues/ 'Out and Proud' documentary to examine LGBTQI issues

https://www.youtube.com/watch?v=9yFoHBu_vEY Out and Proud (Gay Documentary) - June 22, 2014
http://outragemag.com/mindanao-youth-calls-progressive-thinking-inclusiveness-equality/ Mindanao youth calls for progressive thinking, inclusiveness and equality

http://outragemag.com/mameta-endo-confronting-wrongdoings-lgbts/ Mameta Endo: Confronting wrongdoings against LGBTs

http://www.rappler.com/nation/72224-killing-jennifer-laude-police-report Killing of Jennifer Laude a 'hate crime' – police report

http://outragemag.com/small-steps-equality/ Small steps to equality

http://www.ph.undp.org/content/philippines/en/home/library/democratic_governance/being-lgbt-in-asia--the-philippine-country-report/ Being LGBT in Asia: The Philippine Country Report

https://www.youtube.com/watch?v=AZ_aSl3ktjg&list=PLK1BZp2sq2wfQ52Q9Axwgta3Sn-U8K6S3 Young and Gay in Putin's Russia (video)

http://internationalspectrum.umich.edu/life/definitions LGBT Terms and Definitions
http://www.hrw.org/topic/lgbt-rights LGBT RIGHTS
http://www.gaystarnews.com/article/14-disney-characters-you-had-no-idea-were-gay051013 The 14 Disney characters you had no idea were gay

http://www.tolerance.org/lesson/editorial-cartoons-gay-rights Editorial Cartoons: Gay Rights

http://www.gaylawnet.com/laws/ph.htm#discrimination Discrimination, Legislation, Case/References

http://williamsinstitute.law.ucla.edu/category/research/census-lgbt-demographics-studies/ Census & LGBT Demographic Studies

https://www.lgbtnetwork.eu/coming-out-reece-maycock/ "I will be proud of him, just as I already am!" – My Coming Out Story

https://www.lgbtnetwork.eu/why-the-labels/ "Why the Labels?"

https://magic.piktochart.com/templates Piktocharts

http://hdr.undp.org/en/data/map Human Development Indicators

http://hdr.undp.org/en/content/violence-against-women-and-girls-challenge-sustainable-human-development Violence against women and girls: a challenge for sustainable human development

http://educationwebcloud.blogspot.com/2012/03/create-dynamic-data-charts-using-hohli.html Hohli Chart
http://www.youtube.com/watch?v=Veei2Qtu8fE LGBTQ Outloud – Common Terms

http://www.youtube.com/watch?v=w4PMjyBSv8Y GLOC 9 “SIRENA”

http://www.buzzfeed.com/adamellis/kids-show-characters-who-were-totally-gay-heroes 19 Kids Show Characters Who Were Totally Gay Heroes

http://www.stopvaw.org/defining_discrimination_against_women_3 Defining Discrimination against Women

http://www.unwomen.org/en UN WOMEN

http://beijing20.unwomen.org/en/infographic/evaw Violence Against Women

https://www.youtube.com/watch?v=LtkH1s5CtjI CEDAW Quick & Concise: Explaining the Principle of Substantive Equality (old version)

https://www.youtube.com/watch?v=HPJfBqoNH7Q CEDAW – A Superhero for Women in Scotland

http://nobullying.com/discrimination-history-against-women/ Discrimination History Against Women

http://www.plan-uk.org/because-i-am-a-girl/about-because-i-am-a-girl/violence-against-girls/early-and-forced-marriage Early and Forced Marriage

http://www.dcmarketingpro.com/blog/bid/303437/An-Advertising-Technique-for-Successful-Campaigns-Tiny-Words Campaign Ads

ARALIN 3: Tugon Sa Mga Isyu sa Kasarian at sa Lipunan

☑ INTRODUCTION AND FOCUS QUESTION(S):

"The only time for evil to triumph is when good men choose to do NOTHING!" Ang maka-agaw pansing mensahe mula sa mga kilalang personalidad kagaya ni Dr. Jose P. Rizal at ng sikat na pelikula ni Bruce Willis na pinamagatang Tears of the Sun. Lahat sila ay may pinag-isang pagkakatulad at ito ay ang pagkilala sa namamayaning problema ng mundo tungkol sa karahasan na kalimitan ay pumu-puntirya sa mga kabataan, at sa mga kababaihan ng mundo bilang mga biktima nito.
Ilang dekada na nga ang lumipas subalit hanggang ngayon ay nagpapatuloy pa rin ang pakikibaka ng mga kababaihan at ng mga kabataan tungkol sa pagkamit ng pandaigdigang pagkilala sa kanilang kasarian at kakayahan bilang mga mamamayang walang pagkakaiba sa mga kalalakihan.
Sa mundong patuloy na dino-domina ng mga kalalakihan at karahasan, may pag-asa pa kayang mabigyan ng pagkakataon ang mga kababaihan at mga kabataan na ipakita kung sino sila at kung ano ang kaya nilang gawin ng walang matatanggap na diskriminasyon? Paano nga ba makakamit ang pagkakapantay-pantay kung ang sosyedad ay patuloy pa ring nabubuhay sa paniniwalang ang mga kababaihan ay mas mahina at nangangailangan ng proteksiyon na tanging mga kalalakihan lamang ang makapagbibigay?

Sa modyul na ito, hindi lamang kasagutan sa mga mapagmuning katanungan na nabanggit ang iyong matutuklasan kundi ang katotohanan na ang pagkamit at pagtataguyod ng isang pamayanang may paggalang at respeto tungo sa pagkakapantay pantay ay nakabatay sa pagkakaroon ng tao ng kamalayan sa mga isyu, hamon at mga batas sa kasarian at lipunan.Tunay ngang isa itong napakalaking hamon hindi lamang sa mga kabataan at kababaihan kundi maging sa lahat ng kasapi ng lipunan na may pagpapahalaga sa kapwa at sa bansa nito. Mabibigyan ka rin ng iba't ibang mga ideya na maaaring makapagpabago o lalo pang makapagpaigting sa perspektibo mo tungkol sa kalagayan ng lipunang iyong kinabibilangan at ng kalagayan ng mga kababaihan at kabataan sa mundo. At upang makamit ang mga ito, tandaan na kailangan mong mapagtanto ang mga kasagutan sa sumusunod na mga katanungan:

a. Paano maitataguyod ang isang pamayanang may paggalang at respeto sa kapwa tungo sa pagkakapantay-pantay?
b. Paano makakatulong ang isang aktibo at responsableng mamamayan sa pagtataguyod ng isang pamayanang may paggalang at respeto sa kapwa tungo sa pagkakapantay-pantay?

☑ LESSONS AND COVERAGE:

Sa modyul na ito, iyong pagtutuunan ng pansin, susuriin, at i-aanalisa ang mga tanong na Paano maitataguyod ang isang pamayanang may paggalang at respeto sa kapwa tungo sa pagkakapantay-pantay? At paano makakatulong ang isang aktibo at responsableng mamamayan sa pagtataguyod ng isang pamayanang may paggalang at respeto sa kapwa tungo sa pagkakapantay-pantay? kapag iyong tatapusin at mapagtagumpayan ang aralin na ito:

Aralin Blg.	Pamagat	Matututuhan Mo…	Oras
Aralin 1	Konsepto ng Kasarian at Seks 3. Mga Uri ng Kasarian (Gender; Masculinity, Femininity, LGBTQ) 4. Gender Roles sa Pilipinas *Sinaunang Panahon *Panahon ng Kastila *Panahon ng Amerikano *Panahon ng Hapon *Kasalukuyang Panahon 3. Gender Roles sa Iba't Ibang Panig ng Daigdig	• Naipaliliwanag ang konsepto ng kasarian at seks • Natatalakay ang pagbabago ng gender roles sa Pilipinas sa iba't ibang panahon • Nasusuri ang gender roles sa iba't ibang panig ng daigdig	
Aralin 2	Mga Isyu sa Kasarian sa Lipunan 3. Diskriminasyon sa Kababaihan, Kalalakihan at LGBTQ 4. Karahasan sa Kababaihan at LGBTQ	• Natataya ang diskriminasyon sa kababaihan, kalalakihan at LGBTQ (Lesbian, Gay, Bi-sexual, Transgender, Queer or Questioning)	
Aralin 3	Tugon sa Mga Isyu sa Kasarian at Lipunan 2. Tugon ng Pandaigdigan Samahan sa Karahasan at Diskriminasyon *Yogyakarta Principles	• Nasusuri ang tugon ng Pandaigdigang Samahan sa Karahasan at Diskriminasyon • Napapahalagahan ang tugon ng pamahalaan ng Pilipinas sa mga isyu ng karahasan at diskriminasyon	

	*Convention in the Elimination of All Forms of Discrimination Against Women (CEDAW) 2. Tugon ng Pamahalaan ng Pilipinas sa mga Isyu ng Karahasan at Diskriminasyon *Magna Carta of Women (RA 9710) *Violence Against Women and their Children		

Sa bahaging ito ng modyul, inaasahan na iyong maiintindihan at matututunan ang sumusunod:

Lesson 3	• Ang mag-aaral ay nakalilinang ng malawak na kamalayan sa mga isyu, hamon, at mga batas sa kasarian at lipunan. • Ang mga mag-aaral ay aktibong nakikibahagi sa pagtataguyod ng isang pamayanang may paggalang at respeto sa kapwa tungo sa pagkakapantay-pantay.

☑ **MODULE MAP:**

Narito ang simpleng mapa ng araling sakop ng bahagi ng modyul na ito:



☑ EXPECTED SKILLS:

Para mapagtagumpayan ang lahat ng naihandang mga gawain at pagsubok sa modyul na ito, kailangang tandaan at gawin ang sumusunod:

- Nakababasa at nakasusuri ng mga teksto ng may pag-intindi.
- Nakagagawa ng concept map ukol sa mga mahahalagang konsepto na hinihiling sa mga naihandang gawain.
- Nakapagsusuri ng mga artikulo, larawan, videoclip, kanta at iba pang multimedia upang mapagtagumpayan ang mga aktibidades ng araling ito.
- Nakapagsasagawa ng iba't ibang pamamamaraan, gawain o proyekto na may kinalaman sa pagpapakita ng papel ng isang responsible at aktibong mamamayan sa pagkamit ng pamayanang may paggalang at respeto sa kapwa tungo sa pagkakapantay-pantay.
- Nakasusunod sa mga panuto upang makagawa ng iba't-ibang gawain gamit ang mga web 2.0 at iba pang mga aplikasyon.

PRE-ASSESSMENT

> Bago mo tuklasin kung anu-ano ang mga gawain, pagsubok at bagong kaalaman na naghihintay sa iyo sa modyul na ito, atin munang alamin ang lawak at lalim ng iyong kaalaman tungkol sa paksang sakop nito. Basahin ng may pag-intindi ang mga sumusunod na katanungan at i-click ang letra ng opsiyon na sa tingin mo ay siyang tamang sagot. Siguraduhing walang aytem na hindi masasagutan at pagkatapos, bigyang pansin ang mga aytem kung saan ka nagkamali at tuklasin ang mga tamang sagot nito habang pinag-aaralan mo ang modyul.

A 1. Ang kahulugan sa acronym na LGBTQ

a. Legally Gay, Blonde, Totally Queer
b. Lesbian, Gay, Bi-sexual, Transgender, Queer
c. Literate, Gaiety, Beauty, Tattle, Queen
d. Love, Grace, Beauty, Trust, Quaint

A 2. Ang Gender Expression ay isang termino na may kahulugang:

a. Pamamaraang nagpapakita ng kataglayang masculinity o femininity.
b. Pamamaraang gusto ng sarili kung paano maintindihan ng iba.
c. Pamamaraang pag-istilo ng buhok, pagpili ng kasuotan at katayuan.
d. Ang lahat ng mga pamamaraang nabanggit sa itaas.

A.3. Suriin ang larawan at sagutan ang tanong:

Paano kaya magkaroon ng malayang kalooban ang bawat tao na LGBTQ?

a. kung ang local na pamayanan ay nagpapakita ng pag-unawa at pagtanggap sa mga LGBTQ
b. kung ang bawat miyembro ng pamilya ay nakakatunggali sa isang LGBTQ na kasapi
c. kung ang LGBTQ ay palaging pinakikitaan ng kasamaang-loob sa LGBTQ sa mga kasiyahan.
d. kung ang local na pamahalaan ay nagpapatupad ng mga ordinansang nagbabawal sa LGBTQ sa mga kasiyahan.

M 4. Basahin at suriin ang mga sumunod na sitwasyon. Sagutan ang tanong sa ibaba.

SITWASYON#1
Mameta Endo ay nagpasimuno sa Japan ng isang kilusan para sa "International Day Against Homophobia and Transphobia (IDAHOT), na idinaraos sa 17 sa buwan ng Mayo. Siya ngayon ay director sa naturang IDAHOT-net Japan (simula 2007).

SITWASYON #2
Ang Office of the United Nations High Commissioner for Human Rights (OHCHR) ay nagtalaga ng isang bago at mapilit na two-minute video/public service announcement (PSA) na nagbibigay pokus sa impak ng homophobic and transphobic violence at discriminasyon sa buong daigdig. Ang PSA na "The Riddle", ay kumakatawan sa mga boses ng mga taong may iba't ibang kasarian at gender orientation. Layunin nito na mapaigting ang mga damdamin at mapalalim ang kaisipan ng publiko.

SITWASYON# 3
Ang Agusan del Norte ay nagpasa na ng ordinansang " anti-discrimination ordinance (ADO)" na nagbigay proteksyon sa lahat ng mga tao kahit ano man ang sexual orientation at gender identity at expression (SOGIE) nila. Ito ay ang Provincial Ordinance No. 358-2014 noong Julyo 21, 2014. Ang ordinansa ay nagbabawal sa diskriminasyon batay sa edad, kapansanan, ethnicity, kalusugan, physical na anyo, politikal affiliation, relihiyon, at social status.

Batay sa tatlong nabasang sitwasyon, paano maitataguyod ang isang pamayanang may paggalang at respeto sa kapwa tungo sa pagkakapantay-pantay?

a. Kapag nagpapatuloy sa mga pakikibaka laban sa mga organisadong LGBTQ.
b. Kapag makagawa ng mga ordinansang pangkalusugan at pang-kapayapaan.
c. Kapag lahat ng tao ay nakapagpakita na ng mataas na kamalayan sa pagkakaiba-iba ng uri, kasarian, sexual orientation, gender identity at expression, at kaya nitong mamumuhay na mapayapa, magka-isa, at magtulungan.
d. Kapag napasali na ang mga agenda ng LGBTQ sa SONA ng pangulo.

T 5. Ang Philippine Information Agency (PIA) ay nagpapasimuno ng isang programang pangradyo na pinamagatang “Maki-alam Tayo”. Kung ikaw ay isang may pakanang mamamayan ano ang isusulong mo upang mapaigting ang kaalaman at partisipasyon ng nakararami?

a. Ang pagkakaroon ng mas mabuting kalagayang pang-ekonomiya para sa mga manggagawang LGBTQ.
b. Ang mapadami ang pangangalakal ng mga artistang LGBTQ.
c. Ang pagbabawas ng buwis sa mga mamamayang LGBTQ.
d. Ang pagsulong at pagsuporta sa isang ordinansa na nagbabawal sa diskriminasyon batay sa edad, kapansanan, ethnicity, kalusugan, physical na anyo, politikal affiliation, relihiyon, at social status.

A 6. Alin sa mga sumusunod na pangungusap ang tumutukoy sa konsepto ng kasarian?

a. biolohikal na pagkakaiba ng babae at lalaki
b. pagkakaiba-iba ng pananaw ng babae at lalaki
c. mga inaasahang gampanin ng babae at lalaki batay sa kultural at panglipunang alintuntunin
d. wala itong kaibahan sa konsepto ng seks

A 7. Ang sumusunod ay mga dahilan kung bakit nagkakaroon ng pagbabago sa gender roles sa kasalukuyang panahon, maliban sa

a. pagkakaroon ng mataas na antas ng edukasyon
b. pag iigting ng mga batas para sa gender equality
c. pagprepreserba ng kultura at tradisyon
d. pagbibigay tugon sa mga pangkabuhayang panganagailangan

P8. Basahin ang artikulo na pinamagatang, Gender Roles Change at Work and Home (http://workingmoms.about.com/od/workingmomsresearch/a/GenderRoles.htm)

Batay sa artikulo, ano ang naging reaksyon ng mga kalalakihan sa pagbabago ng gender roles?

a. Hindi tanggap sa kanila ang gawin ang mga tradisyonal na gawain ng kababaihan
b. Masama ang kanilang loob sa pagbabago ng gender roles sa kasalukuyan
c. Kunti lamang sa mga kalalakihan ang tanggap ito
d. Unti-unti nilang tinatanggap ang pagbabago ng gender roles

M9. Suriin ang mga sumusunod na sanggunian:
Education Gender Equity and Building a Harmonious Society of Gender (http://www.anpaper.com/education/education-gender-equity-and-building-aharmonious-society-of-gender.html)

Gender Equality
https://www.youtube.com/watch?v=j85fGU3PeeY

Alin sa mga sumusunod ang mabisang paraan upang maitaguyod ang pamayanang may paggalang at respeto sa kapwa tungo sa pagkapantay-pantay?

a. pagtanggap sa mga tradisyunal na gender roles
b. pagkakaroon ng kamalayan sa mga isyu, hamon at batas sa kasarian at lipunan
c. paghadlang sa mga lipunang pagbabago patungkol sa kasarian
d. pagbigay parusa sa mga hindi sumusunod sa gender roles

M10. Bakit nagkakaroon ng mga diskriminasyong pangkasarian sa kasalukuyang panahon?

a. Hindi matangap ng mga kalalakihan na mas mahusay ang mga kababaihan
b. Naniniwala pa rin ang karamihan na ang lugar ng kababaihan sa lipunan ay sa bahay lamang
c. May mga lipunan na kulang ang kanilang kamalayan sa mga isyu, hamon at batas na may kaugnayan sa kasarian
d. Mababa pa rin ang tingin sa kababaihan dahil sa pagiging mahina

T11. Ayon sa ulat ng NCSB, kapansin pansin na sa loob ng mga nagdaang taon, tumataas ang bahagi ng kababaihan sa tinatawag na labor force . Subalit, nanatiling malaki pa rin ang agwat sa pagitan ng kalalakihan at kababaihan kung “labor force participation rate” ang pag-uusapan. Paano maitataguyod ang pagkapantay-pantay sa lipunan at maiwasan ang malaking agwat ng kalalakihan at kababaihan?

a. pag aralan ang mga isyu tungkol sa gender
b. gumawa ng adbokasiya na nagsusulong ng pagkapanatay pantay
c. sundin ang gender roles na inaasahan ng lipunan
d. hayaan na lamang na ganitong sitwasyon

A12. Dahil sa dumaraming bilang ng mga kabataan, kababaihan, at mg LGBT na nakararanas ng karahasan at diskriminasyon, ang mga kinatawan ng mga grupong nagsusulong sa karapatang pantao ay nagtipon-tipon noong Nobyembre 6-9, 2006 sa Indonesia upang pagtibayin ang isang pandaigdigang pakikibaka para sa isyu ng "sexual orientation" at "gender identity". Ano ang nagging bunga ng pagtitipon na ito?

a. Pagkakabuo ng Gender Development Plan Framework
b. Pagkakabuo ng Yogyakarta Principles
c. Pagkakabuo ng Komisyon ng Karapatang Pantao
d. Pagkakabuo ng Asosasyon ng LGBTQ

A13. Pag-aralan ang dayagram sa ibaba, anong pahayag ang nagpapakita ng ideya na nakapaloob sa dayagram? (http://www.washingtonpost.com/posteverything/wp/2014/06/10/the-best-way-to-end-violence-against-women-stop-taking-lovers-and-get-married/)



Figure 5–10. Incidence of Endangerment Standard Abuse by Family Structure and Living Arrangement.

a. Mas maraming mga batang nakikitira sa kanilang mga magulang ang inaabuso
b. Mas maraming mga bata na inaabuso ay mula sa mga pamilya ng naghiwalay na mga magulang
c. Mas maraming batang naabuso ay mula sa tahanan kung saan wala ang legal na ama ng tahanan at ang ina ay may bagong asawa o kinakasama
d. as maraming bata ang inaabuso ng kanilang sariling mga ina at ama

A14. Suriin ang dayagram sa ibaba at piliin sa mga pahayag ang heneralisasyong HINDI angkop para ditto



a. Ang lahat ng mga babae ay maaaring makaranas ng karahasan at diskriminasyon saan man sa mundo
b. Mas maraming mga magagandang babae na walang asawa ang nakararanas ng karahasan at diskriminasyon
c. Mas maraming mga may-asawang babae ang hindi nakararanas ng karahasan at diskriminasyon
d. Mas maraming babaeng iniwan o hiwalay na sa asawa ang nakararanas ng karahasan at diskriminasyon

M15. Suriin ang mga pahayag sa ibaba. Anong mahalagang katotohanan tungkol sa mga kababaihan ang ipinapahiwatig ng mga ito?

i. Today girls like you have more opportunity and choices than ever before
– just remember all choices come with tradeoffs.
- Excerpt from Dear Daughter

ii. Certainly the "wage gap" — the idea that differences between men and women's average earnings is evidence that women are routinely discriminated against — is a pervasive and pernicious myth
- Dir. Carrie Lukas of IWF

iii. Women of all cultures, races, occupations, income levels, and ages are battered - by husbands, boyfriends, lovers and partners.
- Surgeon General Antonia Novello, Cambridge, MA

a. Ang karahasan at diskriminasyon sa mga kababaihan ay isang sakit ng lipunan sa buong mundo na nangangailangan ng agarang tugon
b. Ang lumalalang karahasan at diskriminasyon sa mga kababaihan sa buong mundo ay dulot ng kultura, kawalan ng batas ukol dito, at mababang antas ng edukasyon

c. Ang mga kababaihan ay unti-unti nang nagigising upang ipaglaban ang kanilang mga karapatan
d. Ang isyu ng mga kababaihan sa buong mundo ay patuloy na pinapalala ng mga pandaigdigang di pagkakaunawaan

M16. Pagnilayan ang mga sumusunod na news headline at bumuo ng isang heneralisasyon kung paano makakamit ang isang pamayanang may paggalang at respeto tungo sa pagkakapantay-pantay?

I. SC declares Anti-Violence Against Women Law constitutional - See more at: http://asianjournal.com/news/sc-declares-anti-violence-against-women-law-constitutional/#sthash.F4XIfZCt.dpuf

II. On the Constitutionality of the Anti-Violence Against Women and their Children Act of 2004 By Carlo Enrico C. Alojado:
Amidst the more controversial and politically charged news of the day, there has been a steady increase of media coverage on cases involving celebrities involved in a special category of cases, more commonly known as "Anti-VAWC" cases or cases of violence against women and children.
Anti-VAWC cases are governed by Republic Act No. 9262 ("RA 9262"). (http://www.accralaw.com/publications/constitutionality-anti-violence-against-women-and-their-children-act-2004)

III. School Violence How Prevalent is it?
As teachers, parents and students prepare and begin this new school year, hopefully fears of school violence such as the Columbine shootings will not be their major concern. What is sad is that school violence needs to be a concern at all. The fact is, violence of one sort or another is part of many schools today. Fortunately, this usually involves a small group of people fighting amongst themselves. In a recently completed study of the Class of 2000,
CBS News found that 96% of students said they felt safe in school. (http://712educators.about.com/cs/schoolviolence/a/schoolviolence.htm?utm_term=article%20on%20violence&utm_content=p1-main-1-title&utm_medium=sem&utm_source=google&utm_campaign=adid-f1a0d626-9ab6-4cdf-8c7b-d6b91899d55d-0-ab_gsb_ocode-12484&ad=semD&an=google_s&am=broad&q=article%20on%20violence&dqi=&o=12484&l=sem&qsrc=999&askid=f1a0d626-9ab6-4cdf-8c7b-d6b91899d55d-0-ab_gsb)

a. Ang pagkamit ng pamayanang may pagkakapantay-pantay ay responsibilidad ng lahat at hindi ng iilan
b. Ang paglalagay ng tuldok sa circulo ng karahasan ay responsibilidad ng mga abogado at ng Korte Suprema
c. Ang pagkamit ng pantay pantay na pamayanan ay dapat itinuturo sa bahay at paaralan
d. Ang pagkakaroon ng pamayanang may pagkakapantay-pantay ay ninanais ng lahat ng pamilyang Pilipino

M17. Basahin ang artikulo na nasa url link.
http://www.aasas.ca/index.php/main/page/myths-realities-societys-misconceptions-2010-11-02-12-11-02
Bilang isang mag-aaral ng Grade 10 at isang responsableng mamamayanan ng iyong pamayanan, paano kaya masosolusyunan ang lumalalang antas ng karahasan at diskriminasyon sa mga kababaihan, kabataan, at LGBTQ?

a. Ang mga kababaihan ay dapat bumuo ng mga organisasyong magsusulong sa pagkakaroon ng mga batas upang sila ay maprotektahan
b. Ang Pamahalaan ay dapat bumuo ng mas malakas na batas upang masugpo ang mga karahasan at diskriminasyon sa mga kababaihan, kabataan, at LGBTQ
c. Ang kaalaman, pakikilahok at pakikialam ng lahat ng mga sektor ng lipunan at mga mamamayan tungkol sa isyu ng kasarian at diskriminasyon ay kailangang upang masugpo ang karahasan at diskriminasyon sa lipunan
d. Ang karahasan at diskriminasyon ay dapat gawing isang paksa sa lahat ng mga asignatura sa elementarya at hayskul upang mapalawak ang kanilang kaalaman

M18. Paano nakakatulong ang iba't-ibang kampanya ukol sa karahasan at diskriminasyon ng mga kababaihan upang makamit ang isang pamayanan na may paggalang at respeto?

a. Ang mga kampanya ukol sa karahasan at diskriminasyon ay nagsisilbing daan upang palawakin ang kaalaman ng publiko ukol sa paksa at sa mga responsibilidad na mayroon sila upang matigil na ang karahasan.
b. Ang mga kampanya ukol sa karahasan at diskriminasyon ay isang daan upang maipakilala ang iba't-ibang mga tao na nasa likod ng mga nabanggit na kampanya
c. Ang mga kampanya ukol sa karahasan at diskriminasyon ay instrumento upang maipaalala sa gobyerno ang kanilang tungkulin na pangalagaan ang mga mamamayan nito laban sa karahasan at diskriminasyon
d. Ang mga kampanya ukol sa karahasan at diskriminasyon ay daan upang ang mga tao sa iba't-ibang mundo ay magising sa katotohanang sila ay may pakialam

T19. Napag-alamang sa inyong bayan ay maraming mga bata at kababaihan ang inaabuso ng mg miyembro ng kanilang sariling pamilya. Hindi nga lamang ito naipapaabot sa polisya o sa kinauukulan dahil sa paniniwala na walang miyembro ng pamilya ang bibitaw sa isa't-isa. Ikaw ay batang lumaki sa siyudad subalit dahil sa paglipat ng trabaho, napilitan ka at ng iyong pamilya na bumalik sa inyong bayan upang doon na ipagpatuloy ang pag-aaral. Sa eskuwelahan, ikaw ay itinalaga ng iyong Scout Master na siyang kinatawan

ng paaralan para sa Chief Medal Girl Scout Award, isang patimpalak para kilalanin ang mga Girl Scout sa buong Pilipinas na may malaking kontribusyon sa pagpapabuti ng lipunang kanilang inabibilangan. Ang proyektong naisip mo na gagawin ay ang pagbabago sa paniniwala ng iyong mga ka-tribo ukol sa pagtatago sa karahasang nangyayari sa mga bata at babaeng miyembro ng kanilang pamilya. Paano mo kaya ito isasagawa?

a. Gagawa ka ng Dokumentary bidyo ukol sa karahasang nagaganap sa mga kabataan at kababaihan at ipapanood ito sa mga kaklase upang magkaroon sila ng kaalaman ukol sa mga pangyayaring ito
b. Bubuo ka ng isang grupo na gagawa ng isang Case Analysis na magpapatunay sa pagkakaroon ng karahasan sa inyong lugar at ipi-prisenta ito sa mga guro, at kinauukulan para sa nararapat na aksiyon gaya ng kampanya para sa kaalaman at responsibilidad ng mga mamamayan
c. Magsasagawa ng isang Forum kung saan tatalakayin ang mga epekto ng karahasan sa mga bata at mga kababaihan lalo na sa kanilang pisikal, emosyonal, at sikolohikal na aspeto
d. Maglalathala ng isang artikulo sa mga pahayagang nakaaabot sa iyong bayan na tumutuligsa sa karahasang nagaganap sa mga bata at kababaihan dito

T20. Sa darating na 2016 Election, may posibilidad na magbabago ang mga miyembro ng gabinete ng pangulo. Ang lahat ay binigyan ng oportunidad na makasali sa mga pagpipilian para sa iba't-ibang mga posisyon. Ikaw ay matagal ng kinatawan ng sektor ng mga Kabataan, Kababaihan, at LGBTQ na isa sa mga nabigyan ng pagkakataong magpasa ng isang reporma sa larangan ng Edukasyon para mapalawak ang kaalaman ng publiko ukol sa adhikain ng sektor na iyong kinabibilangan. Anong reporma ang iyong isusulong?

a. Pagdagdag ng sahod ng mga kawani ng Departamento ng Edukasyon at lahat ng guro sa pampublikong paaralan kapalit ng aktibong pakikilahok ng mga ito sa mga kampanya tungo sa pagkilala sa mga karapatan ng mga kabataan, kababaihan, at LGBTQ
b. Pag-pasa ng isang batas na kikilala sa mmga karapatan ng LGBTQ lalo na sa kanilang pananamit, pananalita, paniniwala at iba pa
c. Pagsusulong na gawing isang asignatura ang pag-aaral sa mga isyu tungkol sa Mga Hamon sa Kasarian at Seks sa Elementarya at Sekundaryang Antas upang mapaigting ang kaalaman ng publiko ukol sa mga isyu at responsibilidad mayroon sila tungkol dito

d. Gawing sapilitan ang pagtanggap sa mga kababaihan at LGBTQ sa mga gawain at trabaho na dati ay para sa mga lalaki lamang at ito ay dapat na mayroong kompensasyon na kagaya rin ng sa mga kalalakihan

Magaling! Iyong nasagutan lahat ng mga katanungan sa pagsusulit sa loob lamang ng itinakdang oras. Atin ngayong tuklasin kung ang mga sagot mo ay tama at kung hindi naman ay alamin natin kung bakit ito ay mali. Pakatandaan ang mga aytem na hindi wasto ang sagot habang iyong isinasagawa ang mga Gawain sa modyul na ito. Atin na itong simulan!

PAGTUKLAS

Ang ina ay itinuturing na siyang tanglaw ng tahanan, siya ang nagbibigay gabay sa mga miyembro ng pamilya upang manatili itong buo, solido, at lumagong may tamang disiplina at sapat na pagmamahal. Kung ganito kahalaga ang isang ina, hindi ba't nangangahulugan din ito na dapat pahalagahan ng lipunan ang mga kababaihan na siyang pinagmumulan ng mga ilaw ng tahanan?

Sa modyul na ito, magkakaroon ka ng pagkakataong pag-aralan ang papel ng mga kababaihan sa ating lipunan, ang papel ng lipunan para maprotektahan ang mga kababaihan, at ang papel ng mga mamamayan tungo sa pagkamit ng pamayanang may respeto at paggalang tungo sa pagkakapantay-pantay. Inaasahan din na sa iyong pagdiskubre sa mga gawaing nasa module na ito, masasagot mo kung paano maitataguyod ang isang pamayanang may paggalang at respeto sa kapwa tungo sa pagkakapantay-pantay at kung paano makakatulong ang isang responsableng mamamayang kagaya mo sa pagkamit ng isang pamayanang may paggalang at respeto sa kapwa tungo sa pagkakapantay-pantay?

Simulan natin ang modyul na ito sa pamamagitan ng pagtataya ng iyong mga nalalaman kung paano makakamit at maitataguyod ang isang pamayanang may paggalang at respeto sa kapwa tungo sa pagkakapantay-pantay. Na kanino nga ba ang responsibilidad na wakasan ang karahasan at diskriminasyon ng mga kababaihan, kabataan at LGBTQ? Iyo itong sasagutin at gagawin sa tulong ng mga sumusunod na gawain.

GAWAIN 20 Isip- isip!

Panuto: Alamin muna natin ang mga bagay na alam mo na tungkol sa mga paraan para makamtan natin at maitaguyod ang isang pamayanang may paggalang at respeto sa kapwa tungo sa pagkakapantay-pantay sa pamamagitan ng iyong pagsagot sa Initial Answer na bahagi ng IRF Worksheet.

THE IRF WORKSHEET
Paano maitataguyod ang isang pamayanang may paggalang at respeto sa kapwa tungo sa pagkakapantay-pantay? At paano makakatulong ang isang aktibo at responsableng mamamayan sa pagtataguyod ng isang pamayanang may paggalang at respeto sa kapwa tungo sa pagkakapantay-pantay? **Initial Answer:**
Revised Answer:
Final Answer:

Mga Pamprosesong Tanong:

1. Paano mo ilalarawan ang isang pamayanang may paggalang at respeto sa kapwa?
2. Masasabi mo ba na masarap tumira sa pamayanang may paggalang at respeto sa kapwa?
3. Makakabuti ba sa mga mamamayan kung ang mga tao dito ay may paggalang at respeto sa kapwa?
4. Paano kaya maitataguyod ang isang pamayanang may paggalang at respeto sa kapwa dito sa ating bansa?
5. Paano makakatulong ang isang aktibo at responsableng mamamayan sa pagkamit ng pamayanang may paggalang at respeto sa kapwa tungo sa pagkakapantay-pantay?

Ngayon naman, bigyan natin ng pokus ang mga pangyayari sa ating paligid na maaaring makapagbigay linaw sa atin tungkol sa mga konseptong itinuturing na mahalaga sa pag-aaral ng paksa ng modyul na ito. Isagawa ng may galak at determinasyon ang susunod na mga gawain.

GAWAIN 21 Sa Mata ng Isang Bata!

Panuto:

1. I-click ang URL LINK na http://www.youtube.com/watch?v=sLz6B-gkm_4 at panoorin ang kuwento ng dalawang batang ulila at ang kanilang debosyon sa kanilang ina at ang patuloy nilang paghahanap sa kalinga at pagmamahal nito. Pakatandaan kung anong emosyon ang namutawi habang iyong pinapanood ang nasabing bidyo. Bigyan mo din ng pansin ang sagot sa sumusunod na mga tanong.

Mga Pamprosesong Tanong:

1. Saan kinunan ang unang eksena sa bidyo? Ano ang ipinapahiwatig nito sa estado sa lipunan ng mga batang bida sa bidyo?
2. Anong mahalagang okasyon sa India ang ipinagdiriwang sa bidyo?
3. Saan at kasama nino, nais ipagdiwang ng dalawang bata ang okasyong ito?
4. Paano narating ng dalawang bata ang kanilang destinasyon? Naging madali ba ang kanilang paglalakbay?
5. Anong klaseng tao kaya ang hinahanap ng dalawang bata na kahit maraming mga hadlang, pinilit pa rin nilang marating ang kinaroroonan nito?
6. Kung ikaw yung may-ari ng sasakyan na pinagtaguan ng dalawang bata, gagawin mo din ba ang ginawa niya na paghahatid sa mga bata sa patutunguhan nila? Bakit?
7. Ano ang papel ng mga mamamayan upang makamit ang isang lipunang naglalayong gawing mas masaya at mabuti ang kalagayan ng mga bata?

GAWAIN 22 Picture-Suri!

Ngayon naman, iyong pagmasdan ang mga larawang nasa ibaba at bigyang pansin ang paglalarawan (portrayal) ng ating lipunan sa mga kababaihan nito.

Larawan 1:

Larawan 2:



Larawan 3:

Mga Pamprosesong Tanong:

1. Paano inilalarawan ang mga kababaihan sa larawan 1? Sa larawan 2? Sa larawan 3?
2. Sa aling larawan natin makikita na masaya at kuntento ang babae sa kanyang estado sa buhay? Bakit mo ito nasabi?
3. Ano-anong salik ang makikita sa larawan na nagpapakita ng diskriminasyon sa mga kababaihan?
4. Sa palagay mo, aling larawan ang laganap na nangyayari sa inyong komunidad? Bakit mo ito nasabi?
5. Bilang isang kabataan, ano kaya ang papel mo upang makamit ang isang lipunang may paggalang at respeto sa mga kababaihan at kabataan tungo sa pagkakapantay-pantay?

GAWAIN 23 Quiet Please!

Panuto: Pagnilayan ang sumusunod na mga pahayag at lagyan ng tsek sa kolumn na Anticipation ang mga aytem na sa tingin mo ay nagpapakita ng lipunang may paggalang at respeto tungo sa pagkakapantay-pantay, ekis naman ang ilagay sa aytem na sa palagay mo ay hindi nagpapakita ng konsepto ng lipunang may paggalang at respeto tungo sa pagkakapantay-pantay. Hayaang wala munang sagot ang kolumn na Reaction sapagkat iyo itong sasagutan sa susunod na bahagi ng modyul partikular na sa Gawain 21 ng Pagpapalalim.

AR GUIDE		
ANTICIPATION	STATEMENT	REACTION
	1. Ang isang lalaki ay may karapatang gawin ang kahit na ano pati ang pananakit sa kanyang asawang babae lalong lalo na kapag ito ay inabutan ng dowry.	
	2. Nagagawang saktan ng isang lalaki ang kanyang asawa sanhi ng sobrang pagmamahal at debosyon niya rito.	
	3. Kalimitan sa mga kalalakihang nananakit ng kanilang mga asawa ay ang mga hindi nakapagtapos sa kanilang pag-aaral at walang maayos na trabaho.	
	4. Dahil sa pag-inom ng alak, nasasaktan ng lalaki ang kanyang asawa subalit ito ay labag din sa kalooban ng mga lalaki.	

	5. Hindi dapat pakialaman ng ibang tao ang away mag-asawa o pananakit ng ama sa anak at asawa nito sapagkat ito ay problema lamang ng pamilya.	
	6. Mainam na pagtiisan ng isang ina ang pananakit ng kanyang asawa para lamang lumaki ang mga anak nito na may kinikilalang isang ama.	

Mga pamprosesong tanong:

1. Ano ang larawan ng isang pamayanang may pagkakapantay-pantay?
2. May kaibahan ba ang trato ng lipunan sa mga kababaihan kaysa sa mga kalalakihan?
3. Tunay nga bang ang mga babae ay mas mahina kaya dapat lamang na maging taga-sunod sa mga ninanais ng isang lalaki?
4. Bilang isang kabataan, ano ang mga maaari mong magawa upang mabago ang nosyon na ito at magkaroon ng paggalang at respeto sa kapwa sa iyong komunidad?

End of EXPLORE

Naibigay mo na ang iyong inisyal na kaalaman sa pamamagitan ng pagsagot sa iba't-ibang mga gawaing naihanda sa unang bahagi ng modyul na ito. Ngayon ay ating alamin at pagkumparahin ang iyong kasagutan sa kasagutan ng iyong mga kaklase. Habang ikaw ay naghahambing tuklasin mo kung ang iyong kaalaman ay may kaugnayan sa pamantayan. Habang ipinagpapatuoy mo ang modyul na ito, mapag-aaralan mo rin ang iba pang mga konsepto na makakatulong upang magawa mo ang pangwakas na proyekto dito. Ang proyekto ay ang paggawa ng isang adbokasiya na naglalayong makapagbigay ng matibay na pang-unawa sa kahalagahan ng pagkakaroon ng kamalayan sa mga isyu at hamon sa kasarian at lipunan na siyang daan upang maitaguyod ang isang pamayanang may paggalang at respeto sa kapwa tungo sa pagkakapantay-pantay. Umpisahan nating linangin ang iyong kaalaman sa pamamagitan ng susunod na gawain.

PAGLINANG/ PAGPAPATIBAY

Sa bahaging ito ng aralin, inaasahang matututunan mo ang iba't-ibang mahahalagang konsepto na may kinalaman sa tugon sa mga isyu at hamon sa kasarian at lipunan kagaya ng Yogyakarta Principle, Convention on the Elimination of Discrimination Against Women (CEDAW), Magna Carta for Women, Violence Against Women and Children (VAWC), at ang gampanin ng isang responsableng mamamayan sa pagkamit ng isang pamayanang may paggalang at respeto sa kapwa. Upang malaman mo ang mga iba't ibang mahahalagang ideya na ito, isagawa ng may pag-intindi ang mga sumusunod na gawain.

GAWAIN 24 Babae, Sino Ka Nga Ba?

Panuto: Basahin ng may pang-unawa nag sumusunod na tula at pagnilayan kung paano kukumpletuhin ang Frayer's Model sa ibaba. Sagutan din ang mga pamrosesong tanong na kasunod nito.

I GOT FLOWERS TODAY

I GOT FLOWERS TODAY
IT WASN'T MY BIRTHDAY OR ANY OTHER DAY.
WE HAD OUR FIRST ARGUMENT LAST NIGHT
AND HE SAID A LOT OF CRUEL THINGS THAT REALLY HURT ME
I KNOW HE IS SORRY AND DIDN'T MEAN THE THINGS HE SAID
BECAUSE HE SENT ME FLOWERS TODAY.
I GOT FLOWERS TODAY
IT WASN'T OUR ANNIVERSARY OR ANY OTHER SPECIAL DAY
LAST NIGHT HE THREW ME INTO THE WALL AND STARTED TO CHOKE ME
IT SEEMED LIKE A NIGHTMARE I COULDN'T BELIEVE IT WAS REAL
I WOKE UP THIS MORNING SORE AND BRUISED ALL OVER
I KNOW HE MUST BE SORRY…BECAUSE HE SENT ME FLOWERS TODAY.
I GOT FLOWERS TODAY
AND IT WASN'T MOTHER'S DAY OR ANY SPECIAL DAY
LAST NIGHT HE BEAT ME UP AGAIN. AND IT WAS MUCH WORSE THAN ALL THE OTHER TIMES
IF I LEAVE HIM WHAT WILL I DO? HOW WILL I TAKE CARE OF MY KIDS? WHAT ABOUT MONEY?
I'M AFRAID OF HIM AND SCARED TO LEAVE.
BUT I KNOW HE MUST BE SORRY…BECAUSE HE SENT ME FLOWERS TODAY.

I GOT FLOWERS TODAY. TODAY WAS A VERY SPECIAL DAY. LAST NIGHT, HE FINALLY KILLED ME.
HE BEAT ME TO DEATH.
IF ONLY I HAVE GATHERED ENOUGH COURAGE AND STRENGTH TO LEAVE HIM.
I WOULD NOT HAVE GOTTEN FLOWERS TODAY.

Magtala ng pagpapakahulugan sa salitang babae ayon sa tula:	Magtala ng mga katangian ng babae na ipinapakita sa tulang binasa:
Magsulat ng mga halimbawa ng babae na inilalarawan sa tula:	Magsulat ng hindi halimbawa ng mga babae na inilalarawan sa tula:

BABAE

Mga Pamprosesong Tanong:

1. Anong damdamin ang namayani sa iyo habang binabasa mo ang tula? Bakit?
2. Masaya ba ang nagsasalita sa tula? Anong damdamin ang nais ipalabas ng “boses” sa likod ng tula?
3. Sino-sino ang mga karakter na ipinapakita sa tula? Ano-ano ang mga katangian nila?
4. Papaano nagwakas ang kuwento ng nagsasalaysay sa tula?
5. Kung ikaw ang tauhan sa tula, papaano mo kaya babaguhin ang wakas ng kuwento mo?
6. Bilang isang mamamayan, paano ka makakatulong upang hindi magpatuloy ang kuwento ng karahasan at kalungkutan na dulot ng mga pangyayari na ipinapahiwatig ng tula?

GAWAIN 25 Kuwento Mo, Kuwento Natin!

Panuto: I-click ang URL link na nasa ibaba at tuklasin ang isang kuwento na magbubukas sa iyong kaisipan tungkol sa mga kuwento na hindi natin karaniwang nakikita at naririnig, mga kuwento na kung walang mga mangangahas na magsisiwalat ay mananatiling nakatago sa mata ng publiko.

Bago ka magtungo sa mga pamprosesong tanong, kilalanin muna natin ang bidsa kuwento/ pelikula sa pamamagitan ng pagkumpleto sa Character Map sa ibaba. Ito rin ang gawing gabay sa pagsagot sa mga pamprosesong katanungan.

http://www.imdb.com/title/tt1277737/synopsis

(The Stoning of Soraya M, kuwento ng isang babae na nagpapakita ng estado ng mga babae sa lipunan ng India)



Mga Pamprosesong Tanong:

1. Ano ang mensahe ng pelikula/ kuwento?
2. Naging makatarungan ba ang ginawa ng asawa ni Soraya sa kanya? Ang ginawa ng komunidad na pagpaparusa sa kanya, makatwiran ba ito? Patunayan ang sagot.
3. Anong paniniwala o tradisyon sa komunidad ni Soraya ang nagpalala sa kanyang kaso? Sumasang-ayon ka ba sa paniniwalang ito?
4. Paano kaya mababago ang kuwento ng mga kababaihang kagaya ni Soraya M?
5. Paano nakatulong ang tiyahin ni Soraya at ang mamamahayag na naglabas ng kuwentong ito upang makamit ang pagbabago para sa mga kagaya ni Soraya o sa mg kababaihan sa pangkalahatan?
6. Gaano kahalaga ang bawat isa sa mga mamamayan sa lipunan upang makamit ang isang pamayanang may paggalang at respeto sa kapwa?



GAWAIN 26 Kaalaman Panangga sa Karahasan!

Ngayong alam no na kung gaano kaseryoso ang mga pinagdadaanan ng mga kababaihan sa iba't-ibang lipunan na dulot ng kanilang kasarian, iyo naming aalamin ang mga iba't-ibang hakbang na isinasagawa ng mundo at ng ating sariling pamahalaan sa Pilipinas upang unti-unting makilala ang mga karapatan ng mga kababaihan at mabawasan kundi man mawakasan ang mga karahasan at diskriminasyong kanilang natatamo sanhi ng kanilang kasarian.

Panuto: Alamin ang tugon ng Pandaigdigang Samahan sa lumalawak na isyu ng karahasan at diskriminasyon sa mga kababaihan sa pamamagitan ng pagbabasa at pagsasagawa sa mga sumusunod:

a. I-click ang URL Link na www.yogyakartaprinciples.org/principles_en.htm at alamin kung ano ang ibig sabihin at nilalaman ng Yogyakarta Principles.
b. Gawan din ito ng balangkas gamit ang website na rwtinteractives.ncte.org/view_interactive.aspx?id=722
c. Gamit ang iyong nagawang balangkas, gumawa ka ng flashcard tungkol sa mga mahahalagang kataga na may kaugnayan sa Yogyakarta Principles. Isagawa ang gawaing ito gamit ang website na www.cambridgeonline.com/flashcard_maker/
Piliin ang 8 cards/sheet at maaaring gumawa ng sariling larawan ng iyong flashcard sa tulong ng MS Paint o di kaya ay gamitin lamang ang mga larawang nasa website. Ang kumpletong flashcard ay iyong i-screenshot at i-email sa guro.

Mga Pamprosesong Tanong para sa Yogyakarta Principle:
1. Ano ang Yogyakarta Principle at kailan ito nabuo?
2. Ano-ano ang nilalaman ng principle na ito?
3. Bakit mahalaga ang Yogyakarta Principle?
4. Ayon sa prinsipyong ito, paano maitataguyod ang isang pamayanang may paggalang at respeto sa kapwa?

d. Ngayon naman, ating pag-aralan ang pagsasanib ng iba't-ibang mga bansa upang mabuo ang Convention on the Elimination of Discrimination against Women sa pamamagitan ng pag-click sa URL Link na www.un.org/womenwatch/daw/cedaw/
e. Gawan ng buod ang nilalaman ng CEDAW gamit ang Sum It Up worksheet na makikita sa www.readingquest.org/strat/summarize.html
Pagkatapos ma-download ang worksheet at makumpleto ito, i-screenshot din ito at i-email sa guro.

Mga Pamprosesong Tanong para sa CEDAW:
1. Ano ang ibig sabihin ng CEDAW at papaano ito nabuo?
2. Bakit nabuo ang CEDAW?
3. Paano makakatulong ang CEDAW sa pagkamit ng isang pamayanang may pagkakapantay-pantay?
4. Bilang isang mag-aaral at isang kabataan, gaano kahalaga ang papel mo upang mapagtibay ang adhikain ng CEDAW at maitaguyod ang pamayanang may paggalang at respeto?

GAWAIN 27 Paghambingin Natin!

Ngayong nakalikom ka na ng mga ideya tungkol sa mga tugon ng pandaigdigang samahan sa isyu at hamon sa kasarian at lipunan, atin namang tayain ang iyong kaalaman sa pamamagitan ng pagsagot at pagkumpleto mo sa grapikong ito:

KONTEKSTO	YOGYAKARTA PRINCIPLES	CEDAW
MGA NILALAMAN		
PARAAN NG PAGTUGON SA ISYU NG MGA KABABAIHAN		
Sa kabuuan, aking natutunan na ang tugon ng pandaigdigang samahan sa karahasan at diskriminasyon ay….. Akin ding napagtanto na ang usapin ukol sa karahasan at diskriminasyon ay hindi lamang responsibilidad ng gobyerno, ako bilang mamamayan ay may magagawa rin at ito ay ang…		

Sa puntong ito, iyong bibigyan ng pangwakas na buod ang iyong mga natutunan sa mga gawaing iyo nang naisagawa.

GAWAIN 28 Paglalagom!

Panuto: Bilang pagbubuod sa mga nagawa ng pandaigdigang samahan ukol sa karahasan at diskriminasyong kinakaharap ng mga kababaihan,

1. I-click ang URL Link na www.readingquest.org/pdf/closure_frame.pdf . Kumpletuhin ang worksheet na ito
2. Gaya ng mga naunang worksheet ay i-screenshot ito at muling i-email sa guro.

3. Pagkatapos, suriin mo ang nasa loob ng My Robot bubble speech balloon at punan mo ito.



GAWAIN 29 Aksiyon Pinas!

Kaisa ang ating bansa sa mga bansang nagtataguyod sa mga adhikain ng Yogyakarta Principle at ng CEDAW kaya naman ating tuklasin ang mga nagawa nito ukol sa mga isyung ating pinag-aaralan.

Panuto: Basahin ang batas na naglalayong patibayin ang papel ng mga pilipina sa lipunan at proteksiyonan ang mga ito sa iba't-ibang uri ng karahasan at diskriminasyon. I-click ang website link na http://www.lawphil.net/statutes/repacts/ra2009/ra_9710_2009.html at kumpletuhin ang sandwich summary graphic organizer na ito:



Mga Pamprosesong Tanong:

1. Para kanino ang Batas Pambansa 9710?
2. Ano-ano ang probisyon ng batas na ito?
3. Masasabi bang pruweba ang batas na ito sa pakikibahagi ng ating bansa sa pagtataguyod ng isang pamayanang may paggalang at respeto sa kapwa tungo sa pagkakapantay-pantay?
4. Paano pinapagtibay ng batas na ito ang papel na ginagampanan ng bawat miyembro ng lipunan upang maitaguyod ang pamayanan kung saan ang lahat ay pantay-pantay?

Magaling! Iyong nakumpleto at nasagutan ang naihandang mga gawain para sa iyo. Para sa karagdagang mga kaalaman tungkol sa R.A. 9710 o ang Magna Carta for Women, maaari mo ring i-click ang url link na http://census.gov.ph/content/q-magna-carta-women-republic-act-no-9710 at alamin pa ang mga mahahalagang konsepto ukol dito. Gamitin din ang

www.evernote.com para maitala mo ang mga importanteng konsepto ukol sa nasabing paksa.

GAWAIN 30 VAWC, Pagsulong sa Karapatan!

Panuto: Iyo namang pag-aralan ang isa pa sa mahalagang aksiyon ng ating bansa upang masugpo ang karahasan at diskriminasyong nararanasan ng ating mga kababaihan at kabataan. Buksan ang power point presentation ng isa sa mga kilalang abogado sa ating bansa sa website na www.google.com.ph/?gfe-rd-dojregionaloffice1.files.wordpress.com/anti-vawc-ra-9262-swu-march-10-2007.ppt at kumpletuhin ang organizer na ito:



Mga Pamprosesong Tanong:

1. Sino-sino ang binibigyang proteksiyon ng batas na R.A. 9262?
2. Ano-ano ang uri ng karahasan at diskriminasyon na maaaring maranasan ng kababaihan o kabataan?
3. Sino-sino ang maaaring magreklamo laban sa taong nananakit sa mga biktima?
4. Ang pagiging isang asawa o am aba ng isang lalaki ay nakapagbibigay ng karapatan upang saktan niya ang kanyang asawa o mga anak? Patunayan ang sagot?
5. Gaano kahalaga ang papel ng bawat mamamayan sa lipunan upang matuldukan ang “Cycle of Violence”?
6. Paano makakatulong ang isang batang kagaya mo upang maging epektibo ang Batas Pambansa 9262 at makamit natin ang lipunan kung saan malaya sa karahasan at diskriminasyon ang mga kababaihan at kabataan?

GAWAIN 31 3-2-1 Chart

Muling balikan ang mga gawaing iyong isinagawa ukol sa aksiyon ng pamahalaang Pilipinas sa pagpigil sa karahasan at diskriminasyon laban sa mga kababaihan at mga bata.

Panuto: Pag-aralang mabuti ang 3-2-1 Chart na nasa ibaba at sagutan ito ng tapat upang mataya natin kung hanggang saan na ang iyong natutunan ukol sa paksa at kung ano pang katanungan ang mayroon ka tungkol dito. Tandaanan din ang mga tanong na nais mo pang masagot at gawin itong gabay habang isinasagawa ang mga susunod pang mga gawain.


Name _____ Date _____

3 - 2 - 1

Topic _____

3 Things I Learned

1. _____
2. _____
3. _____

2 Interesting Facts

1. _____
2. _____

1 Question I Have

1. _____

Sa puntong ito, masasabi ko na tinutugunan ng pamahalaan ng Pilipinas ang isyu tungkol sa karahasan at diskrimunasyon sa mga bata at kababaihan sa pamamagitan ng

_____

at natutunan ko din na ang papel ko sa isyu na ito ay _____ at ang aking isasagawang aksiyon mula ngayon ay _____.

Sa bahaging ito ng modyul, ang talakayan ay tungkol sa naging tugon ng mga pandaigdigang samahan at ng pamahalaan ng Pilipinas ukol sa mga isyu at hamon sa kasarian at seks. Mula sa iba't-ibang gawain na iyong isinagawa,, inaasahang nakalikom ka na ng mga ideya ukol sa paksa at inaasahan din na may mga inisyal kang ideya na nabago o napagtibay pa bunsod ng mga impormasyong iyong napag-aralan gamit ang iba't-ibang gawain. Ano- ano ang mga ideya na mga ito at alin pa ang mga nangangailangan ng pagbabago? Alamin natin ang mga iba pang mahahalagang kasagutan para sa mga ito sa tulong ng mga naihandang aktibidades sa susunod na bahagi ng modyul.

Gawain 12: Ang Pagbabalik!
Panuto: Balikan ang IRF Worksheet na iyong sinagutan sa unahang bahagi ng modyul at sagutan ang ikalawang row (Revised). Habang isinasagawa ito, pakatandaan ang mga ideya na hindi pa lubusang nabibigyang linaw at subukang hanapin ang mga kasagutan para dito habang pinapalalim natin ang iyong kaalaman tungkol sa paksa.

THE IRF WORKSHEET
Initial Answer:
Paano maitataguyod ang isang pamayanang may paggalang at respeto sa kapwa tungo sa pagkakapantay-pantay? At paano makakatulong ang isang aktibo at responsableng mamamayan sa pagtataguyod ng isang pamayanang may paggalang at respeto sa kapwa tungo sa pagkakapantay-pantay? **Revised Answer:**
Final Answer:

GAWAIN 32 Oooops Teka Lang! (Dip Stick)

Panuto: Balikan ang layunin ng bahaging ito ng modyul at isagawa ang isang pansariling pagtataya para malaman mo kung gaano ang itinaas ng kaalaman mo tungkol sa konsepto ng pagtugon ng mga pandaigdigang samahan at ng bansang Pilipinas sa mga isyu at hamon sa kasarian at lipunan. Gamitin ang scale na nasa ibaba para dito. Ano pa kaya ang maaari mong gawin para mapataas ang kaalaman mo tungkol sa paksa? Alamin sa susunod na bahagi ng modyul.



Sa puntong ito, masasabi ko na ang lebel ng aking kaalaman tungkol sa paksa ay _____ at ang mga nais ko pang mabigyan ng linaw at kasagutan ay ang _____ at _____ kung kaya ang gagawin ko ay _____.

PAGPAPALALIM

Marami ka ng mga pagsubok na napagtagumpayan upang matutunan ang konsepto ukol sa mga tugon sa hamon sa kasarian at seks, sa bahaging ito ng modyul papalalimin pa natin ang iyong kaalaman at papalawakin ang mga kakayahang iyong malilinang sa tulong ng modyul. Sa puntong ito, susubukan mong i-analisa ang mga salik na nakakaapekto sa pagkakaroon at pagtataguyod ng pamayanang may paggalang at respeto sa kapwa tungo sa pagkakapantay-pantay at ang mga gampanin ng mga mamamayan sa pagkamit ng isang pamayanang may paggalang at respeto sa kapwa.

GAWAIN 33 S.O.S. Darfur is Dying! (Concrete)

Panuto:

1. I-click ang URL Link na www.darfurisdying.com o www.takeactiongames.com/TAG?DARFUR.html . Ang link na ito ay susubok sa inyong kakayahang gumawa ng desisyon sa harap ng iba't—ibang pagsubok na may kinalaman sa karahasan at diskriminasyon na kinakaharap ng mga bata at kababaihan. Inaasahang ikaw ay makakasubok ng iba't-ibang mga papel (role) para maranasan mong makapag-isip sa iba't-ibang perspektibo.
2. Kapag nabuksan mo na ang interactive online game na ito, mamili ka ng papel (role) ng iyong gagampanan at isagawa ang hamon sa pamamagitan ng pagsunod sa mga nakasaad na panuto ng laro.
3. Kumpletuhin ang grapiko sa ibaba.

Role:

Challenge:

Action Taken:	End Result:
Resolution: (Kung ikaw ay mabibigyan ng kapangyarihan, paano mo babaguhin ang kalagayan ng bata at kababaihan sa komunidad na binibigyang pokus sa laro?)	

Mga Pamprosesong Tanong?

1. Anong suliranin sa lipunan ang binibigyang pokus ng laro?
2. Ang suliranin bang ito ay patuloy na nararanasan sa iba't-ibang panig ng mundo?
3. Ano-ano ang epekto ng suliraning panlipunan na ito sa mga bata? Sa mga kababaihan?
4. Papaano kaya mabibigyan ng wakas ang suliraning panlipunan na ito?
5. Bilang kabataan, ano ang papel mo upang mawakasan ang suliraning ito upang makamit ang isang pamayanang may paggalang at respeto sa bata at kababaihan?

Iyo nang naranasan kung papaano malagay sa sitwasyon kung saan ang paligid mo ay punung puno ng mga salik na maaaring maglagay sa iyo sa papel ng pagiging biktima ng karahasan at diskriminasyon. Iyo ring nakita ang iba't-ibang epekto ng desisyon na maaring gawin ng isang tao na nainirahan sa sitwasyong ipinapakita sa laro. Bilang pagkondena sa mga pangyayaring kagaya nito ilalabas mo ngayon ang iyong saloobin kung papaano mawawakasan ang mga karahasan

at diskriminasyong ito upang makamit natin ang isang pamayanang may paggalang at respeto sa kapwa. Ang saloobin mo ay iyong ipapahayag sa pamamagitan ng pagsasagawa ng sumusunod na gawain.

GAWAIN 34 Ako, Kaisa sa Pakikibaka! (Representational)

Panuto:

1. Gamit ang computer program na MS PAINT, gumawa ng isang poster na nagpapakita ng iyong pagkondena sa isyu ng karahasan at diskriminasyon sa mga bata at kababaihan. Ito ay maaaring sa mga lugar na dumaranas ng giyera o sa mga lugar kung saan ang mga bata at kababaihan ay walang pantay na karapatan sa iba pang mga miyembro ng lipunan.
2. Ang poster ay dapat naglalaman ng iyong kaisipan/ suhestiyon/ ideya kung papaano mabibigyan ng tuldok ang karahasan at diskriminasyon sa mga bata at kababaihan.
3. Kapag natapos ang poster mo, ibahagi mo ito sa iyong mga kaklase, kaibigan, at ibang tao sa pamamagitan ng paggamit nito bilang Cover Photo ng iyong facebook account.
4. Tatayain ang iyong poster ayon sa Pagkamalikhain, Mensahe, at Impact sa Tao

Ngayong iyong naipakita ang iyong pansariling aksiyon upang matuldukan ang iba't-ibang isyu at hamon sa kasarian sa lipunan, iyo namang susuriin ang mga ginagawang ng iba't-ibang organisasyon/ pamahalaan/ ahensiya/ bansa ukol sa isyung nabanggit.

GAWAIN 35 Interactive Map Reading

Panuto:

1. Suriin ang ginagawa ng bansang USA upang makatulong sa mga bansa sa mundo para makamit at maitaguyod ang pamayanang may paggalng at respeto sa kapwa tungo sa pagkakapanta-pantay sa tulong ng ahensiya nilang USAid.
2. I-click ang URL Link na www.map.usaid.gov/?s=GEWE at pag-aralan ang iba't-ibang proyekto ng USAid sa iba't-ibang bansa sa mundo.
3. Kumpletuhin ang talahanayan na nasa ibaba.
4.

Top Ten Proyekto ng USAid	Bansa Kung saan isinasagawa ang proyekto	Ang proyekto bang ito ay naglalayong tuldukan ang karahasan att diskriminasyon?	
		OO	HINDI
1.			
2.			

3.			
3.			
5.			
6.			
7.			
8.			
9.			
10			

Mga Pamprosesong Tanong:

1. Ano ang ibig sabihin ng acronym na USAID?
2. Ano ang pangunahing layunin ng samahang ito at sino-sino ang mga miyembro ng organisasyong USAID?
3. Saang mga bansa kalimitang tumutulong ang USAID upang mabawasan kundi man matuldukan ang karahasan at diskriminasyon?
4. May pagkakaiba ba ang nararanasan ng mga bata at kababaihan sa mga mauunlad na bansa at ng mga bata at kababaihan sa umuunlad na mga bansa?
5. Paano nakakatulong ang mga ahensiyang gaya ng USAID upang mabawasan ang mga kaso ng karahasan at diskriminasyon sa mga bata at kababaihan at sa pagkamit ng pamayanang may paggalang at respeto sa kapwa?
6. Nais mo bang makasali sa ganitong mga organisasyon? Kung oo, ano ang gagawin mo?

Nakita mo na ang mga detalyadong aksiyon ng isang pandaigdigang samahan sa isyu at hamon sa kasarian at seks, ngayon naman tunghayan mo ang halimbawa rin ng mga pamamaraang ginagawa ng isang grupo dito sa Pilipinas upang matugunan ang nasabing mga isyu. Para magawa mo ang mga ito, gawing gabay ang mga sumusunod na mga panuto at gawain.

GAWAIN 36 Karahasan, Tigilan Na!

Panuto:

1. Buksan ang website na www.pcw.gov.ph/event/18-day-campaign-end-violence-against-women-vaw-2013

2. Basahin ng may pag-intindi ang mga isinasaad sa artikulo. Gawan ito ng buod sa pamamagitan ng pagkumpleto sa grapiko sa ibaba:



Mga Pamprosesong Tanong:

1. Paano naapektuhan ng diskriminasyon at karahasan ang isang pamayanan?
2. Masasabi bang ang karahasan at diskriminasyon ay isang pambansa o pandaigdigang isyu lamang? Bakit mo ito nasabi?
3. Paano makakatulong ang isang kabataang kagaya mo upang maisulong ang isang pamayanang may paggalang at respeto sa kapwa?

Tunay ngang ang pagsugpo sa karahasan at diskriminasyon, maging sa mga isyu at hamon sa kasarian at seks ay isang napakalaking responsibilidad. Sa puntong ito ng modyul, inaasahan na ikaw na ay nakalikom hindi lamang ng mga kaalaman sa tugon sa mga isyu at hamon sa kasarian at seks kundi mga realisasyon ukol sa kahalagahan ng pagtataguyod ng isang pamayanang may paggalang at respeto sa kapwa at higit sa lahat, kahalagahan ng papel ng mga responsableng mamamayan upang makamit ang ninanais na ganitong uri ng pamayanan. Sa susunod na gawain, atin pang palalimin an gating kaalaman ukol sa katayuan ng mga kababaihan sa modernong lipunan.

GAWAIN 37 Babae, Phenomenal Ka Ba? (Abstract)

Gawain 18:

Panuto:

1. Makinig sa isang tula na sumikat at umani ng pagkilala hindi lamang sa mga mamamayan ng Estados Unidos kundi ng lahat ng tao sa mundo lalo na ang mga taong nagsusulong sa pagkilala sa karapatan ng mga kababaihan. Buksan ang bidyo sa url na

   www.oprah.com/own-super-soul-sunday/Listen-Dr-Maya-Angelou-Recites-Her-Poem-Phenomenal-Woman-Video

2. Bigyan ng pagpapakahulugan ang salitang Phenomenal Woman sa tulong ng isang Frayer's Model. Siguraduhing ang lahat ng kahon ay naglalaman ng sagot

Depinasyon:	Mga Katangian:
Mga Halimbawa:	ga Hindi Halimbawa:

Phenomenal Woman

Sa aking pansariling ebalwasyon, ang estado ng ekonomiya ng isang bansa ay hindi garantiyadong nagbibigay ng proteksiyon sa mga kababaihan dahil _____. Subalit, ang pagkilala ng tao sa karapatan ng mga bata at kababaihan ay maaaring makapagdulot ng pamumuhay at lipunan na may _____, at _____. Kung kaya ang aking gagawin ay _____.

Mga Pamprosesong Tanong:

1. Sino ang Phenomenal Woman?
2. Bakit tinaguriang Phenomenal ang isang babae?
3. Ano-ano ang mga kayang gawin ng isang babae na nagpapakita na karapat-dapat siyang kilalanin bilang miyembro ng lipunang kanyang ginagalawan?
4. Paano makakatulong ang pagkilala sa karapatan ng mga kababaihan sa pagtataguyod ng pamayanang may paggalang at respeto sa kapwa tungo sa pagkakapantay-pantay?

Sa bahaging ito ng modyul, ikaw naman ay gagabayan upang makabuo ng isang heneralisasyon ukol sa paksang tugon sa mga hamon sa isyu sa kasarian at seks. Inaasahan na sa puntong ito, mas matibay na ang mga kaisipan na mayroon ka ukol sa paksa at may mga naisasagot ka na sa mga katanungang iyong inilagay sa iyong 3-2-1 Chart sa bahaging Firm Up.

GAWAIN 38 Iba't- Iba Patungo sa lisa!

Situation 1:
Panuto:

1. Basahin ang artikulong Gender Equality in the Philippines sa pamamagitan ng pag-clik sa url na ito: http://www.balita.net.ph/2012/11/06/gender-equality-in-the-philippines/
2. Buksan ang website na nasa ibaba http://rwtinteractives.ncte.org/view_interactive.aspx?id=722
3. Makikita sa url ang isang interactive outline tool na iyong gagamitin sa pagbabalangkas sa mga importanteng detalye na nakapaloob sa artikulong iyong binasa.
4. I-screenshot ang iyong ginawang balangkas at i-email ito sa guro

Mga Pamprosesong Tanong:

1. Ano ang mensahe na nakapaloob sa artikulo na iyong binasa?
2. Ano-anong mga batas ang kumikilala at nagbibigay proteksiyon sa mga isyu ng kasarian at seks sa Pilipinas?
3. Paano itinataguyod ng pamahalaan ng Pilipinas ang isang pamayanang may paggalang at respeto sa kapwa tungo sa pagkakapantay-pantay?

Nakita mo na ang kalagayan ng mga kabataan, kababaihan, at LGBT sa Pilipinas. Ngayon, tunghayan ang isang documentary video na pinamagatang Young and Gay in Putin's Russia, pagtuunan ng pansin ang kalagayan ng mga batang LGBTQ sa Russia at isagawa ang sumusunod na gawain.

Situation 2: LGBTQ in Russia (Video Analysis)
Panuto:

1. I-click ang url sa ibaba at panoorin ang bidyo https://www.youtube.com/watch?v=AZaS13ktjg&list=PLK1BZp2sq2wfQ52Q9Axwgta3Sn-U8K6S3
2. I-download kumpletuhin ang Sum It up worksheet at sum it Up Instructions sa url link na www.readingquest.org/strat/summarize.html
3. Kumpletuhin ang worksheet na na-download at sagutan ang mga pamprosesong tanong.

Mga Pamprosesong Tanong:

1. Ano ang mga hamon na kinakaharap ng mga batang LGBTQ sa Russia?
2. Ang mga hamon bang ito ay kinakaharap din ng mga batang LGBTQ sa Pilipinas?
3. Paano nakikibaka ang mga batang LGBTQ sa Russia upang makamit ang isang pamayanang may paggalang at respeto sa kapwa?

Pagkatapos mong makita ang kalagayan ng mga batang LGBTQ sa Russia, atin pang palawakin ang iyong kaalaman tungkol naman sa mga papel na ginagampanan ng mga tao sa lipunan upang matugunan ang mga hamon at isyu ukol sa kasarian at seks. Bigyan mo ng pokus ang kahalagahan ng pagiging isang responsableng mamamayan para matugunan ang pamantayan na siyang gumagabay sa modyul na ito.

Situation 3:

Panuto:

Sa ikatlong gawain, mapapanood mo naman ang isang animated bidyo na nagpapakita ng mga aksiyon ng mga mamamayan sa India tungkol sa hamon ng karahasan at diskriminasyon. Habang ito ay pinapanood bigyang pansin ang kaibahan ng kalagayan ng mga kabataan, kababaihan at LGBTQ sa lugar na nabanggit.

1. I-click ang link na https://www.youtube.com/watch?v=zYGqEOH3TnU
2. I-download ang STOP & DARE Planning Sheet sa url link na ito : http://cte.jhu.edu/onlinecourses/SchoolofEducation/JHUSSI/English/Sciencefiction/STOP.DARE_planningsheet.pdf
3. Kumpletuhin ang nasabing worksheet at gamiting Premise ang: “Makialam, Makilahok Upang Karahasan ay Mawakasan, Pagkakapantay-pantay sa Pamayanan ay Makakamtan”
4. Para makalikom tayo ng reaksiyon at opinion ukol sa iyong nakumpletong gawain, ipost ang iyong output sa dashboard ng modyul na ito.

Mga Pamprosesong Tanong:

1. Ano-anong mga isyu ang ipinapakita sa bidyo?
2. Sa anong uri ng pamayanan naganap ang isyu na ipinapakita sa bidyo?
3. Maaari din bang mangyari ang mga ito sa mga mauunlad na pamayanan?
4. Ang estadong pang-ekonomiya ba ng isang pamayanan ay masasabi nating dahilan ng pagkakaroon ng karahasan at diskriminasyon sa mga bata, kababaihan, at miyembro ng LGBTQ sa lipunan? Patunayan ang sagot.
5. Paano nakakatulong ang mga mamamayan sa pagpigil ng karahasan at diskriminasyon ng mga kabataan, kababaihan, at LGBTQ sa lipunan?
6. Ang pagpapalawak ng din ban g kaalaman ng isang tao ukol sa isyu ay epektibong paraan upang masolusyunan ang mga isyu at hamon sa kasarian at seks?
7. Bilang isang mag-aaral, paano mo magagamit ang iyong kaalaman para makatulong sa adhikaing wakasan ang karahasan at diskriminasyon sa bata, kababaihan, at LGBTQ?

GAWAIN 39 **Guided Generalization**

Sa mga huling naibigay na gawain, ipinakita ang iba't-ibang sitwasyon kung paano maitataguyod ang isang pamayanang may paggalang at respeto sa kapwa tungo sa pagkakapantay-pantay. Ating pagsasama-samahin ngayon sa isang talahanayan ang mga kasagutan sa EQ.

	SITUATION 1 (Pagbasa ng Artikulo)	SITUATION 2 (Pagsusuri ng Bidyo)	SITUATION 3 (Pagpaplano ng Aksiyon)
ESSENTIAL QUESTION Paano maitataguyod ang isang pamayanang may paggalang at respeto sa kapwa tungo sa pagkakapantay-pantay?	**Gawain 19A: Pagbasa ng Artikulo** Gender Equality in the Philippines http://www.balita.net.ph/2012/11/06/gender-equality-in-the-philippines/ ***Ang pagtataguyod ng isang mamamayang may paggalang at respeto sa kapwa tungo sa pagkakapantay-pantay ay…***	**Gawain 19B: LGBTQ in Russia – Pagsusuri ng Bidyo** https://www.youtube.com/watch?v=AZaS13ktjg&list=PLK1BZp2sq2wfQ52Q9Axwgta3Sn-U8K6S3 ***Ang pagtataguyod ng isang mamamayang may paggalang at respeto sa kapwa tungo sa pagkaka-pantay-pantay ay…***	**Gawain 19 C:** **Pagpaplano ng Aksiyon** https://www.youtube.com/watch?v=zYGqEOH3TnU (bidyo ng karahasan sa mga batang babae) STOP & DARE Planning Sheet : http://cte.jhu.edu/onlinecourses/SchoolofEducation/JHUSSI/English/Sciencefiction/STOP.DARE_planningsheet.pdf ***Ang pagtataguyod ng isang mamamayang may paggalang at respeto sa kapwa tungo sa pagkakapantay-pantay ay…***

Pamprosesong Tanong:

3. Suriin ang mga sagot sa Essential Question mula sa talahanayan. Paano sila magkakatulad?
4. Papaano maitataguyod ang isang pamayanang may paggalang at respeto sa kapwa ayon sa iyong mga naisagawang mga gawain?
5. Kumpletuhin ang mga sumusunod na pahayag at suportahan ang sagot ng mga halimbawa na nasa talahanayan.
   c. Ang pagtataguyod ng isang mamamayang may paggalang at respeto sa kapwa tungo sa pagkakapantay-pantay ay…
   d. Ang mga nagpapatibay na detalye mula sa mga sitwasyon ay…

GAWAIN 40 **USA Nakiisa na rin! Pag**

Pag-aralang maigi ang mga larawan at news headline sa ibaba at sagutin ang mga katanungang nakakabit dito.



Supreme Court Rules Gay Marriage Legal In All 50 States

"This decision affirms what millions of Americans already believe in their hearts," President Obama said.

By Nicholas Parco | Jun 26, 2015 12:11 PM ED

Mga Pamprosesong Tanong:

1. Ano ang ipinapahiwatig ng mga larawan ukol sa isyu ng Same Sex Marriage?
2. Ano ang implikasyon ng desisyong ito sa buhay ng mga LGBTQ sa Amerika?
3. Paano napatunayan ng Korte Suprema ng Estados Unidos ang paggalang at pagkamit ng pagkakapantay-pantay ng mga mamamayan nito?
4. Paano makakatulong ang mga mamamayan upang makamit ang tunay na diwa ng pagkakapantay-pantay?

Bilang paglalagom, balikan ang mga naging sagot mo sa EQ mula sa gawin 20 at 21. Pagkatapos, kumpletuhin ang chart na nasa ibaba.

Sa pangkalahatan, ang mga sagot sa EQ ay

_____
_____
_____
_____
_____.

Masasabi ring maitataguyod ang isang pamayanang may paggalang at respeto sa kapwa sa pamamagitan ng

_____
_____
_____.

Bilang miyembro ng isang lipunan, ang aking gampanin sa pagkamit ng isang pamayanang may paggalang at respeto sa kapwa tungo sa pagkakapantay-pantay ay

_____
_____
_____.

Marami ka nang mga naipong kaalaman, maaring ang ilan ay bago at ang ilan naman ay pagpapatibay at pagpapalalim na lnang sa mga dati mo ng alam tungkol sa paksa ng modyul na ito. Bago ka tumungo sa panghuling bahagi ng modyul, atin munang balikan ang AR Guide na iyong sinagutan sa bahaging Firm Up. Diskubrehin natin kung may nabago ba sa iyong mga inisyal na sagot.

GAWAIN 41 AR Guide

Panuto:

1. Suriing muli ang mga sitwasyon na nasa gitnang Column ng AR Guide
2. Sagutan ang column na REACTION base sa mga naintindihan mo mula sa mga nagawa mong gawain sa modyul na ito
3. Suriin mo din kung may mga sagot ka sa Column ng ANTICIPATION na nabago at hindi nabago
4. Kung may mga katanungan ka pa na nais masagot, maari mong balikan ang Firm Up at Deepen na bahagi ng Modyul na ito. Kung sa palagay mo ay hindi nasasagot ng modyul ang iyong katanungan, maaari mo namang tanungin o i-message ang iyong guro para masolusyunan ang hinaing mo.

AR GUIDE		
ANTICIPATION	STATEMENT	REACTION
	1. Ang isang lalaki ay may karapatang gawin ang kahit na ano pati ang pananakit sa kanyang asawang babae lalong lalo na kapag ito ay inabutan ng dowry.	
	2. Nagagawang saktan ng isang lalaki ang kanyang asawa sanhi ng sobrang pagmamahal at debosyon niya rito.	
	3. Kalimitan sa mga kalalakihang nananakit ng kanilang mga asawa ay ang mga hindi nakapagtapos sa kanilang pag-aaral at walang maayos na trabaho.	
	4. Dahil sa pag-inom ng alak, nasasaktan ng lalaki ang kanyang asawa subalit ito ay labag din sa kalooban ng mga lalaki.	
	5. Hindi dapat pakialaman ng ibang tao ang away mag-asawa o pananakit ng ama sa anak at asawa nito sapagkat ito ay problema lamang ng pamilya.	
	6. Mainam na pagtiisan ng isang ina ang pananakit ng kanyang asawa para lamang lumaki ang mga anak nito na may kinikilalang isang ama.	

Binabati kita! Mula sa iyong mga nagawang gawain, ikaw na nga ay handa upang harapin ang hamon ng tunay na buhay lalo na sa aspetong may kinalaman sa isyu sa kasarian at seks. Handa ka na rin para makatulong sa pagtataguyod ng isang pamayanang may paggalang at respeto sa kapwa tungo sa pagkakapantay-pantay. Bago mo ganap na makamit ang estadong ito, may mga gawain pang naihanda upang iyong lubusang mapagtagumpayan ang mga pamantayan ng modyul na ito. Isagawa ang mga ito ng may determinasyon at pagmamahal.

End of DEEPEN

Nalampasan mo na ang mga iba't-ibang bahagi ng modyul na ito na hindi lamang nakapagbigay sa iyo ng maraming impormasyon tungkol sa araling Mga Tugon sa Hamon at Isyu sa Kasarian at kundi sumubok din sa kakayahan mong intindihin ang mga mahahalagang aspeto ng nasabing paksa. Ano-anong mga realisasyon ang iyong nabuo tungkol sa modyul na ito? Nakatulong ba ang modyul upang makita mo ang kahalagahan ng papel na iyong gagampanan upang makamit ng mga tao ang minimithiing buhay sa isang lipunang may paggalang at respeto sa kapwa tungo sa pagkakapantay-pantay? Ano-ano ang mga salik na nakatulong sa iyo upang mapahalagahan mo ang araling nakapaloob sa modyul na ito?

Ngayon na may malalim at malawak ka ng kaalaman tungkol sa paksa, ikaw ay handang handa na upang maisagawa ang mga gawain sa susunod na bahagi ng modyul.

PAGLILIPAT

Ang adhikain mo sa bahaging ito ng modyul ay ang maisabuhay ang mga konsepto at kaalamang iyong natutunan mula sa mga gawaing naisagawa mo sa iba't-ibang bahagi ng modyul na ito. Ikaw ay mabibigyan ng isang praktical na gawain na siyang magpapakita at magtataya ng lalim ng iyong pang-unawa ukol sa paksa.

Bago mo ipagpatuloy ang pagsagot sa mga pagsubok na naihanda sa bahaging ito ng modyul, subukan mong ilagay sa iisang mind map ang lahat ng mga mahahalagang konsepto na iyong natutunan mula sa araling ito.

GAWAIN 42 Mind Map

Panuto:

Balikan ang pamantayan para sa araling ito, alalahanin din ang mga mahahalagang detalye ukol sa paksa na iyong nakalap mula sa una hanggang sa ikatlong bahagi ng modyul, at lagyan ng katuloy ang mind map na nasa ibaba.



Mga Pamprosesong Tanong:

1. Paano tinutugunan ng mga Pandaigdigang Samahan ang mga hamon at isyu sa kasarian at seks?
2. Paano tinutugunan ng Pamahalaan ng Pilipinas ang parehong isyu?
3. Papaano kaya maitataguyod ang isang pamayanang may paggalang at respeto sa kapwa/
4. Papaano makakatulong ang wasto at malawak na kaalaman ukol sa paksa sa paghubog ng mga mamamayang magtataguyod ng isang pamayanang may paggalang at respeto sa kapwa?

Natapos mo nang ilagay sa iisang mapa ang lahat ng iyong naipong kaisipan at kaalaman tungkol sa paksa, ngayon naman ating alamin kung ang mga kaalamang ito ay magagabayan ka upang lubos mong maunawaan ang mga pangyayari sa iyong paligid. Iyo munang kilalanin ang mga kilalang pinuno para sa pagpapalakas sa iba't-ibang kampanya upang makilala ang mga kababaihan bilang importanteng miyembro rin ng komunidad kung kaya't sila ay dapat ding kilalanin kagaya ng sa mga kalalakihan.

GAWAIN 43 Pagpupunyagi sa Mga Kababaihan!

Panuto:

1. I-click ang link na http://www.poetrysoup.com/poem/legendary_lady_leaders_i_salute_you__238014 para mabasa ang isang tula na pinamagatang Legendary Leaders I Salute You, isang tula na kumikilala sa naging papel ng mga kababaihan upang makamit natin ang lipunang mayroon tayo sa kasalukuyan.
2. Suriing maigi ang nasabing tula at sagutin ang sumusunod na mga pamprosesong tanong:
3. Pagkatapos mong masagot ang mga tanong, gumawa ka ngayon ng isang one minute movie maker presentation na nagbibigay pugay sa isang babaeng kakilala mo na may malaking naiambag sa pakikibaka para makilala ang papel ng mga kababaihan sa pagkakaroon ng pamayanang may paggalang at respeto sa isa't-isa.
4. I-sumite ang iyong output sa inyong group account sa www.edmodo.com na ginawa ng iyong guro. Gawing punto ng diskusyon at komento ang mga naipasang moviemaker presentations.

Mga Pamprosesong Tanong:

1. Sino-sino ang mga babaeng nabanggit sa tula?
2. Ano-ano ang mga naging kontribusyon ng mga nabanggit na personalidad sa pagpapabuti ng estado ng mga kababaihan sa lipunan?
3. Ano ang mensahe ng nasabing tula?
4. Ayon sa tula, papaano makakamit ng ating bansa ang isang pamayanang may paggalang at respeto sa kapwa?

Sa bahaging ito, bago mo isagawa ang Transfer Task, ikaw ay bibigyan ng pagkakataong suriin ang iyong sarili, makibahagi, at makasali sa kampanya laban sa karahasan at diskriminasyon sa mga bata, kababaihan, at mga miyembro ng LGBTQ.

Gawain 24: Kanta, Instrumento ng Pagkakaisa!

Panuto:

1. Suriin ang lyrics ng kantang "We Are All God's Children" ni Jaime Rivera na ginamit na official themesong sa 2015 Papal Visit ni Pope Francis sa Pilipinas. Maaring makita o mapakinggan ang buong kanta gamit ang alinman sa url na nasa ibaba:
   http://www.lyricsmode.com/lyrics/j/jamie_rivera/we_re_all_gods_children.html (palin lyrics of the song)
   https://www.youtube.com/watch?v=au9yNz1l8rM (video and lyrics of the song)

2. Sa puntong ito, sumulat ka naman ng isang maikling kanta na puwedeng gamitin para sa kampanya laban sa mga hamon at isyung dulot ng kasarian at seks.

3. Gamitin ang iyong account para mai-post mo ang kanta na iyong naisulat para madiskubre mo kung ano ang opinion o suhestiyon ng iyong mga kaibigan, guro, kaklase, at kakilala na kasama sa inyong class group sa iyong bagong komposisyon.

Mayroon ka nang malinaw na kaisipan tungkol sa konsepto ng mga hamon at isyu sa kasarian at seks, mga tugon ng pandaigdigang samahan at ng pamahalaan ng Pilipinas sa mga isyung ito, at mga gampanin ng mga mamamayan sa pagkamit at pagtataguyod ng pamayanang may paggalang at respeto sa kapwa. Ngayon isagawa mo na ang panghuling gawain sa modyul na ito na susubok sa iyong kakayahang ilipat sa tunay na buhay ang mga naipon mong konsepto, kaalaman, kakayahan at kaisipan. Enjoy!

GAWAIN 44 Transfer Task

Panuto:

1. Para magkaroon ng ideya kung ano ang isang Open Forum/ Forum at kung ano ang inaasahan sa isang tao na kasapi sa isang aktibidades na ganito, i-click ang url na nasa ibaba at panoorin ang isang bidyo ukol sa Pagsusulong sa Gender Equality.
   https://www.youtube.com/watch?v=K_JQcTz7W6E (DAVOS 2014, the Global Agenda)
2. Basahin ng may pag-intindi ang iyong Transfer Task (GRASPS) na kailangang isagawa. Pumili ka ng isang papel/ role na nais mong gampanan sa Open Forum. Ang bawat role/ papel ay may kasamang produkto o output na kailangan mong magawa.

Gaganapin ang isang Open Forum na may temang Gender: Getting to Equal sa Setyembre 2014 na naglalayong makagawa ng isang adbokasiya. Ang Forum na ito ay pangungunahan ng World Bank at ng UNO. Ikaw ay napiling magbabahagi ng iyong karanasan, obserbasyon, at tugon sa mga isyu at hamon sa kasarian. Gamit ang iyong kaalaman patungkol sa mga isyu, hamon at batas sa kasarian at lipunan, ikaw ay maaring isang:

1. Human Rights Advocate
2. Batikang Mamamahayag
3. Leader ng grupong Peace Corps
4. Mambabatas (Party List Representatives)

na gagawa ng:

1. Documentary Video ukol sa mga isyu at hamon sa kasarian at seks na laganap sa inyong lugar/ probinsiya
2. Script/ Artikulo na naglalayong magbukas ng kamalayan ng mga tao ukol sa mga isyu at hamon sa kasarian sa seks at kung paano ito maso-solusyunan

3. Peace Corp Plan of Action para matulungan at mapalalim ang kaalaman ng mga tao ukol sa mga isyu at hamon sa kasarian at seks at kung papaano sila magiging kaisa sa adhikaing ito
4. Panukala na nagsusulong sa pagkilala sa mga karapatan ng bata, kababaihan, at LGBTQ para makamit ang isang pamayanang may paggalang at respeto sa kapwa.

Ang iyong napiling output ay ilalahad sa harap ng mga delegado mula sa iba't-ibang sektor na nagsusulong ng pagkakapantay-pantay.

Ang produkto ay tatayain base sa sumusunod:

a. Nilalaman
b. Kaangkupan
c. Presentasyon/Organisasyon

TRANSFER GOAL: *Ang mga mag-aaral sa kanilang sariling kakayahan aynakakapaglathala ng sariling posisyon na nagtataguyod ng isang pamayanang may paggalang at respeto sa kapwa tungo sa pagkakapantay-pantay.*			
TRANSFER TASK SCENARIO GOAL: Ikaw ay napiling magbabahagi ng iyong karanasan, obserbasyon, at tugon sa mga isyu at hamon sa kasarian.			
ROLE 1 Human Rights Advocate na nagnanais na magkaroon ng sapat na kaalaman ang mga tao ukol sa pagkakapantay-pantay ng kababaihan at kalalakihan sa lipunan	ROLE 2 Batikang Mamamahayag na nagnanais maging instrument upang makilala ang karapatan ng mga bata, kababaihan, kalalakihan, at LGBTQ sa lipunan	ROLE 3 Leader ng grupong Peace Corps na nagnanais makagawa ng isang Plan of Aksiyon na makakapagpabuti sa kalagayan ng mga bata, kababaihan, kalalakihan, at LGBTQ sa komunidad saan man ito sa mundo	ROLE 4 Mambabatas (Party List Representatives) na naglalayong gamitin ang posisyon at kapangyarihan upang maturuan ang mga tao na pahalagahan ang papel ng bawat isa, anuman ang kanyang kasarian, para makamit ang isang pamayanang may paggalang at respeto sa kapwa

AUDIENCE Mga delegado ng Open Forum na kumakatawan sa iba't-ibang sector ng lipunan mula sa iba't-ibang bansa sa mundo
SITUATION Gaganapin ang isang Open Forum na may temang Gender: Getting to Equal sa Setyembre 2014 na naglalayong makagawa ng isang adbokasiya. Ang Forum na ito ay pangungunahan ng World Bank at ng UNO.

PRODUCT 1	PRODUCT 2	PRODUCT 3	PRODUCT 4
Documentary Video ukol sa mga isyu at hamon sa kasarian at seks na laganap sa inyong lugar/ probinsiya. Ang bidyo na iyong gagawin ay iyong i-u-upload sa class group account sa edmodo.com	Script/ Artikulo na iyong ilalathala sa isang pahayagan at ito ay naglalayong magbukas ng kamalayan ng mga tao ukol sa mga isyu at hamon sa kasarian sa seks at kung paano ito maso-solusyunan	Peace Corp Plan of Action para matulungan at mapalalim ang kaalaman ng mga tao ukol sa mga isyu at hamon sa kasarian at seks at kung papaano sila magiging kaisa sa adhikaing ito. Ang plan of action ay dapatna magpakita ng komprehensibong detalye ukol sa mga gagawing programa ng inyong grupo para Mapalawak ang partisipasyon ng mga tao sa pakikiisa laban sa karahasan at diskriminasyon sa mga bata, kababaihan, at LGBTQ	Panukala na nagsusulong sa pagkilala sa mga karapatan ng bata, kababaihan, at LGBTQ para makamit ang isang pamayanang may paggalang at respeto sa kapwa
STANDARDS Ang iyong produkto ay tatayain base sa mga sumusunod: e. Nilalaman f. Katotohanan g. Impak sa tao upang mahikayat na magsagawa ng positibong aksyon			

h. Presentasyon

Mga Pamprosesong Tanong:

1. Anong mga hamon ukol sa kasarian at seks na nakikita mo sa iyong pamayanan?
2. Papaano masosolusyunan ang mga hamon na ito?
3. Bilang isang residente ng inyong barangay, ano ang maaari mong gawin upang mabago ang kalagayan ng inyong lugar?
4. Paano makakatulong sa pagkamit ng pamayanang may paggalang at respeto sa kapwa ang pagpapaunlad/ pagbabago na iyong gagawin sa inyong barangay?

Bilang pangwakas, ang maipapayo ko sa mga kabataang kagaya ko na nagnanais na makatulong sa pagkamit ng isang pamayanang may paggalang at respeto sa kapwa ay….

End of TRANSFER

Sa bahaging ito, ang iyong inaasaahang napagtagumpayan ay ang mailipat sa tunay na buhay ang mga konsepto at kaalamang iyong nakuha sa pag-aaral gamit ang modyul na ito. Ano ang masasabi mo sa performance task? Nakatulong ba ito upang lalo mo pang makita ang koneksiyon ng araling ito sa iyong buhay?

Lubos kitang binabati dahil napagtagumpayan mo ang lahat ng mga gawaing naihanda at naipamalas mo lahat ng mga kakayahang inaasahan mula sa isang mag-aaral na kagaya mo.

GLOSSARY OF TERMS USED IN THIS LESSON:

Babae – asawa, dating asawa, babae na karelasyon o dating karelasyon, o babae kung kanino may anak ang isang lalaki

Bata – isang tao na ang edad ay mas mababa sa 18 o mataas sa edad na 18 subalit hindi niya kayang protektahan ang sarili sa karahasan at diskriminasyon sanhi ng sakit o kakulangan sa pag-iisip

Child abuse ay ang pisikal, sekswal, emosyonal na pagtrato, o pagpapabaya ng mga bata

CEDAW - Convention on the Elimination of All Forms of Discrimination Against Women ay isang pandaigdigang kapulungan na inako ng United Nations General Assembly noong 1979. Ito ay tinagurian bilang international bill of rights for women.

Diskriminasyon – ang pagtrato sa isang tao ng masama dahil sa kanilang lahi, kapansanan, kasarian, o iba pang pampersonal na kadahilanan

Karahasan – ay ang sinasadyang paggamit ng lakas o puwersang pisikal o kapangyarihan, na maaaring isang pagbabanta o tinotoo, at maaaring laban sa sarili, sa kapwa, o laban sa isang pangkat o kaya pamayanan, na maaaring kalabasan ng o may mataas na kalamangan ng pagreresulta sa kapinsalaan, kamatayan, kapahamakang pangsikolohiya, hindi pag-unlad o pagbawi at pag-aalis (depribasyon, katulad ng pag-agaw ng pag-aari o kapangyarihan

LGBTQ – Lesbian, Gay, Bi-sexual, Transgender, at Queer

- Ang katagang LGBT ay inilaan upang bigyang-diin ang pagkakaiba-iba ng pagkakakilanlan base sa seksuwalidad at pangkasariang kultura na kung minsan ay ginagamit upang tingnan ang kahit sino na hindi heterosekswal sa halip na eksklusibo sa mga tao na homoseksuwal, biseksuwal at transgender. Upang makilala ito , isang popular na titik ang idinagdagdag, ang titik Q para sa mga kilala bilang queer at questioning o tinatanong kanilang sekswalidad na pagkakakilanlan

Magna Carta for Women – isang kasulatan o dokumento na nagbibigay ng proteksiyon sa mga kababaihan laban sa karahasan at diskriminasyon

Protection Order – isang kautusan na ipinapatupad upang maprotektahan ang isang bata o babae laban sa karahasan at diskriminasyon at para mapangalagaan ang kanilang kapakanan

R.A. 9262 o Anti-violence against women and children act - ang sadyang pagpapakita ng pananakit o pag-abusong pisikal, sekswal o psychological

REFERENCES AND WEBSITE LINKS USED IN THIS LESSON:

http://www.youtube.com/watch?v=sLz6B-gkm_4 (Ang Raya at ang mga batang naghahanap sa kalinga ng ina)

https://www.youtube.com/watch?v=K_JQcTz7W6E (DAVOS 2014, the Global Agenda)

http://www.lyricsmode.com/lyrics/j/jamie_rivera/we_re_all_gods_children.html (palin lyrics of the song)

https://www.youtube.com/watch?v=au9yNz1l8rM (video and lyrics of the song)

http://www.poetrysoup.com/poem/legendary_lady_leaders_i_salute_you__238014 (Tula na nagbibigay pugay sa mga kababaihan)

https://www.youtube.com/watch?v=zYGqEOH3TnU (bidyo kung papaano makakatulong ang lipunan sa pagsugpo sa VAWC)

https://www.youtube.com/watch?v=AZaS13ktjg&list=PLK1BZp2sq2wfQ52Q9Axwgta3Sn-U8K6S3 (ang kalagayan ng mga LGBTQ sa Russia)

www.readingquest.org/strat/summarize.html

http://cte.jhu.edu/onlinecourses/SchoolofEducation/JHUSSI/English/Sciencefiction/STOP.DARE_planningsheet.pdf

http://www.balita.net.ph/2012/11/06/gender-equality-in-the-philippines/ (ang kalagayan ng mga bata, kababaihan, at LGBTQ sa Pilipinas)

http://rwtinteractives.ncte.org/view_interactive.aspx?id=722

www.oprah.com/own-super-soul-sunday/Listen-Dr-Maya-Angelou-Recites-Her-Poem-Phenomenal-Woman-Video (Phenomenal Woman, isang tula na tumatalakay sa papel ng babae sa lipunan)

www.pcw.gov.ph/event/18-day-campaign-end-violence-against-women-vaw-2013

www.map.usaid.gov/?s=GEWE (interactive online map ng mga programa ng USAID)

www.darfurisdying.com o www.takeactiongames.com/TAG?DARFUR.html (interactive online game ukol sa karahasan at diskriminasyon sa mga bata)

POST-ASSESSMENT:

Panahon na upang tayain natin ang iyong kaalaman tungkol sa paksa. I-click ang letra ng sagot na sa tingin mo ay akma para sa bawat katanungang naibigay. Ang iyong iskor ay lalabas lamang kapag nasagutan mo na ang lahat ng mga katanungan. Kapag napagtagumpayan mo ang pagsubok na ito, maari mo ng simulant ang kasunod na modyul. Kung ang lalabas na iskor mo ay hindi pasok sa inaasahan, kailangan mong balikan at kuning muli ang modyul na ito.

Maligayang pagsagot!

A 1. Alin sa mga sumusunod na mga organisasyon ang nagbibigay kaalaman/kamalayan at proteksyon sa mga tinatawag na LGBTQ?
   a. UNDP, USAID, OHCHR
   b. Bantay Bata
   c. PIA, DAR
   d. DBM, COA

A 2. Ang *TRANSGENDER* ay kadalasang nababasa at naririnig natin dahil sa maigting na balita tungkol sa isang Pinoy na si Jennifer Laude. Alin sa mga sumusunod ang Posibleng paliwanag kung ano ang isang *TRANSGENDER*?
   a. Tumutukoy sa taong ang gender identity ay kakaiba sa biological sex at maaring dumanas sa isang medical treatment upang mapalitan ang biological sex nito at kadalasang naiugnay sa gender identity nito.
   b. Tumutukoy sa taong nakaranas ng sekswal, romantik, pisikal at ispiritwal na atraksyon sa lahat ng mga gender identities/expressions na hindi lang sa gender binary na lalaki o babae lang.
   c. Tumutukoy sa taong hindi kumikilala sa naka assign na gender ng kapanganakan o di kaya sa “binary gender” na sistema.
   d. Tumutukoy sa taong may atraksyon sa opposite seks lang o “straight”.

90% of transgender adults experience harassment at work

40% of homeless Youth identify as LGBT

78% experienced some

kind of harassment at school



www.brownpoliticalreview.org (Basic Freedoms)
Pag-aralan ang datos na ito tungkol sa LGBTQ na mga karahasang natamo.

Batay dito sagutan ang sumusunod:

A 3. Ano-ano ang mga hinuha mo tungkol sa datos?
   a. Ito ay nagpapakita ng kahandaan ng mga ibang kasarian sa pagtanggap na ang mga LGBTQ ay walang mga karapatan.
   b. Ito ay patunay na ang mga LBTQ ay nakaranas ng mga paglabag sa kanilang mga karapatang pantao at pangsariling solusyon sa problema.
   c. Ito ay nagpapakita ng galit para sa mga LGBTQ.
   d. Ito ay dapat tugunan ng local na pamahalaan lamang upang makamit ang kapayapaan sa mundong ginagalawan ng mga LGBTQ.

M 4. Paano mo maipaliliwanag ang siping ito batay sa kahalagahan ng kamalayan sa **mga isyu, hamon at mga batas sa kasarian at lipunan upang magkaroon ng** isang pamayanang may paggalang at respeto sa kapwa tungo sa pagkakapantay-pantay?
   a. Ang edukasyon at ang tunay na pagpaigting ng kamalayan tungkol sa mga isyu at hamon ng kasarian ay siyang susi sa pagkakaroon ng isang pamayanang may paggalang at respeto sa kapwa tungo sa pagkakapantay-pantay.
   b. Ang local na pamahalaan ay may tungkulin sa pagsulong at pagsuporta sa mga kilusang LGBTQ.
   c. Ang LGBT Civil Society ay siyang dapat maumuno at mangunguna sa kampanya laban sa diskriminasyon at pag-aabuso ng kanilang pagkatao.
   d. Ang simbahang Katoliko ay masasabing may tungkulin din sa pagsulong at pagsuporta sa mga LGBTQ.

T 5. Ang “It Gets Better Project” ay isang pandaigdigang kilusan na nagbibigay-inspirasyon sa lahat ng mga tao na iba’t iba ang mga kasarian (kasali na ang mga LGBTQ) sa pamagitan ng pag-sumite ng mga video na nakatutulong sa mga may problema at isyung pang-kasarian. Sa katunayan may 50,000 na mga videos ang naisumite at ito ay galing sa mga celebrities, organisasyon, aktibists, politico, at media personalities. Ikaw ay naatasang

gumawa ng sariling video upang mahikayat ang mga mamamayan na maging mapakana at makisali sa mga kilusang nagtataguyod ng isang pamayanang may paggalang at respeto sa kapwa tungo sa pagkakapantay-pantay.
Ano ano ang mga nilalaman ng iyong video?

a. Ito ay magpapakita ng mga programa ng pamahalaan upang masugpo ang mga pang-aabuso.
b. Ito ay maglalaman ng pagbabatikos ng ilang mga samahang anti-LBGTQ sa bansa.
c. Ito ay maglalaman sa mga epekto sa kalusugan ng tao kung may multiple sex partners.
d. Ito ay maglalahad sa mga abusong nakikita o nararanasan at ang mga posibleng pamaraan upang maiwasan at matugunan ang mga ito.

A 6. Alin sa mga sumusunod na pangungusap ang nagpapaliwang ng kaibahan ng kasarian at seks?

a. Ang seks aytumutukoy sa biolohikal na katangian ng lalaki at babae, samantalang ang kasarian ay ang mga inaasahang gampanin ng babae at lalaki batay sa kultural at panglipunang alintuntunin
b. Ang kasarian at seks ay magkaiba depende sa pananaw ng tao
c. Ang kasarian ay biolohikal na katangian ng lalaki at babae, samantalang ang seks ay mga inaasahang gampanin ng babae at lalaki batay sa kultural at panglipunang alintuntunin
d. Magkatulad lamang ang konsepto ng kasarian at seks

A 7. Basahin ang artikulona may pamagat na “Philippine Women’s Role and Gender Equality”
(http://theologasia.ph/philippine-womens-role-and-gender-equality/)
Ayon sa artikulo, bakit nagbabago ang gender roles sa Pilipinas sa kasalukuyang panahon?

a. Umaangat ang ekonomiya ng Pilipinas
b. Nanatiling tradisyonal ang pananaw ng mga Pilipino
c. Naging malawakan ang kampanya at batas patungkol sa karapatan ng mga kababaihan
d. Nagkakaroon ng gender roles sa loob ng tahanan

A 8. Panoorin ang video na may pamagat na “Gender Roles; Marriage & Families (20th & 21st Century)”. I click ang url:
https://www.youtube.com/watch?v=Aj8WQusly5A
Ano ang pagkakatulad ng gender roles sa Middle east at North America sa kasalukuyang panahon?

a. Hindi tanggap sa Middle East at North America ang same sex marriage
b. Bawal sa Middle East at North America ang pagkakaroon ng trabaho ng mga kababaihan

c. Bukas ang lipunan sa Middle East at North America sa mga pagbabago ng gender roles para sa kapakanan ng kababaihan
d. Kalunos lunos pa rin ang sitwasyon ng mga kababaihan sa Middle East at North America

M 9. Basahin ang mga sumusunod na sitwasyon:

IV. Sina Sharon at Richard ay nagtatalo tngkol sa kanilang kaibigan na si Patricia. Napansin ni Sharon na mayroong maraming pasa sa kamay at balikat si Patricia, mayroon din itong black eye na gawa ng pambububog ng asawa nito. Gusto ni Sharon na magsumbong sa awtoridad, ngunit ayon kay Richard tama lang ito kay Patricia upang maipakita kung sino talaga ang "boss" sa bahay. Ngunit hindi nakinig si Sharon, ipinaglaban niya ang karapatan ni Patricia at isinumbong ang insidente.

V. Si Charlene ay nabigyan ng special grant na maging master plumber sa Dubai. Masaya niya itong ibinalita sa kanyang kasintahan na si John. Plano nila na magpakasal sa susunod na taon, ito ay isang pagkakataon upang makag ipon ng malaki. Ngunit hindi ito ikinasaya ni John, hindi niya matanggap na isang plumber ang kanyang mapapangasawa.

VI. Si Susan ay nagmula sa isang tradisyonal na pamilya. Bata pa lang siya ay ipinagkasundo na ng kanyang mga magulang na ikakasal siya sa isa sa mga anak na lalaki ng kaibigan nila. Kahit hindi niya gustong pakasalan ang lalaki, hindi niya magagawa na suwayin ang mga magulang.

Ano ang pangkahalatang mensahe ng mga sitwasyon na iyong binasa?

a. Tinatanggap nang lipunan ang kakayahan at karapatan ng mga kababaihan
b. Ang kakulangan sa kamalayan tungkol sa mga batas at hamon tungkol sa kasarian ay nagdudulot ng lipunang walang respeto at hindi pagkapantay pantay
c. Ang pagtaguyod sa karapatan ng bawat isa ay responsibilidad ng mga magulang
d. Ang pamahalaan ay hindi dapat nakikialam sa mga isyung pampamilya

M 10. Paano maitataguyod ang isang pamayanang may paggalang at respeto sa kapwa tungo sa pagkakapantay-pantay?

a. Pairalin pa rin ang mga tradisyonal na gender roles upang maiwasan ang mg alitan na bunga nito
b. Galangin ang mga kultura ng bawat lipunan
c. Huwag suwayin ang mga pangrelihiyon na mga paniniwala patungkol sa kasarian
d. Paigtingin ang kampnaya para sa gender equality upang magkaroon ng kamalayan sa batas at hamon sa kasarian

M 11. Paano maitataguyod ang isang pamayanang may paggalang at respeto sa kapwa tungo sa pagkakapantay-pantay?
   a. Pairalin pa rin ang mga tradisyonal na gender roles upang maiwasan ang mg alitan na bunga nito
   b. Galangin ang mga kultura ng bawat lipunan
   c. Huwag suwayin ang mga pangrelihiyon na mga paniniwala patungkol sa kasarian
   d. Paigtingin ang kampnaya para sa gender equality upang magkaroon ng kamalayan sa batas at hamon sa kasarian

T 12. Ayon sa World Economic Forum, inaasahang sa taong 2095 pa magkakaroon ng parehas at pantay na oportunidad sa karera ang mga kalalakihan at kababaihan. Bilang isang mamamayan na nagtataguyod sa pagkakaroon ng isang pamayanang may paggalang at respeto sa kapwa tungo sa pagkakapantay-pantay, ano ang iyong magagawa?
   a. Hintayin ang pagdating ng taong ito
   b. Maging aktibo sa mga adbokasiya para sa pagkamit ng pagkapanatay pantay sa lipunan
   c. Pag aralan ang mga gender issues
   d. Paghusayan ang mga kasanayan

A 13. Bilang tugon ng bansang Pilipinas sa pandaigdigang Convention on the Elimination of Discrimination and violence Against Women (CEDAW), ang kongreso ay nagpasa ng isang batas na pumoprotekta at kumikilala sa karapatan ng mga kababaihan na mas kilala bilang Magna Carta for Women. Anong Batas Pambansa ang tumutukoy sa parehong batas?
   a. Batas Pambansa Bilang 9262
   b. Batas Pambansa Bilang 9710
   c. Batas Pambansa Bilang 603
   d. Batas Pambansa Bilang 9170

A 14. Anong ahensiya sa ilalim ng Opisina ng Presidente ang nabigyan ng kapagnyarihan na maniguro na ang mga nakasaad sa RA 9710 ay naipapatupad?

a. National Commission on the Role of Filipino Women
b. National Commission on Indigenous People
c. National Commission on Budget
d. Philippine Commission on Women

A 15. Basahin ang isa sa mga probisyon ng RA 9710 na kilala rin bilang isa sa mga karaniwang tinatanong ukol sa nasabing batas. Mula sa sipi masasabi bang malawak ang sakop ng batas ng mga Pilipino ukol sa pagbibigay ng proteksiyon sa mga mamamayan nito?

How can Filipino women living abroad benefit from this law?
Statistics show that more and more Filipino women are migrating for overseas employment. In many places, women migrant workers have limited legal protections or access to information about their rights, rendering them vulnerable to gender-specific discrimination, exploitation and abuse. Section 37 of the Magna Carta of Women mandates the designation of a gender focal point in the consular section of Philippine embassies or consulates. The said officer who shall be trained on Gender and Development shall be primarily responsible in handling gender concerns of women migrant workers, especially those in distress. Other agencies (e.g. the Department of Labor and Employment and the Department of Social Welfare and Development) are also mandated to cooperate in strengthening the Philippine foreign posts' programs for the delivery of services to women migrant workers, consistent with the one-country team approach in Foreign Service. http://census.gov.ph/content/q-magna-carta-women-republic-act-no-9710

a. Oo, sapagkat ang pagkakaroon lamang ng ahensiya ng gobyerno at ng opisyal ng gobyerno na tututok sa Gender Development na makikita at magtatrabaho sa mga bansang may maraming Pilipinong trabahador/ residente ay isang patunay na ang pagbibigay ng proteksiyon sa mga kababaihan ay hindi lamang dito sa loob ng bansa.
b. Oo, sapagkat ang pagkilala sa karapatan ng mga kababaihan ay hindi lamang batas ng iilang bansa kundi ng lahat kaya ang karapatan nila ay dapatt protektahan kahit saan man sila
c. Oo, sapagkat ang mga batas ng Pilipinas ay kinikilala hindi lamang sa loob ng bansa kundi pati sa mga bansa kung saan may mga Pilipino
d. Oo, sapagkat ang batas ng Pilipinas ay kinikilala pati ng mga dayuhang gobyerno at mga mamamayan

A 16. Si Lina Langaw ay isang dalagang ina na sampung taon ng nagtatrabaho bilang sekretarya ni G. Mar Tello. Sa tagal ng kanilang pagsasama sa trabaho, nagkaroon sila ng relasyon at nagsama bilang mag-asawa sa loob ng apat na taon subalit dahil sa hindi magkasundo ang anak at ang kinakasama, nagdesisyon si Perla na hiwalayan na si Mar kahit labag ito sa loob nilang pareho. Dahilsa hiwalayan, naging aggresibo at bayolente si Mar hanggang sa punto sinasaktan niya ang mag-ina at pilit na tumitira sa bahay ni Perla kahit ayaw ng mag-ina. Sa ganitong sitwasyon, maaari bang gamitin ni Perla ang Batas Pambansa Blg. 9262 para maprotektahan ang seguridad niya at ng kanyang anak?

a. Hindi sapagkat labag naman sa kalooban niya na makipaghiwalay sa kanyang kinakasama dahil mahal pa rin niya ito.
b. Hindi dahil nagagawang saktan lamang ng lalaki ang mag-ina dahil sa pagmamahal niya sa mga ito
c. OO sapagkat ang pananakit at ang sapilitang pagtira ng lalaki sa bahay ng mag-ina ay nagdudulot na ng takot at ito ay maituturing na “Psychological Violence” na sakop ng RA 9262
d. OO sapagkat ang pananakit ay hindi tunay na pagpapakita ng pagmamahal at ito ay nakasaad sa RA 9262

M 17. Basahin ang sipi ng tula na pinamagatang “I Got Flowers Today”. Anong realisasyon para sa bawat mamamayan, ano man ang edad, propesyon, nasyonalidad, at paniniwala ang hindi naayon sa mensahe ng tulang ito?

I GOT FLOWERS TODAY

I GOT FLOWERS TODAY
IT WASN’T MY BIRTHDAY OR ANY OTHER DAY.
WE HAD OUR FIRST ARGUMENT LAST NIGHT
AND HE SAID A LOT OF CRUEL THINGS THAT REALLY HURT ME
I KNOW HE IS SORRY AND DIDN’T MEAN THE THINGS HE SAID
BECAUSE HE SENT ME FLOWERS TODAY.
I GOT FLOWERS TODAY
IT WASN’T OUR ANNIVERSARY OR ANY OTHER SPECIAL DAY
LAST NIGHT HE THREW ME INTO THE WALL AND STARTED TO CHOKE ME
IT SEEMED LIKE A NIGHTMARE I COULDN’T BELIEVE IT WAS REAL
I WOKE UP THIS MORNING SORE AND BRUISED ALL OVER
I KNOW HE MUST BE SORRY…BECAUSE HE SENT ME FLOWERS TODAY.
I GOT FLOWERS TODAY
AND IT WASN’T MOTHER’S DAY OR ANY SPECIAL DAY
LAST NIGHT HE BEAT ME UP AGAIN. AND IT WAS MUCH WORSE THAN ALL THE OTHER TIMES
IF I LEAVE HIM WHAT WILL I DO? HOW WILL I TAKE CARE OF MY KIDS? WHAT ABOUT MONEY?

I'M AFRAID OF HIM AND SCARED TO LEAVE.
BUT I KNOW HE MUST BE SORRY…BECAUSE HE SENT ME FLOWERS TODAY.
I GOT FLOWERS TODAY. TODAY WAS A VERY SPECIAL DAY. LAST NIGHT, HE FINALLY KILLED ME.
HE BEAT ME TO DEATH.

IF ONLY I HAVE GATHERED ENOUGH COURAGE AND STRENGTH TO LEAVE HIM.
I WOULD NOT HAVE GOTTEN FLOWERS TODAY.

a. Ang isyu ng karahasan ay problema ng lahat at hindi lamang ng iilan kung kaya dapat tayong makialam
b. Marami sa mga kababaihan ay hindi pa naklalagpas sa paniniwalang ang kanilang buhay ay nakadepende sa mga kalalakihan
c. Marami sa mga pamilya sa mundo ay may mga nanay na nagtitiis sa kalupitan ng kanilang mga asawa para mapanatiling buo ang kanilang pamilya
d. Ang katatagan ng pamilya ay nakabase sa katatagan ng nanay kung kaya nararapat lamang na siya ay magtiis anuman ang ginagawa sa kanya

M 18. Bigyang pansin ang panghuling linya ng tula, anong importanteng salik para sa pagputol sa "Cycle of Violence" ang binibigyan ng diin ng mensahe ng linyang ito?
a. Ang mga kababaihan ay dapat ng magising sa katotohanang ang pagtigil ng karahasan at diskriminasyon na kanilang nararanasan ay dapat nagsisimula sa kanilang sarili.
b. Kapag ang tao ay nalugmok na sa karahasan at diskriminasyon, nagiging parte na ito ng kanilang sistema kaya mahirap na itong tanggalin
c. Ang karahasan ay hindi mararanasan kung ang mga tao ay matututong lumaban
d. Ang mga nagmamalupit ay karaniwang nagiging mamamatay tao sapagkat ang kanilang biktima ay lagging namamatay

M 19. Narito ang mga probisyon ng VAWC (RA 9262), pag-aralan ito ng mabuti at bumuo ng ebalwasyon tungkol sa batas na ipinapairal ng bansang Pilipinas ukol sa mga kababaihan.
KINDS OF PROTECTION ORDER

1. BARANGAY PROTECTION ORDER (BPO) - issued by the Punong Barangay, or in his absence the Barangay Kagawad, ordering the

perpetrator to desist from causing or threatening to cause physical harm or bodily injury against the offended party. This is effective for 15 days.

2. TEMPORARY PROTECTION ORDER (TPO) - issued by the court on the date of filing of the application or in the course of the hearing and effective for 30 days.
3. PERMANENT PROTECTION ORDER (PPO) - issued by the court after notice and hearing and effective until revoked by the court upon application of the person in whose favor the order was issued.

WHO MAY FILE PETITION FOR PROTECTION ORDER

1. offended party
2. parents or guardian
3. ascendants, descendants and other relatives
4. Social Worker
5. Police Officer
6. Punong Barangay or kagawad
7. Lawyer, counselor or therapist
8. Two (2) concerned and responsible citizens

a. Ang isyu tungkol sa pagtigil sa karahasan laban sa mga kababaihan ay istrikto at maraming mga proseso na sinusunod
b. Ang batas pambansa bilang 9262 ay naglalayong buhayin sa puso ng lahat ng mamamayan ang kanilang responsibilidad na pangalagaan ang kanilang kapwa
c. Ang batas ay naniniguro na ang makakaalam lamang ng isyu ay ang mga taong may kinalaman sa pangyayari
d. Ang batas ay mula sa barangay hanggang sa Korte Suprema na nagpapakita ng pagsunod sa isang sistematikong proseso

M 20. Ang ina ang siyang tinaguriang ilaw ng tahanan, siya din ang nagsisilbing tagapangalaga hindi lamang ngkapakanan ng iisang miyembro kundi ng lahat ng miyembro ng pamilya. Marami sa mga tao ang naniniwala na ang buhay ay masaya kung ang ina ng tahanan ay masaya. Ika nga “Happy Wife, Happy Life”. Sa bigat ng responsibilidad na nakaatang sa balikat ng isang ina, kadalasanmas inuuna na niya ang kapakanan ng kanyang mga anak kaysa sa kanyang sarili hanggang sa punto na sila ay magtitiis sa kalupitan ng ilang mga ama para lamang hindi masira ika nga ang buhay ng kanilang mga anak. Makatwiran ba ang paniniwalang ito?

a. Hindi sapagkat ang kinabukasan ng mga anak ay hindi nakasalalay sa desisyong gagawin ng isang ina kundi sa kanilang sarili mismo
b. Hindi dahil ang mga batang lumalaki sa tahanang madalaskakitaan ng karahasan ay kalimitang lumalaki ring marahas *
c. OO sapagkat ang mga anak ay wala pang muwang na intindihin ang mga pangyayaring nagaganap sa kanilang paligid

d. OO dahil kapag hindi natutong magtiis ang isang ina tuluyang masisira ang kinabukasan ng kaniyang mga anak

T 21. Dumarami na ang mga naitatalang karahasan na nagaganap sa loob mismo ng paaralan, bilang kalihim ng DepED, anong panukala ang iyong ipapalabas upang masolusyunan ang isyu tungkol sa karahasan sa paaralan?

a. Panukala upang paigtingin ang papel ng PTA, Guro, Opisyales ng Barangay, Pulis, Media, at ng iba't-ibang institusyong panlipunan para bantayan ang seguridad ng mga mag-aaral sa loob at labas ng paaralan sa pamamagitan ng iba't-ibang mga programa at kampanya
b. Panukala upang maparami ang mga Pulis na nagbabantay sa paligid ng paaralan at pagkakaroon ng "Surprise Inspection Visits" sa lahat ng mga estudyante at personalidad na nasa paaralan
c. Panukala upang mapaigting ang gagawing pagbabantay ng mga opisyales ng barangay at ang pagsali sa kanila sa lahat ng mga programa sa paarlan upang masiguro ang seguridan ng mga bata
d. Panukala upang paigtingin ang pagsali sa lahat ng asignatura ng paksa tungkol sa pagiging alerto at pagbabantay sa sariling seguridad upang maging handa ang mga bata sa anumang maaaring mangyari sa kanila

T 22. Ikaw ay isang pintor na naitalaga bilang Ambassador of the Welfare and Protection of the Youth gamit ang sining, napansin mo na sa isang rehiyong CAR, malimit nasasali ang mga bata at kabataan sa bakbakan laban sa mga sundalo, small scale mining, child labor, child abuse at iba pang mga isyu. Nais mong palawigin ang iyong adbokasiya ukol sa pagtigil sa mga karahasan at isyung mga ito sa pamamagitan ng isang art exhibit ng iyong mga obra maestra. Nais mo ring gawing epektibo ang iyong gagawing exhibit kaya mag-aanyaya ka ng mga manonood at kalahok. Sinu-sino ang iyong aanyayahan na maaaring makagamit ng anilang maiipong kaalaman mula sa iyong art exhibit upang makamit ang iyong adhikain?

a. Mga Opisyal ng local na pamahalaan ng mga lugar na kasali sa rehiyong CAR kasama ng mga guro at mga propesor
b. Mga kabataang nakararanas ng nabanggit na mga karahasan at pang-aabuso katulong ang DSWD at lahat ng mga NGO na nagsusulong sa karapatan at pagpapabuti sa buhay ng mga bata at kabataan
c. Mga ina at ama na naglalagi sa mga tahanan sapagkat sila ang direktang nakakasalamuha ng mga bata kaya sila rin ang may kapangyarihan upang maisalba sila sa isyung kinakaharap nila
d. Kinatawan ng lahat ng sektor sa lipunan sapagkat ang lahat ay may magagawa upang mapalawak ang kaalaman ng mga bata at kabataan ukol sa isyung nabanggit. Ang isyu rin ay masyadong

malaki para matugunan lamang ng iilan, ito ay nangangailangan ng partisipasyon ng lahat